# MGA PANGUNGUSAP
# NG
# TAGAPANGULONG
# MAO TSETUNG

Unang Edisyon 1977

*Inilimbag sa Republikang Bayan ng Tsina*





# MGA NILALAMAN


1. Ang Partido Komunista 1
2. Mga Uri at Tunggalian ng mga Uri 10
3. Sosyalismo at Komunismo 27
4. Ang Wastong Paghawak ng mga Kontradiksiyon sa Hanay ng Sambayanan 54
5. Digmaan at Kapayapaan 69
6. Tigreng Papel ang Imperyalismo at ang Lahat ng Reaksiyonaryo 86
7. Mangahas Makibaka, Mangahas Magtagumpay 97
8. Digmaang Bayan 104
9. Ang Hukbong Bayan 118
10. Pamumuno ng mga Komite ng Partido 123

11. Linyang Pangmasa 139

12. Gawaing Pampulitika 157

13. Ugnayan ng Pinuno at Sundalo 174

14. Ugnayan ng Hukbo at Taumbayan 180

15. Demokrasya sa Tatlong Pangunahing Larangan 185

16. Edukasyon at Pagsasanay 194

17. Paglilingkod sa Sambayanan 200

18. Pagkamakabansa at Internasyonalismo 206

19. Rebolusyonaryong Kabayanihan 214

20. Pagtatayo ng Bansa sa Pamamagitan ng Kasipagan at Katipiran 220

21. Pag-asa sa Sarili at Puspusang Pagpupunyagi 229

22. Mga Paraan ng Pag-iisip at Paggawa 240

23. Pagsisiyasat at Pag-aaral 273

24. Pagwawasto ng mga Maling Kaisipan 282

25. Pagkakaisa 298

26. Disiplina 302
27. Pamumuna at Pagpuna-sa-sarili 307
28. Mga Komunista 319
29. Mga Kadre 329
30. Kabataan 343
31. Kababaihan 350
32. Kultura at Sining 356
33. Pag-aaral 362

# 1. ANG PARTIDO KOMUNISTA

Ang Partido Komunista ng Tsina ang puwersa sa kaibuturan na namumuno sa pagsulong ng ating ipinakikipaglaban. Ang Marxismo-Leninismo ang teoretikal na batayan na pumapatnubay sa ating kaisipan.

Pambungad na talumpati sa Unang Sesyon ng Unang Pambansang Kongresong Bayan ng Republikang Bayan ng Tsina (Setyembre 15, 1954).

Kung nais magrebolusyon, dapat magkaroon ng rebolusyonaryong partido. Kung walang rebolusyonaryong partido, kung walang partidong itinatag alinsunod sa rebolusyonaryong teoryang Marxista-Leninista at sa rebolusyonaryong estilong Marxista-

Leninista, imposibleng mapamunuan ang uring manggagawa at ang malawak na masa ng sambayanan sa paggapi sa imperyalismo at sa mga tuta nito.

"Mga Puwersang Rebolusyonaryo ng Buong Daigdig, Magkaisa at Labanan ang Pananalakay ng Imperyalismo!" (Nobyembre 1948), *Mga Piling Akda,* Tomo IV.

Kung wala ang pagpupunyagi ng Partido Komunista ng Tsina, kung wala ang mga Komunistang Tsino na siyang haligi ng sambayanang Tsino, hinding-hindi makapagsasarili at makalalaya ang Tsina at ni hindi rin maisasakatuparan ang industriyalisasyon at modernisasyon ng kanyang agrikultura.

"Hinggil sa Pamahalaang Koalisyon" (Abril 24, 1945), *Mga Piling Akda,* Tomo III.

Ang Partido Komunista ng Tsina ang kaibuturan ng pamunuan ng buong sam-

bayanang Tsino. Kung walang ganitong kaibuturan, hindi maipagtatagumpay ang ipinakikipaglaban ng sosyalismo.

Talumpati sa pagtanggap sa lahat ng delegado sa Ikatlong Pambansang Kongreso ng Liga ng Bagong Demokratikong Kabataan ng Tsina (Mayo 25, 1957).

Isang disiplinadong Partido na nasasandatahan ng teorya ng Marxismo-Leninismo at gumagamit ng paraan ng pagpuna-sa-sarili at nakaugnay sa masa ng sambayanan; isang hukbong pinamumunuan ng ganitong Partido; isang nagkakaisang prente ng lahat ng rebolusyonaryong uri at lahat ng rebolusyonaryong pangkat na nasa pamumuno ng ganitong Partido — ito ang tatlong pangunahing sandatang ipinanggapi natin sa kaaway.

"Hinggil sa Diktadurang Makademokrasyang Bayan" (Hunyo 30, 1949), *Mga Piling Akda,* Tomo IV.

Dapat tayong magtiwala sa masa at dapat tayong magtiwala sa Partido. Dalawa itong pundamental na simulain na kung ating pag-aalinlanganan ay wala tayong mararating.

*Hinggil sa Suliranin ng Pagsasakooperatiba ng Agrikultura* (Hulyo 31, 1955).

Bagong estilo-ng-paggawa ang idinulot sa sambayanang Tsino ng Partido Komunista ng Tsina na nasasandatahan ng teorya at ideolohiyang Marxista-Leninista, estilo-ng-paggawa na pangunahin nang binubuo ng pagsasanib ng teorya at praktika, ng mahigpit na pakikipag-ugnayan sa masa, at ng pagpuna-sa-sarili.

"Hinggil sa Pamahalaang Koalisyon" (Abril 24, 1945), *Mga Piling Akda*, Tomo III.

Walang partidong pampulitika na makapamumuno sa isang dakilang kilusang rebolusyonaryo tungo sa tagumpay kung wala

iyong rebolusyonaryong teorya, kung hindi niyon alam ang kasaysayan at kung hindi malalim ang pagkaunawa niyon sa tunay na kilusan.

"Ang Katayuan ng Partido Komunista ng Tsina sa Pambansang Digmaan" (Oktubre 1938), *Mga Piling Akda,* Tomo II.

Tulad ng nasabi na natin, "malaganap na kilusan sa edukasyong Marxista" ang kilusan ng pagtutuwid. Ang pagtutuwid ay nangangahulugang pag-aaralan ng buong Partido ang Marxismo sa pamamagitan ng pamumuna at pagpuna-sa-sarili. Tiyak na marami pa tayong matututuhan sa Marxismo sa takbo ng kilusan ng pagtutuwid.

*Talumpati sa Pambansang Komperensiya ng Partido Komunista ng Tsina Tungkol sa Gawaing Pampropaganda* (Marso 12, 1957).

Napakabigat na tungkulin ang tiyaking magkaroon ng mas mabuting buhay ang

daan-daang milyong mamamayan ng Tsina at ang pagtayuan ng masagana at makapangyarihang bansang may mataas na antas ng kultura ang bansang atrasado sa ekonomiya at kultura. Kaya nga ba kinakailangan nating magsagawa ng mga kilusan ng pagtutuwid, ngayon at sa hinaharap man, at kinakailangan nating iwaksing lagi ang anumang kamalian upang maisabalikat nang lalong mahusay ang tungkuling ito at upang makapagtrabaho nang lalong mabuti kasama ang lahat ng di-kasapi ng Partido na may mga dakilang mithiin at handang gumawa ng mga pagbabago.

*Ibid.*

Patakaran ang pinagsisimulan ng lahat ng ikinikilos sa praktika ng rebolusyonaryong partido; makikita ito sa kilos mismo ng partido at sa kinahahantungan ng kilos na iyon. May patakarang isinasagawa ang isang rebolusyonaryong partido sa tuwing kumikilos. Kung hindi wasto ang patakarang isinasagawa nito ay wala nang iba kundi maling patakaran; kung hindi mulat ang isipan nito sa pagsasagawa ng isang

patakaran, kumikilos ito nang pikit-mata. Ang proseso at ang kinahahantungan ng isinasakatuparang patakaran ang tinatawag nating karanasan. Tanging sa praktika lamang ng sambayanan, ibig sabihi'y sa pamamagitan lamang ng karanasan, mapatutunayan kung wasto o mali ang isang patakaran at malalaman kung gaano iyon kawasto o kamali. Ngunit hindi maaaring di kabigkis ng isa o iba pang patakaran ang praktika ng mga tao lalo na ang praktika ng rebolusyonaryong partido at ng rebolusyonaryong masa. Samakatwid, bago gumawa ng anumang aksiyon, dapat nating ipaliwanag sa mga kasapi ng Partido at sa masa ang patakarang binalangkas natin alinsunod sa kalagayan. Kung hindi ganito ang gagawin natin, ang mga kasapi ng Partido at ang masa ay málalayô sa patnubay ng ating patakaran, kikilos na parang nabubulagan at magsasakatuparan ng maling patakaran.

"Hinggil sa Patakaran sa Industriya at Komersiyo" (Pebrero 27, 1948), *Mga Piling Akda,* Tomo IV.

Naitakda na ng ating Partido ang pangkalahatang linya at pangkalahatang patakaran ng rebolusyong Tsino, nagtakda na rin ito ng iba't ibang espesipikong linya para sa mga gawain pati na ng mga espesipikong patakaran. Gayunman, kahit natatandaan ng marami sa ating kasama ang mga espesipikong linya para sa mga gawain at ang mga espesipikong patakaran ng ating Partido, malimit naman nilang malimutan ang pangkalahatang linya at pangkalahatang patakaran nito. Kung makalimutan na nga nating talaga ang pangkalahatang linya at pangkalahatang patakaran ng Partido, tayo'y magiging mga rebolusyonaryong bulag, hilaw at tuliro, na kapag nagsagawa na ng espesipikong linya para sa gawain at ng espesipikong patakaran ay malilito na't magpapabaling-baling sa kaliwa't kanan, mapipinsala tuloy ang ating trabaho.

"Talumpati sa Isang Komperensiya ng mga Kadre sa Pinalayang Purok ng Shansi-Suiyuan" (Abril 1, 1948), *Mga Piling Akda*, Tomo IV.

Ang patakaran at taktika ang buhay ng Partido; kailangang pag-ukulan iyon ng buong pansin ng mga namumunong kasama sa lahat ng antas at sa anu't ano ma'y hinding-hindi sila dapat magpabaya.

"Sirkular Tungkol sa Sitwasyon" (Marso 20, 1948), *Mga Piling Akda,* Tomo IV.

## 2. MGA URI AT TUNGGALIAN NG MGA URI

Nagtutunggalian ang mga uri, may mga uring nagtatagumpay at may mga uring napupuksa. Ganito ang kasaysayan, ganito ang kasaysayan ng sibilisasyon sa loob ng libu-libong taóng nagdaan. Ang pagpapaliwanag ng kasaysayan sa ganitong pananaw ang tinatawag na pangkasaysayang materyalismo; kasalungat ng ganitong pananaw ang pangkasaysayang idealismo.

"Iwaksi ang mga Ilusyon, Humanda sa Pakikibaka" (Agosto 14, 1949), *Mga Piling Akda*, Tomo IV.

Sa lipunang may mga uri, ang bawat isa ay nabubuhay na kasapi ng isang partikular

na uri, at walang salang ang lahat ng pag-isip ay may tatak ng uri.

"Hinggil sa Praktika" (Hulyo 1937), *Mga Piling Akda*, Tomo I.

Ang pag-unlad ng mga panloob na kontradiksiyon sa lipunan ang pangunahing dahilan ng mga pagbabago sa lipunan, ibig sabihi'y ang kontradiksiyon ng mga puwersa sa produksiyon at mga ugnayan sa produksiyon, ang kontradiksiyon ng mga uri, at ang kontradiksiyon ng luma at bago. Ang pag-unlad ng mga kontradiksiyong ito ang nagpapasulong sa lipunan at nagtutulak upang ang lumang lipunan ay mahalinhan ng bago.

"Hinggil sa Kontradiksiyon" (Agosto 1937), *Mga Piling Akda*, Tomo I.

Ang malupit na pagsasamantalang pang-ekonomiya at pang-aaping pampulitika ng

uring panginoong-maylupa sa mga magsasaka ang nag-udyok sa kanila na mag-alsa nang maraming ulit laban sa paghahari nito. . . . Ang mga pakikitunggaling makauri ng mga magsasaka, ang mga pag-aalsa ng mga magsasaka at ang mga pakikidigma ng mga magsasaka ang tunay na puwersang kumilos sa ikasusulong ng kasaysayan ng piyudal na lipunang Tsino.

"Ang Rebolusyong Tsino at ang Partido Komunista ng Tsina" (Disyembre 1939), *Mga Piling Akda,* Tomo II.

Kung tutuusin, suliranin ng tunggalian ng mga uri ang pakikibakang pangnasyonalidad. Sa mga puti sa Estados Unidos, ang mga naghaharing reaksiyonaryong pangkat lamang ang nang-aapi sa mga taumbayang itim. Hinding-hindi nila maaaring katawanin ang mga manggagawa, mga magbubukid, mga rebolusyonaryong intelektuwal

at iba pang mulat na taong siyang lubos na nakararami sa mga taumbayang puti.

"Pahayag ng Pagkatig sa mga Apro-Amerikano sa Kanilang Makatarungang Pakikibaka sa Makalahing Diskriminasyon ng Imperyalismong Amerikano" (Agosto 8, 1963), *Sambayanan ng Daigdig, Magkaisa at Gapiin ang mga Mananalakay na Amerikano at ang Lahat ng Alipuris Nila.*

Nakasalalay sa atin ang pag-oorganisa sa sambayanan. Nakasalalay sa atin ang pag-oorganisa sa sambayanan upang ibagsak ang mga reaksiyonaryo sa Tsina. Anumang reaksiyonaryo ay pare-pareho, kapag hindi sinapok, hindi mababagok. Para rin itong nagwawalis ng sahig: kadalasan, sa hindi maabot na sulok, hindi naglalahong kusa ang alikabok.

"Ang Kalagayan at ang Ating Patakaran Pagkapagtagumpay sa Digmaang Pagtatanggol Laban sa Hapon" (Agosto 13, 1945), *Mga Piling Akda,* Tomo IV.

Hindi kusang napupuksa ang kaaway. Ang mga reaksiyonaryong Tsino man at ang mga puwersang panalakay ng imperyalismong Amerikano sa Tsina ay hindi kusang bábabâ sa tanghalan ng kasaysayan.

"Ipagpatuloy ang Rebolusyon Hanggang Wakas" (Disyembre 30, 1948), *Mga Piling Akda,* Tomo IV.

Ang rebolusyon ay hindi isang piging, ni pagsulat ng sanaysay, ni pagguhit ng larawan o kahit pa pagbuburda; hindi ito gayon kabini, gayon kahinay o kahinhin; hindi ito ang sinasabing malumay, mabait, magalang, mapagtimpi at mapagbigay. Ang rebolusyon ay pagbabangon, isang hakbanging marahas na ginagamit ng isang uri upang ibagsak ang isa pang uri.

"Ulat Hinggil sa Pagsisiyasat sa Kilusang Magsasaka sa Hunan" (Marso 1927), *Mga Piling Akda,* Tomo I.

Pinagpupumilitang lagi ni Chiang Kai-shek na agawin sa sambayanan ultimo kaliit-liitang kapangyarihan at ultimo kaliit-liitang kapakinabangan. At tayo naman? Patakaran nating labanan siya nang ngipin-sa-ngipin at ipaglaban ang bawat dangkal ng lupain. Kung ano ang paraan niya, siyang ikilos natin. Lagi niyang tinatangkang dig-main ang sambayanan, tabak ang hawak ng kaliwang kamay, tabak pa rin ang sa kanan. Humawak din nga tayo ng tabak gaya ng kanyang ginagawa. . . . Dahil inihahasa ngayon ni Chiang Kai-shek ang kanyang tabak, ihasa rin natin ang sa atin.

"Ang Kalagayan at ang Ating Patakaran Pagkapagtagumpay sa Digmaang Pagtatanggol Laban sa Hapon" (Agosto 13, 1945), *Mga Piling Akda,* Tomo IV.

Sinu-sino ang ating kaaway? Sinu-sino ang ating kaibigan? Katanungan itong may pangunahing kahalagahan sa rebolusyon. Kay-unti ng natamo ng nangakaraang rebolusyonaryong pakikibaka sa Tsina dahil

sa pangunahin na'y hindi nila nagawang makipagkaisa sa mga tunay na kaibigan upang bigyang-dagok ang mga tunay na kaaway. Ang rebolusyonaryong partido ang patnubay ng masa at walang rebolusyong magtatagumpay kung ililigaw ng rebolusyonaryong partido. Upang matiyak ang tagumpay ng ating rebolusyon at upang matiyak na ang masa'y hindi natin ililigaw, dapat nating bigyang-pansin ang pakikipagkaisa sa mga tunay nating kaibigan upang bigyang-dagok ang mga tunay na kaaway. Upang makilala ang mga tunay na kaibigan at mga tunay na kaaway, dapat nating suriin sa kalahatan ang mga katayuang pang-ekonomiya ng iba't ibang uri sa lipunang Tsino at ang kani-kanilang saloobin sa rebolusyon.

"Pagsusuri ng mga Uri sa Lipunang Tsino" (Marso 1926), *Mga Piling Akda*, Tomo I.

**Kaaway** natin ang lahat ng kasapakat ng imperyalismo — ang mga panginoong-mili-

tar, mga burukrata, ang uring komprador, ang uri ng malalaking asendero at ang reaksiyonaryong bahagi ng mga intelektuwal na kakabit nila. Ang proletaryadong industriyal ang namumunong puwersa sa ating rebolusyon. Ang buong mala-proletaryado at petiburgesya ang pinakamatatalik nating kaibigan. Tungkol naman sa nag-uurong-sulong na panggitnang burgesya, maaari nating makaaway ang kanang panig niyon at makaibigan ang kaliwang panig — gayunpama'y dapat tayong laging maging handa at huwag natin iyong tulutang makapanggulo sa ating hanay.

*Ibid.*

Rebolusyonaryo ang sinumang pumapanig sa rebolusyonaryong sambayanan at kontrarebolusyonaryo naman ang sinumang pumapanig sa imperyalismo, piyudalismo at burukratang kapitalismo. Ang sinumang pumapanig sa rebolusyonaryong sambayanan sa salita lamang at hindi sa gawa ay rebolusyonaryo sa salita samantalang ang

sinumang pumapanig sa rebolusyonaryong sambayanan hindi lamang sa salita kundi pati na sa gawa ay ganap na rebolusyonaryo nga.

Talumpating panapos sa Ikalawang Sesyon ng Unang Pambansang Komite ng Kapulungan ng Sangguniang Pampulitika ng Sambayanang Tsino (Hunyo 23, 1950).

Sa palagay ko, kung tayo ang tatanungin, masama na kung hindi kinakalaban ng kaaway ang isang tao, isang partido, isang hukbo, o maging isang paaralan, dahil ibig sabihin niya'y naging kasinsama na tayo ng kaaway. Kung kalabanin tayo ng kaaway, e di magaling; patunay iyong malinaw na nating napag-iba ang sarili sa kanya. At mas lalo pa ngang magaling kung buong kabangisan niya tayong kalabanin at ilarawang sukdulan na ng kabulukan at wala isa mang kabutihan; pagpapakita iyong hindi lamang sa malinaw na nating naipakita ang

kaibhan natin sa kanya kundi malaki na rin pati ang nagawa natin.

*Ang Kalabanin ng Kaaway ay Hindi Masama Bagkus ay Mabuti pa nga* (Mayo 26, 1939).

Dapat nating katigan ang lahat ng kinakalaban ng kaaway at kalabanin ang lahat niyang kinakatigan.

"Sa Pakikipanayam ng Tatlong Koresponsal Mula sa Sentral na Ahensiya sa Pagbabalita, sa *Sao Tang Pao* at sa *Hsin Min Pao*" (Setyembre 16, 1939), *Mga Piling Akda*, Tomo II.

Ang paninindigan ng proletaryado at ng masa ang ating paninindigan. Sa mga kasapi ng Partido Komunista, nangangahulugan ito ng pagpanig sa paninindigan ng Partido, sa diwang pam-Partido at sa patakaran ng Partido.

"Mga Talumpati sa Palitang-Kuro sa Yenan Hinggil sa Panitikan at Sining" (Mayo 1942), *Mga Piling Akda*, Tomo III.

Pagkalipol ng mga kaaway na may baril, may malalabi pang mga kaaway na walang baril na tiyak na magpapakadesperadong labanan tayo; hindi natin dapat ipagwalang-bahala ang mga kaaway na ito. Kung hindi sa ganitong paraan natin ilalahad at uunawain ngayon ang suliranin, makagagawa tayo ng napakalulubhang pagkakamali.

"Ulat sa Ikalawang Sesyong Plenaryo ng Ikapitong Komite Sentral ng Partido Komunista ng Tsina" (Marso 5, 1949), *Mga Piling Akda*, Tomo IV.

Tiyak na hindi matatanggap nang gayun-gayon lamang ng mga imperyalista at ng mga reaksiyonaryo sa loob ng bansa ang kanilang pagkatalo; hanggang sa kahuli-hulihang sandali'y papalag pa rin sila at papalag. Kahit dumating na ang kapayapaa't kaayusan sa buong bansa, mananabotahe pa rin sila at manggugulo sa kung anu-anong paraan; tatangkain nila araw-araw at oras-oras na makapanumbalik. Tiyak na tiyak na ito, walang-wala nang

alinlangan; hinding-hindi tayo dapat magluwag sa ating pagmamatyag.

> Pambungad na talumpati sa Unang Sesyong Plenaryo ng Kapulungan ng Sangguniang Pampulitika ng Sambayanang Tsino (Setyembre 21, 1949).

Sa Tsina, bagamat nakompleto na sa saligan ang transpormasyong sosyalista sa sistema ng pagmamay-ari, at bagamat nagwakas na sa saligan ang malawakan at dumadaluyong na makauring pakikitunggali ng masa na katangian ng nangakaraang rebolusyonaryong panahon, mayroon pa ring labí ng mga naibagsak nang uring panginoong-maylupa at uring komprador, mayroon pa ring burgesya, at ngayon-ngayon pa lamang nagbabago ang petiburgesya. Hindi pa natatapos ang tunggalian ng mga uri. Magtatagal, magpapasikut-sikot at kung minsan pa nga ay magpapakaigting-igting ang makauring tunggalian ng proletaryado at ng burgesya, ang makauring tunggalian ng iba't ibang puwersang pampulitika at ang makauring tunggalian ng proletaryado at

burgesya sa larangan ng ideolohiya. Nais ng proletaryado na baguhin ang daigdig ayon sa sarili nitong pananaw-sa-daigdig, at iyon din naman ang nais ng burgesya. Tungkol dito, hindi pa talagang nalulutas ang suliranin kung alin ang magwawagi, ang sosyalismo o ang kapitalismo.

*Hinggil sa Wastong Paghawak ng mga Kontradiksiyon sa Hanay ng Sambayanan* (Pebrero 27, 1957).

Matagal-tagal pang panahon ang kakailanganin bago mapagpasiyahan ang isyu sa tunggaliang pang-ideolohiya ng sosyalismo at kapitalismo sa ating bansa. Ang dahila'y matagal pang panahong mananatili sa ating bansa ang impluwensiya ng burgesya at ng mga intelektuwal na nagbuhat sa lumang lipunan, pati na ang ideolohiya ng kanilang uri. Kapag hindi ito uunawaing husto, o kapag hindi uunawain man lang, makagagawa ng napakalalaking kamalian at mapapabayaan na ang pangangailangang makibaka sa larangan ng ideolohiya.

*Ibid.*

Sa ating bansa, matagal na panahon pang iiral ang ideolohiyang burges at petiburges, ang ideolohiyang anti-Marxista. Sa saligan ay naitatag na sa ating bansa ang sistemang sosyalista. Natamo na natin ang saligang tagumpay sa transpormasyon ng pagmamay-ari ng gamit sa produksiyon ngunit hindi pa tayo ganap na nagtatagumpay sa larangan ng pulitika at ideolohiya. Sa larangan ng ideolohiya ay hindi pa talagang nalulutas ang suliranin kung sino ang magtatagumpay sa tunggalian ng proletaryado at burgesya. Kinakailangan pa nating makitunggali nang matagalan sa ideolohiyang burges at petiburges. Isang pagkakamali kung hindi uunawain ang kalagayang ito at kung tatalikdan na ang tunggalian sa ideolohiya. Dapat iwaksi ang lahat ng maling kaisipan, lahat ng masasamang damo, lahat ng halimaw at multo; anuman ang mangyari'y hindi dapat bigyan ng layang makalaganap ang mga ito.

Gayunman, dapat maging ganap na makatwiran, mapanuri at kapani-paniwala ang pagpuna, hindi magaspang, burukratiko, metapisiko o dogmatiko.

*Talumpati sa Pambansang Komperensiya ng Partido Komunista ng Tsina Tungkol sa Gawaing Pampropaganda* (Marso 12, 1957).

Parehong salungat sa Marxismo ang dogmatismo at rebisyonismo. Tiyak na susulong ang Marxismo, tiyak na uunlad kaagapay ng pag-unlad ng praktika at tiyak na hindi mananatili na lamang sa rati. Mawawalan ito ng buhay kung mamamalagi na lamang ganoon at magiging de-kahon. Subalit hindi dapat labagin kailanman ang mga saligang simulain ng Marxismo at kung sakali ay may mga pagkakamaling magagawa. Dogmatismo ang tingnan ang Marxismo mula sa pananaw na metapisiko at ang ituring itong tuod na matigas. Rebisyonismo ang itakwil ang mga saligang simulain ng Marxismo sampu ng unibersal na katotohanan nito. Ang rebisyonismo ay isang klase ng ideo-

lohiyang burges. Hindi kinikilala ng mga rebisyonista ang pagkakaiba ng sosyalismo at kapitalismo, ng diktadura ng proletaryado at diktadura ng burgesya. Ang itinataguyod nila, sa katunayan, ay hindi ang linyang sosyalista kundi ang linyang kapitalista. Sa kalagayan sa ngayon, higit na mapaminsala ang rebisyonismo kaysa dogmatismo. Ang isa sa mahahalagang tungkulin natin sa kasalukuyan sa larangan ng ideolohiya ay ang punahin ang rebisyonismo.

*Ibid.*

Ang rebisyonismo o maka-Kanang oportunismo ay burges na takbo-ng-isip na lalong higit na mapanganib kaysa dogmatismo. Mga papuri sa Marxismo ang namumutawi sa labì ng mga rebisyonista, ng mga maka-Kanang oportunista, at kanila ring tinutuligsa ang "dogmatismo". Subalit ang kaugat-ugatan ng Marxismo ang tunay nilang tinutuligsa. Kinakalaban nila o kaya'y binabaluktot ang materyalismo at ang diyalektika; kinakalaban nila o kaya'y tinatangkang pa-

hinain ang diktadurang makademokrasyang bayan at ang pamumuno ng Partido Komunista; kinakalaban nila o kaya'y tinatangkang pahinain ang transpormasyong sosyalista at konstruksiyong sosyalista. Pagkaraang makamit ang saligang tagumpay sa rebolusyong sosyalista ng ating bansa ay may mga tao pa ring nangangarap na mapanumbalik ang sistemang kapitalista; kinakabaka ng mga taong ito ang uring manggagawa sa lahat ng larangan pati na sa ideolohiya. At sa pakikibakang ito, ang mga rebisyonista ang mga kanang-kamay nila.

*Hinggil sa Wastong Paghawak ng mga Kontradiksiyon sa Hanay ng Sambayanan* (Pebrero 27, 1957).

# 3. SOSYALISMO AT KOMUNISMO

Ang Komunismo ay kompletong ideolohiya ng proletaryado at kasabay niyo'y isa ring bagong sistemang panlipunan. Iba ito sa alin pa mang ideolohiya at sistemang panlipunan, at sa kasaysayan ng sangkatauhan ay siyang pinakakompleto, pinakaprogresibo, pinakarebolusyonaryo at pinakamakatwiran. Ang ideolohiya at sistemang panlipunan ng piyudalismo ay pangmuseo na lamang ng kasaysayan. Naging pangmuseo na lamang rin sa isang bahagi ng daigdig (sa Unyong Sobyet) ang ideolohiya at sistemang panlipunan ng kapitalismo, habang sa ibang bansa'y napipinto nang mapasok sa museo at wala nang iniwan sa "palubog na araw sa kanlurang bundok, naghihingalo na't sadyang nauupos; buhay ng 'sang taong sa peligro'y balot, di na makatiyak kung kay'lan aabot". Ang ideolohiya at panlipu-

nang sistema ng komunismo lamang ang lipos ng sigla ng kabataan, rumaragasa sa daigdig taglay ang lakas na makaguhong-bundok at ang talim ng kidlat at dagundong ng kulog.

"Hinggil sa Bagong Demokrasya" (Enero 1940), *Mga Piling Akda*, Tomo II.

Pasasaan ba't papalitan ng sistemang sosyalista ang sistemang kapitalista; obhetibong batas ito na hiwalay sa kagustuhan ng tao. Gaano man pakatangkain ng mga reaksiyonaryo na pigilin ang gulong ng kasaysayan, sa malao't madali'y magaganap ang rebolusyon at walang salang magtatagumpay.

"Talumpati sa Pulong ng Kataas-taasang Sobyet ng U.S.S.R. sa Pagdiriwang ng Ika-40 Anibersaryo ng Dakilang Sosyalistang Rebolusyong Oktubre" (Nobyembre 6, 1957).

Tayong mga Komunista, hindi kailanman natin inililihim ang mga paninindigan nating pampulitika. Tiyak at walang alinlangang ang plataporma natin sa hinaharap o ang plataporma nating pinakamataas ay ang isulong ang Tsina sa sosyalismo at komunismo. Maliwanag na ang tinutumbok ng pangalan ng ating Partido at ng ating Marxistang pananaw-sa-daigdig ay ang pinakalulungga-lunggating ito, isang hinaharap na walang katulad sa ningning at kariktan.

"Hinggil sa Pamahalaang Koalisyon" (Abril 24, 1945), *Mga Piling Akda*, Tomo III.

Sa kabuuan, dalawang yugto ang sinasaklaw ng rebolusyonaryong kilusang Tsino na pinamumunuan ng Partido Komunista, ibig sabihi'y ang rebolusyong demokratiko at ang rebolusyong sosyalista, dalawang rebolusyonaryong prosesong magkaiba sa esensiya na kapag nakompleto na lamang ang una ay saka makatutuloy sa pangalawa. Ang rebolusyong demokratiko ang kinakai-

langang paghahanda sa rebolusyong sosyalista at ang rebolusyong sosyalista ang dimaiiwasang patutunguhan ng rebolusyong demokratiko. Ang pagtatatag ng lipunang sosyalista at komunista ang pangwakas na mithiing pinagsusumikapan ng lahat ng Komunista.

"Ang Rebolusyong Tsino at ang Partido Komunista ng Tsina" (Disyembre 1939), *Mga Piling Akda,* Tomo II.

Layunin ng sosyalistang rebolusyon na palayain ang mga puwersa sa produksiyon. Ang transpormasyon ng pagmamay-aring indibidwal sa pagmamay-aring sosyalista't kolektibo sa larangan ng agrikultura't gawaing artesano at ang transpormasyon ng pagmamay-aring kapitalista sa pagmamay-aring sosyalista sa larangan ng industriya't komersiyong pribado ay tiyak na makapagpapalaya nang puspusan sa mga puwersa sa produksiyon. Sa gayon malilikha ang mga kondisyong panlipunan para sa napakala-

king pag-unlad ng produksiyong industriyal at agrikultural.

Talumpati sa Kataas-taasang Kapulungan ng Estado (Enero 25, 1956).

Ang isinasagawa natin ngayon ay hindi lamang transpormasyon ng pagmamay-aring pribado sa pagmamay-aring publiko na isang rebolusyon sa sistemang panlipunan, kundi pati na transpormasyon ng gawaing artesano sa malakihang produksiyong gumagamit ng mga makabagong makinarya na isang rebolusyon sa teknolohiya. Magkaugnay ang dalawang rebolusyong ito. Sa agrikultura, dahil sa kalagayang umiiral sa ating bansa, dapat mauna ang pagsasakooperatiba kaysa paggamit ng malalaking makinarya (sa mga bansang kapitalista, sa paraang kapitalista umuunlad ang agrikultura). Samakatwid, hinding-hindi natin dapat ipalagay na magkahiwalay at di-magkaugnay ang industriya't agrikultura at ang industriyalisasyong sosyalista't transpormasyong sosya-

lista sa agrikultura; ni hinding-hindi rin natin dapat bigyang-diin ang isa at ang kabila nama'y bawasan ng pagpapahalaga.

*Hinggil sa Suliranin ng Pagsasakooperatiba ng Agrikultura* (Hulyo 31, 1955).

Katatayo pa lamang ng bagong sistemang panlipunan at nangangailangan pa ng panahon para iyon mapatatag. Hindi dapat ipalagay na pagkatayung-pagkatayo pa lamang ay mapatatatag nang ganap ang bagong sistema, sapagkat sadyang imposible ang gayon. Bai-baitang na pagpapatatag ang kailangan. Upang mapatatag ito nang tuluyan, kailangang tupdin ang sosyalistang industriyalisasyon ng bansa, pagpunyagian ang sosyalistang rebolusyon sa larangan ng ekonomiya, at sa larangan naman ng pulitika at ideolohiya'y puspusang magpatuloy nang walang humpay sa rebolusyonaryong pakikibakang sosyalista at sa edukasyong sosyalista. Bukod dito, kailangan din ang iba't

ibang nakatutulong na kondisyong pandaigdig.

*Talumpati sa Pambansang Komperensiya ng Partido Komunista ng Tsina Tungkol sa Gawaing Pampropaganda* (Marso 12, 1957).

Sa Tsina, napakahaba pang panahon sa kasaysayan ang pakikitunggali para mapatatag ang sistemang sosyalista, ang pakikitunggali para mapagpasiyahan kung sosyalismo nga o kapitalismo ang magtatagumpay. Ngunit dapat na mabatid nating lahat na walang salang mapatatatag ang bagong sistemang sosyalista. Tiyak nang makapagtatayo tayo ng sosyalistang estado na may makabagong industriya, makabagong agrikultura, at makabagong siyensiya at kultura.

*Ibid.*

Kaunting-kaunti lamang ang mga intelektuwal na may galit sa ating estado. Suya sila sa estado natin ng diktadura ng proletaryado

at hinahanap-hanap nila ang lumang lipunan. Tuwing may pagkakataon ay mangguugulo sila at tatangkain nilang ibagsak ang Partido Komunista't papanumbalikin ang lumang Tsina. Kung pamimiliin sa landas na proletaryo o landas na burges, sa landas na sosyalista o landas na kapitalista, sa huli sila magmamatigas. Sa katunaya'y imposible ang landas na iyon, at samakatwid, ang totoo'y handa silang sumuko sa imperyalismo, piyudalismo at burukratang kapitalismo. Ang ganitong mga tao'y pagkarea-reaksiyonaryo at matatagpuan sa mga sirkulong pampulitika at sa mga sirkulong pang-industriya't pangkomersiyo, pangkultura't pang-edukasyon, pansiyensiya't panteknolohiya, at panrelihiyon.

*Ibid.*

Malubhang suliranin ang pag-eeduka sa mga magsasaka. Kalat-kalat ang ekonomiyang magsasaka, at batay sa karanasan ng Unyong Sobyet, mahabang panahon at masikhay na paggawa ang kailangan para masos-

yalisa ang agrikultura. Kung walang sosyalisasyon ng agrikultura, walang sosyalismong ganap at matatag.

"Hinggil sa Diktadurang Makademokrasyang Bayan" (Hunyo 30, 1949), *Mga Piling Akda,* Tomo IV.

Dapat tayong manalig na: una, ang masang magsasaka ay handang sumulong nang bai-baitang sa landas ng sosyalismo sa pamumuno ng Partido; at ikalawa, kayang pamunuan ng Partido ang mga magsasaka sa landas na ito. Ang dalawang puntong ito ang pinakabuod at ang pinakapangunahing aspekto ng mga bagay-bagay.

*Hinggil sa Suliranin ng Pagsasakooperatiba ng Agrikultura* (Hulyo 31, 1955).

Kailangang papangibabawing-posisyon ng mga namumunong organo ng mga kooperatiba ang mararalitang magsasaka at mga bagong nakababababang panggitnang mag-

sasaka sa naturang mga organo habang nagsisilbing suplementaryong puwersa ang mga dating nakababababang panggitnang magsasaka at ang mga bago man o dati nang nakatataas na panggitnang magsasaka. Sa ganitong paraan lamang mapagkakaisa ang mararalita at panggitnang magsasaka, mapatatatag ang mga kooperatiba, mapauunlad ang produksiyon at maisasagawa nang tumpak ang transpormasyong sosyalista ng buong kanayunan alinsunod sa patakaran ng Partido. Kung hindi ganito, hindi mapagkakaisa ang mga panggitna at mararalitang magsasaka, hindi mapatatatag ang mga kooperatiba, hindi mapatataas ang produksiyon at hindi maisasakatuparan ang sosyalistang transpormasyon ng buong kanayunan.

Pambungad sa "Kung Paano Nailipat sa Mararalitang Magsasaka Mula sa mga Panggitnang Magsasaka ang Kontrol sa Kooperatibang Wutang ng Baryo Kaoshan, Changsha" (1955), *Pagsukdol ng Sosyalismo sa Kanayunan ng Tsina,* Tomo 2.

Mahalagang makipagkaisa sa mga panggitnang magsasaka, pagkakamali ang hindi makipagkaisa sa kanila. Pero sa kanayunan, kanino dapat magtiwala ang uring manggagawa at ang Partido Komunista para makabuklod ang mga panggitnang magsasaka at maisakatuparan ang sosyalistang transpormasyon ng buong kanayunan? Mangyari pa'y sa mararalitang magsasaka at wala nang iba. Ito ang nangyari noong kinakabaka ang mga panginoong-maylupa at isinasagawa ang reporma sa lupa, at ito rin ang nangyayari ngayong kinakabaka ang mayayamang magsasaka at ang iba pang elementong kapitalista upang maisakatuparan nga ang sosyalistang transpormasyon ng agrikultura. Ang mga panggitnang magsasaka ay urong-sulong pa muna sa simula ng dalawang rebolusyonaryong yugtong tinutukoy. Saka na lamang papanig ang mga panggitnang magsasaka sa rebolusyon kung malinaw na nilang nakikita ang pangkalahatang takbo ng mga pangyayari at ang nalalapit na tagumpay ng rebolusyon. Dapat trabahuhin ng mararalitang magsasaka ang mga panggitnang magsasaka hanggang sa makapanig nila nang sa gayo'y

lumaganap ang rebolusyon sa bawat araw hanggang sa pangwakas na tagumpay.

Pambungad sa "Ang Aral sa 'Kooperatiba ng mga Panggitnang Magsasaka' at sa 'Kooperatiba ng Mararalitang Magsasaka' sa Munisipalidad ng Fuan" (1955). *Pagsukdol ng Sosyalismo sa Kanayunan ng Tsina*, Tomo 2.

Sa nakaririwasang mga magsasaka, malubha ang tendensiya sa kapitalismo. Kakalat ang tendensiyang ito kung magpapabaya tayo nang kahit bahagya sa gawaing pampulitika sa mga magsasaka sa panahon ng kilusan ng pagsasakooperatiba at sa mahabang panahon pang susunod.

Pambungad sa "Dapat Bakahin nang Buong Tatag ang Tendensiya sa Kapitalismo" (1955). *Pagsukdol ng Sosyalismo sa Kanayunan ng Tsina*, Tomo 1.

Sa mula't mula pa ma'y masidhi nang tunggaliang pang-ideolohiya at pampulitika ang kilusan ng pagsasakooperatiba ng agrikultura. Walang kooperatibang maitatatag nang hindi dumaraan sa ganitong tunggalian. Bago makapagtayo ng bagung-bagong sistemang panlipunan sa lugar ng dating sistema, dapat munang linisin ang pagtatayuan. Walang salang may mga labí ng lumang kaisipang repleksiyon ng lumang sistema na matagal pang mananatili sa isipan ng mga tao at hindi basta na lamang at sukat maaalis. Pagkatatatag ng isang kooperatiba, marami pa itong pakikibakang daraanan bago maging matatag. At kahit pa man napatatag na, posible pa rin itong mawasak minsang pahinain ang mga pagsisikap.

Pambungad sa "Mahalagang Aral" (1955), *Pagsukdol ng Sosyalismo sa Kanayunan ng Tsina,* Tomo 1.

Patuloy sa paglaganap ang espontanyong puwersa ng kapitalismo sa kanayunan nitong kalilipas na mga taon; saanman mabaling ay

may sumusulpot na bagong mayamang magsasaka at pursigido namang maging mayamang magsasaka ang mga nakaririwasang panggitnang magsasaka. Sa kabilang dako, maraming mararalitang magsasakang naghihirap pa rin gawa ng kakulangan sa gamit sa produksiyon, ang ilan ay may utang pa nga at ipinagbibili naman o dili kaya'y pinauupahan ng iba ang kanilang lupa. Kung hindi mapipigil ang tendensiyang ito, lulubha nang lulubha sa pagdaraan ng mga araw ang polarisasyon sa kanayunan. Aangal sa atin ang mga magsasakang nawawalan ng lupa at ang mga magsasakang nakapako pa rin sa karalitaan; sasabihin nilang wala tayong ginagawa para mailigtas sila sa kapahamakan, na ayaw natin silang tulungang makaahon sa kahirapan. Ang mga nakaririwasang panggitnang magsasaka na tumatahak sa landas ng kapitalismo man ay hindi rin masisiyahan sa atin dahil kailanma'y hindi natin mapauunlakan ang kanilang mga kahilingan, liban na lamang kung binabalak nating tahakin ang landas ng kapitalismo. Sa mga kalagayang ganito, makapananatili bang matatag ang alyansa ng manggagawa

at magsasaka? Maliwanag na hindi. Sa isang bagong batayan lamang malulutas ang suliraning ito. Ibig sabihi'y sa unti-unting pagsasakatuparan ng sosyalistang transpormasyon ng buong agrikultura kasabay ng bai-baitang na pagsasakatuparan ng sosyalistang industriyalisasyon at sosyalistang transpormasyon ng mga gawaing artesano at ng industriya't komersiyong kapitalista. Sa madaling sabi, nangangahulugan ito ng pagsasakatuparan ng kooperatibisasyon at pagbuwag sa ekonomiya ng mayamang magsasaka at sa ekonomiyang indibidwal sa kanayunan upang sama-samang sumagana ang lahat ng taganayon. Pinanínindigan nating ito lamang ang tanging paraan para mapatatag ang alyansa ng manggagawa at magsasaka.

*Hinggil sa Suliranin ng Pagsasakooperatiba ng Agrikultura* (Hulyo 31, 1955).

Ang tinutukoy natin sa pangkalahatang pagpaplano ay pagpaplanong nagsasaalang-

alang sa kapakanan ng 600 milyong mamamayan ng ating bansa. Sa paggawa ng mga plano, sa pamamahala ng mga bagay-bagay o sa paglilimi ng mga suliranin, dapat nating ibatay ang ating kilos sa katotohanang may 600 milyong mamamayan ang Tsina, bagay na hinding-hindi natin dapat kalimutan.

*Hinggil sa Wastong Pagbawak ng mga Kontradiksiyon sa Hanay ng Sambayanan* (Pebrero 27, 1957).

Bukod sa pamumuno ng ating Partido, isa pang mapagpasiyang salik ang ating populasyong 600 milyon. Kung maraming tao, mayaman sa mga idea, putos sa sigasig at sigla. Hindi pa naging ganito kapursigido, ganito kamilitante at ganito kasikhay ang masa ng sambayanan.

"Pagpapakilala sa Isang Kooperatiba" (Abril 15, 1958).

**Bukod sa iba** pang katangiang taglay ng 600 **milyong** mamamayan ng Tsina, kapan-

sin-pansing sila'y "maralita at walang-wala". Tila ito masama ngunit ang totoo'y napakabuti pa nga. Nagbubunga ang karalitaan ng paghahangad ng pagbabago, ng paghahangad na kumilos at magrebolusyon. Sa isang busilak na papel na walang-walang bahid, maisusulat ang mga pinakabago at pinakamagagandang titik, at ang pinakabago at pinakamagandang larawan ay maiguguhit.

*Ibid.*

Matapos magtagumpay ang rebolusyong Tsino sa buong bansa at matapos malutas ang suliranin sa lupa, dalawang saligang kontradiksiyon ang iiral pa sa Tsina. Ang una'y panloob, ibig sabihi'y iyong kontradiksiyon ng uring manggagawa at ng burgesya. Ang ikalawa'y panlabas, ibig sabihi'y iyong kontradiksiyon ng Tsina at ng mga bansang imperyalista. Kaya nga ba't pagkapagtagumpay ng rebolusyon para sa demokrasyang bayan, hindi dapat pahinain ang kapangyarihang pang-estado ng republikang bayang

pinamumunuan ng uring manggagawa, bagkus ay dapat pa ngang palakasin.

"Ulat sa Ikalawang Sesyong Plenaryo ng Ikapitong Komite Sentral ng Partido Komunista ng Tsina" (Marso 5, 1949), *Mga Piling Akda*, Tomo IV.

"Hindi ba't nais ninyong alisin ang kapangyarihan ng estado?" Nais nga natin, pero hindi pa ngayon; hindi pa maaari ngayon. Bakit? Sapagkat mayroon pa ring imperyalismo; sapagkat mayroon pa ring reaksiyon at mga uri sa loob ng ating bansa. Ang tungkulin natin ngayon ay palakasin ang aparatong pang-estado ng bayan — pangunahin na ang hukbong bayan, ang pulisyang bayan, at ang mga hukumang bayan — upang mapatatag ang tanggulang bansa at mapangalagaan ang kapakanan ng sambayanan.

"Hinggil sa Diktadurang Makademokrasyang Bayan" (Hunyo 30, 1949), *Mga Piling Akda*, Tomo IV.

Ang estado natin ay diktadurang maka-demokrasyang bayan na pinamumunuan ng uring manggagawa at nababatay sa alyansa ng manggagawa at magsasaka. Para saan ang diktadurang ito? Ang unang tungkulin nito ay ang supilin ang mga reaksiyonaryong uri't elemento at ang mga mapagsamantala sa loob ng ating bansa na laban sa sosyalistang rebolusyon, at ang supilin ang lahat ng nagtatangkang mangwasak ng ating konstruksiyong sosyalista, o sa madaling sabi'y ang lutasin ang panloob na kontradiksiyon natin at ng kaaway. Halimbawa, paraparang saklaw ng kapangyarihan ng ating diktadura ang pagdakip, paglitis at paghatol sa ilang kontra-rebolusyonaryo, at ang pagkakait sa mga panginoong-maylupa at mga burukratang kapitalista ng karapatang bumoto at ng kalayaan sa pagsasalita sa loob ng isang takdang panahon. Upang mapanatili ang kaayusang panlipunan at mapangalagaan ang kapakanan ng sambayanan, kailangan ding gamitin ang diktadura sa mga magnanakaw, manggagantso, manununog, mamamatay-tao, gang ng kriminal at iba pang masasamang-loob na lubhang nanggu-

gulo sa kaayusang pambayan. Ang ikalawang tungkulin ng diktadurang ito ay ang ipagtanggol ang bansa sa subersiyon at tangkang pananalakay ng mga kaaway na dayuhan. Kung sakaling maganap iyon, tungkuling lutasin ng diktadurang ito ang panlabas na kontradiksiyon natin at ng kaaway. Ang layunin ng diktadurang ito ay pangalagaan ang lahat ng ating mamamayan upang maiukol nila ang sarili sa payapang paggawa at upang maitayo nila ang Tsina hanggang sa maging sosyalistang bansang may makabagong industriya, agrikultura, siyensiya at kultura.

*Hinggil sa Wastong Pagbawak ng mga Kontradiksiyon sa Hanay ng Sambayanan* (Pebrero 27, 1957).

Kailangan ng diktadurang makademokrasyang bayan ang pamumuno ng uring manggagawa. Sapagkat tanging ang uring manggagawa lamang ang may pinakapangmalayuang pananaw, ang pinakadi-makasarili at ang pinakarebolusyonaryo. Pinatutu-

nayan ng buong kasaysayan ng rebolusyon na kung wala ang pamumuno ng uring manggagawa, ang rebolusyo'y nabibigo; kung may pamumuno ng uring manggagawa, ang rebolusyo'y nagtatagumpay.

"Hinggil sa Diktadurang Makademokrasyang Bayan" (Hunyo 30, 1949), *Mga Piling Akda,* Tomo IV.

**Sa alyansa ng uring manggagawa, uring magsasaka at petiburgesyang tagalunsod nakasalig ang diktadurang makademokrasyang bayan, pangunahin na'y sa alyansa ng mga manggagawa at magsasaka, sapagkat ang dalawang uring ito ang bumubuo ng 80 hanggang 90 porsiyento ng populasyon ng Tsina. Pangunahin na'y ang puwersa ng dalawang uring ito ang nagpabagsak sa imperyalismo at sa mga reaksiyonaryong Kuomintang. Sa kanilang alyansa rin panguna-hing nakasalalay ang transisyon ng Bagong Demokrasya sa sosyalismo.**

*Ibid.*

Ang tunggalian ng mga uri, ang pakikibaka para sa produksiyon at ang siyentipikong eksperimento ang tatlong dakilang kilusang rebolusyonaryo sa pagtatayo ng malakas na bansang sosyalista. Ang mga kilusang ito ay tiyak na garantiya na maliligtas sa burukrasya at hindi mahahawahan ng rebisyonismo't dogmatismo ang mga Komunista, na magpakailanma'y mananatili silang di-magagapi. Ang mga ito ay maaasahang garantiya na makakabuklod ng proletaryado ang malawak na masang anakpawis at maisasakatuparan ang demokratikong diktadura. Kung wala ang mga kilusang ito at pahihintulutang magsulputan ang mga panginoong-maylupa, mayayamang magsasaka, kontra-rebolusyonaryo, masasamang tao at mga halimaw habang ang ating mga kadre naman ay nagpipikit na lamang ng mata, at higit pa sa roon, sa halip na tingnan ang kaibhan natin sa kaaway ay nakikipagsabwatan pa nga sa kanila at nagpapaakay sa masama, nagpapahati-hati at nagpapademoralisa, at kung dahil dito'y mawalay sa ating hanay ang mga kadre natin o dili kaya'y makasalingit sa atin ang

kaaway, at kung maiiwang walang laban sa taktika ng santong dasalan at santong paspasan ng kaaway ang marami sa ating manggagawa, magsasaka at intelektuwal, hindi maglalaon, marahil ay sa loob lamang ng ilang taon, ng isang dekada kaya, o sabihin nang ilang dekada na siya nang pinakamatagal, magaganap nang tiyakan ang panunumbalik ng kontra-rebolusyon sa buong bansa, walang salang magiging rebisyonistang partido o pasistang partido ang Marxista-Leninistang partido, at mababago ang kulay ng buong Tsina.

Mga Talâ sa "Pitong Magagandang Dokumento ng Lalawigang Chekiang Tungkol sa Paglahok ng mga Kadre sa Pisikal na Paggawa" (Mayo 9, 1963), sinipi ng *Hinggil sa Huwad na Komunismo ni Khrushchov at ang mga Pangkasaysayang Aral Nito sa Daigdig.*

Dalawang paraan ang ginagamit ng diktadurang makademokrasyang bayan. Sa mga

kaaway, ang paraan ng diktadura ang ginagamit nito, ibig sabihin, hanggang sa kinakailangang haba ng panahon ay hindi sila pinalalahok sa mga gawaing pampulitika at pinipilit silang sumunod sa batas ng Pamahalaan ng Sambayanan, pinipilit na lumahok sa paggawa nang sa pamamagitan ng paggawa ay mabago nila ang sarili nila. Sa taumbayan naman, taliwas ng kababanggit, hindi ang paraan ng pamimilit ang ginagamit nito kundi ang demokrasya, ibig sabihi'y hinahayaan silang lumahok sa mga gawaing pampulitika at hindi ipinipilit sa kanilang ganito o ganoon ang gawin bagkus ay ginagamit ang demokratikong paraan ng pag-eeduka at paghimok sa kanila.

Talumpating panapos sa Ikalawang Sesyon ng Unang Pambansang Komite ng Kapulungan ng Sangguniang Pampulitika ng Sambayanang Tsino (Hunyo 23, 1950).

Sa pamumuno ng Partido Komunista, isang masiglang kilusang pagtutuwid ang isinasagawa ng sambayanang Tsino upang

maisulong nang mabilis ang sosyalismo sa Tsina sa isang batayang higit na matatag. Isa iyong kilusan ng pagbubunsod ng pambansang pagtatalong may patnubay at kalayaan; pagtatalong ginaganap sa mga lunsod at nayon hinggil sa mga suliraning may kinalaman sa sosyalistang landas laban sa kapitalistang landas, sa saligang sistema ng estado at sa mahahalagang patakaran nito, sa estilo-ng-paggawa ng mga tauhan ng Partido at ng pamahalaan, at sa kagalingan ng mga mamamayan; pagtatalong isinasagawa sa pamamagitan ng paghaharap ng mga patunay at pagpapaliwanag ng mga bagay-bagay nang sa gayo'y malutas sa wastong paraan ang mga nangangailangan-ng-kagyat-na-kalutasang aktuwal na kontradiksiyon sa hanay ng sambayanan. Iyon ay kilusang sosyalista para maeduka't mabago ng mga mamamayan ang kanilang sarili.

"Talumpati sa Pulong ng Kataas-taasang Sobyet ng U.S.S.R. sa Pagdiriwang ng Ika-40 Anibersaryo ng Dakilang Sosyalistang Rebolusyong Oktubre" (Nobyembre 6, 1957).

Napakabigat ng mga tungkuling kinakaharap natin sa dakilang gawain ng konstruksiyon. Bagamat mahigit sa sampung milyon ang kasapi ng Partido, napakaliit pa rin nilang minorya sa populasyon ng ating bansa. Sa mga organo ng ating estado at sa iba pang mga institusyong pampubliko, mga di-kasapi ng Partido ang kinakailangang gumawa ng malaking bahagi ng trabaho. Imposibleng matupad nang mahusay ang mga gawaing ito kung hindi tayo mahusay magtiwala sa masa at kung hindi tayo mahusay makipagtulungan sa mga di-kasapi ng Partido. Habang patuloy nating pinalalakas ang pagkakaisa ng buong Partido, kailangan din nating patuloy na palakasin ang pagkakaisa ng lahat ng nasyonalidad, demokratikong uri, demokratikong partido at organisasyong bayan, patuloy na patatagin at palawakin ang nagkakaisang prente para sa demokrasyang bayan, at iwaksi nang dibdiban ang lahat ng kapangitang ipinakikita

ng anumang bahagi ng ating gawain na nakapipinsala sa pagkakaisa ng Partido at sambayanan.

"Pambungad na Talumpati sa Ikawalong Pambansang Kongreso ng Partido Komunista ng Tsina" (Setyembre 15, 1956).

## 4. ANG WASTONG PAGHAWAK NG MGA KONTRADIKSIYON SA HANAY NG SAMBAYANAN

Dalawang klase ng kontradiksiyong panlipunan ang kinakaharap natin — yaong kontradiksiyon natin at ng kaaway at yaong kontradiksiyon sa hanay ng sambayanan. Ganap na magkaiba ang katangian ng dalawang ito.

*Hinggil sa Wastong Paghawak ng mga Kontradiksiyon sa Hanay ng Sambayanan* (Pebrero 27, 1957).

Upang maunawaan nang wasto ang magkaibang klaseng ito ng kontradiksiyon — ang kontradiksiyon natin ng kaaway at ang kontradiksiyon sa hanay ng sambayanan — dapat munang maging maliwanag sa atin ang ibig sabihin ng "sambayanan" at ang ibig sabihin ng "kaaway". . . .

Sa kasalukuyang yugto, panahon ng pagtatayo ng sosyalismo, nasa kategorya ng sambayanan ang lahat ng uri, saray at grupong panlipunan na sumasang-ayon, kumakatig at gumagawa alang-alang sa konstruksiyong sosyalista, samantalang nasa kategorya naman ng kaaway ng bayan ang lahat ng mga puwersa at pangkat sa lipunan na kumakalaban sa rebolusyong sosyalista at namumuhi o nananabotahe sa konstruksiyong sosyalista.

*Ibid.*

Sa mga kalagayang umiiral ngayon sa Tsina, ang mga kontradiksiyon sa hanay ng sambayanan ay tumutukoy sa mga kontradiksiyon sa loob ng uring manggagawa, mga kontradiksiyon sa loob ng uring magsasaka, mga kontradiksiyon sa hanay ng mga intelektuwal, mga kontradiksiyon ng uring manggagawa at uring magsasaka, mga kontradiksiyon ng mga manggagawa't magsasaka sa isang panig at mga intelektuwal sa kabila, mga kontradiksiyon ng uring manggagawa't iba pang bahagi ng mga anakpawis sa isang panig at ng pambansang burgesya

sa kabila, mga kontradiksiyon sa hanay ng pambansang burgesya, at iba pa. Ang ating Pamahalaan ng Sambayanan ay pamahalaang tunay na kumakatawan sa interes ng sambayanan at pamahalaang naglilingkod sa sambayanan. Subalit mayroon din namang ilang kontradiksiyon ang pamahalaan at ang masa ng sambayanan. Kabilang dito ang mga kontradiksiyon ng kapakanan ng estado, kapakanan ng kolektibo at kapakanan ng indibidwal; ang kontradiksiyon ng demokrasya at sentralismo; ang kontradiksiyon ng namumuno at pinamumunuan; at ang mga kontradiksiyong nagmumula sa burukratikong estilo-ng-paggawa ng ilang tauhan ng pamahalaan sa pakikipag-ugnayan nila sa masa. Sa hanay din ng sambayanan ang lahat ng kontradiksiyong ito. Sa karaniwa'y sa pundamental na pagkakatulad ng interes ng sambayanan nasasalalay ang mga kontradiksiyon sa hanay ng sambayanan.

*Ibid.*

Kontradiksiyong antagonistiko ang mga kontradiksiyon natin at ng kaaway. Sa

hanay ng sambayanan, hindi antagonistiko ang kontrá-kontradiksiyon ng mga anakpawis samantalang yaong namamagitan sa mga pinagsasamantalahang uri at nagsasamantalang uri ay may aspektong di-antagonistiko at may aspekto rin namang antagonistiko.

*Ibid.*

Sa buhay-pampulitika ng ating sambayanan, paano malalaman kung tama o mali ang sinasalita natin at ikinikilos? Batay sa simulain ng Saligang Batas ng ating bansa, sa kagustuhan ng higit na nakararaming mamamayan natin, at sa magkakatulad na paninindigang pampulitika na ipinahayag sa iba't ibang pagkakataon ng mga partido at pangkat pampulitika ng ating bansa, itinuturing nating tama ang salita at kilos kung ayon sa pangkalahatang mga panuntunang sumusunod:

(1) Nakatutulong sa pagbubuklod, hindi sa pagwawatak-watak, ng sambayanan nating may iba't ibang nasyonalidad;

(2) Nakabubuti, hindi nakasasamâ, sa transpormasyon at konstruksiyong sosyalista;

(3) Nakatutulong upang mapatatag, hindi upang mapinsala ni mapahina, ang diktadurang makademokrasyang bayan;

(4) Nakatutulong upang mapatatag, hindi upang mapinsala ni mapahina, ang demokratikong sentralismo;

(5) Nakatutulong upang mapatibay, hindi upang maiwaksi ni mapahina, ang pamumuno ng Partido Komunista; at

(6) Nakabubuti, hindi nakasasamâ, sa sosyalistang pagkakaisang pandaigdig at sa pagkakaisa ng sambayanan ng daigdig na mapagmahal sa kapayapaan.

Sa anim na panuntunang ito, ang landas ng sosyalismo at ang pamumuno ng Partido ang pinakamahalaga.

*Ibid.*

Ang pagsupil sa mga kontra-rebolusyonaryo ay kontradiksiyon natin at ng kaaway, anupa't isang tunggalian. Sa hanay ng sambayanan, may ilang taong iba ang tingin sa

kuwestiyong ito. Dalawa ang klase ng taong may palagay na kaiba sa atin. Ang mga may maka-Kanang pag-iisip — hindi nila iniiiba sa atin ang kaaway at itinuturing pa ngang kaisa natin ang kaaway. Itinuturing nilang kaibigan yaong mga tao mismong itinuturing na kaaway ng malawak na masa ng sambayanan. Ang mga may maka-"Kaliwang" pag-iisip — pinalalaki nila ang mga kontradiksiyon natin at ng kaaway hanggang ituring nang kontradiksiyon natin at ng kaaway maging ang kontradiksiyon sa hanay ng sambayanan at ituring na pating kontra-rebolusyonaryo ang mga taong hindi naman kontra-rebolusyonaryo. Mali ang dalawang palagay na ito. Alinman sa dalawa'y hindi makatutulong sa atin para malutas sa tumpak na paraan ang suliranin ng pagsupil sa mga kontra-rebolusyonaryo ni para mahulo nang wasto ang gawaing ito.

*Ibid.*

Ang mga kontradiksiyong magkaiba ng katangian ay sa pamamagitan lamang ng mga paraang magkaiba ng katangian malu-

lutas. Halimbawa, ang paraan ng rebolusyong sosyalista ang ipinanlulutas sa kontradiksiyon ng proletaryado at burgesya; ang paraan ng rebolusyong demokratiko ang ipinanlulutas sa kontradiksiyon ng malawak na masa ng sambayanan at ng sistemang piyudal; ang paraan ng pambansang digmaang rebolusyonaryo ang ipinanlulutas sa kontradiksiyon ng mga kolonya at ng imperyalismo; ang kontradiksiyon ng uring manggagawa at uring magsasaka sa lipunang sosyalista ay nilulutas sa paraan ng kolektibisasyon at mekanisasyon ng agrikultura; ang kontradiksiyon sa loob ng Partido Komunista ay nilulutas sa paraan ng pamumuna at pagpuna-sa-sarili; ang kontradiksiyon ng lipunan at kalikasan ay nilulutas sa paraan ng pagpapaunlad ng mga puwersa sa produksiyon. . . . Ang paglutas ng magkakaibang kontradiksiyon sa pamamagitan ng magkakaibang paraan ay simulaing dapat sundin nang buong higpit ng mga Marxista-Leninista.

"Hinggil sa Kontradiksiyon" (Agosto 1937), *Mga Piling Akda,* Tomo I.

Sapagkat magkaiba ng katangian ang kontradiksiyon natin at ng kaaway at ang kontradiksiyon sa hanay ng sambayanan, dapat lutasin ang mga ito sa magkaibang paraan. Sa madaling sabi, ang una'y kuwestiyon ng malinaw na kaibhan natin at ng kaaway at ang huli'y kuwestiyon ng malinaw na kaibhan ng tama at mali. Kung sabagay, kapag iniiiba na ang kaaway sa atin ay pinag-íibá na rin ang mali at tama. Halimbawa, kuwestiyon din ng tama at mali ang kuwestiyon kung sino ang may katwiran, tayo o ang mga imperyalista, piyudalista't burukratang kapitalista na siyang mga reaksiyonaryong banyaga at katutubo sa bansa. Subalit ito ay nasa kategoryang naiiba sa kuwestiyon ng tama at mali sa hanay ng sambayanan.

*Hinggil sa Wastong Paghawak ng mga Kontradiksiyon sa Hanay ng Sambayanan* (Pebrero 27, 1957).

Ang tanging paraan upang malutas ang mga suliraning may katangiang pang-ideolohiya o ang mga isyung kontrobersiyal sa

hanay ng sambayanan ay ang paraang demokratiko, ang paraan ng pagtatalakayan, ng pamumuna, ng paghimok at pag-eeduka, at hindi ang paraan ng pamimilit o panunupil.

*Ibid.*

Upang maialay nang mabisa ang sarili sa produksiyo't pag-aaral at upang makapamuhay nang maayos, nais ng mga mamamayan na ang kanilang pamahalaan at yaong mga namamahala sa produksiyon at sa mga organisasyong pangkultura't pang-edukasyon ay magpalabas ng mga angkop na kautusang administratibo na dapat sapilitang sundin. Batid ng lahat na imposibleng mapangalagaan ang kaayusang pambayan kung walang mga kautusang ganito. Nagkakatulungan ang mga kautusang administratibo at ang paraan ng paghimok at pag-eeduka sa paghawak ng mga kontradiksiyon sa hanay ng sambayanan. Maging ang mga kautusang administratibo man ukol sa pangangalaga ng kaayusang pambayan ay dapat ding sama-

han ng paghimok at pag-eeduka sapagkat sa maraming pagkakataon ay hindi nagkakabisa ang basta kautusan lamang.

*Ibid.*

Masasalami't masasalamin sa burgesya at petiburgesya ang ideolohiya nila. Walang salang ihahayag nila ang sarili nang buong kasutilan sa mga isyung pampulitika at pang-ideolohiya sa lahat ng paraang maaaring gamitin. Imposibleng taliwas dito ang mangyari. Hindi ang paraan ng pamimilit ang dapat nating gamitin sa kanila ni hindi rin natin sila dapat pigilang magpahayag ng ihahayag, bagkus ay dapat natin silang tulutang gayon nga ang gawin at kasabay niyo'y makipagtalo tayo sa kanila at sabihan natin sila ng karampatang puna. Wala nang dudang dapat na punahin ang samut-saring maling kaisipan. Talagang mali ang hindi mamuna, ang manood na lamang sa paglaganap ng mga maling kaisipan hanggang sa iyon na ang mamayani sa buong paligid. Ang mga kamalian ay dapat punahin; ang

masamang damo, saanman sumulpot, ay dapat lipulin. Subalit hindi dapat maging dogmatiko ang pamumuna at hindi dapat gamitin ang paraang metapisiko, bagkus ay ang paraang diyalektiko ang dapat pagsikapang ilapat. Ang kinakailangan ay pagsusuring siyentipiko at pangangatwirang kapani-paniwala.

*Ibid.*

Kailangang punahin ang pagkukulang ng sambayanan, . . . datapwat sa pagsasagawa nito, dapat tayong tunay na nakapanig sa paninindigan ng sambayanan, na ang ipinamumutawi sa labì ay nagtataglay ng maalab na pagnanasang mapangalagaan sila at maturuan. Ang ituring na kaaway ang kasama ay pagpanig sa paninindigan ng kaaway.

"Mga Talumpati sa Palitang-Kuro sa Yenan Hinggil sa Panitikan at Sining" (Mayo 1942), *Mga Piling Akda,* Tomo III.

Unibersal nga at absoluto ang kontradiksiyon at tunggalian ngunit nagkakaiba ang

mga paraan ng paglutas ng kontradiksiyon, o ang mga anyo ng pakikibaka, alinsunod sa mga pagkakaiba ng katangian ng mga kontradiksiyon. May mga kontradiksiyong hayagan ang antagonismo, may iba namang hindi. Alinsunod sa kongkretong pag-unlad ng mga bagay-bagay, may mga kontradiksiyong nagiging antagonistiko bagamat sa simula ay di-antagonistiko, samantalang may iba namang dating antagonistiko na nagiging di-antagonistiko.

"Hinggil sa Kontradiksiyon" (Agosto 1937), *Mga Piling Akda*, Tomo I.

Sa mga pangkaraniwang kalagayan, hindi antagonistiko ang mga kontradiksiyon sa hanay ng sambayanan. Ngunit kung hindi ito mahahawakan nang maayos, o kung magluluwag tayo sa ating pagmamatyag at magiging pabaya, maaaring sumulpot ang antagonismo. Karaniwan nang sa maliit na bahagi lamang at hindi tumatagal ang ganitong pangyayari sa bansang sosyalista. Ang dahilan nito'y napawi na ang sistema ng

pagsasamantala ng tao sa tao at halos magkakatulad na ang interes ng mga mamamayan.

*Hinggil sa Wastong Pagbawak ng mga Kontradiksiyon sa Hanay ng Sambayanan* (Pebrero 27, 1957).

Sa ating bansa, nasa kategorya ng kontradiksiyon sa hanay ng sambayanan ang kontradiksiyon ng uring manggagawa at ng pambansang burgesya. Sa karaniwa'y tunggalian ng mga uri sa hanay ng sambayanan ang tunggalian ng dalawang uring ito sapagkat may dalawahang katangian ang pambansang burgesya ng Tsina. Sa panahon ng rebolusyong burges-demokratiko, may katangian itong rebolusyonaryo at may katangian din naman ng pagkahilig sa pakikipagkasundo. Sa panahon ng rebolusyong sosyalista, isang aspekto ng katangian ng pambansang burgesya ang pagsasamantala sa uring manggagawa upang magkatubò samantalang kabila namang aspekto ang pagtataguyod nito sa Saligang Batas at ang pagsang-ayong tang-

gapin ang transpormasyong sosyalista. Iba ang pambansang burgesya sa mga imperyalista, mga asendero at mga burukratang kapitalista. Ang kontradiksiyon ng pambansang burgesya at ng uring manggagawa ay kontradiksiyon ng nagsasamantala at pinagsasamantalahan, at antagonistiko ang katangian. Ngunit sa kongkretong kalagayan ng Tsina, ang antagonistikong kontradiksiyong ito ng dalawang uri, kung hahawakan lamang nang maayos, ay magagawang di-antagonistiko at malulutas sa mapayapang paraan. Subalit ito ay magiging kontradiksiyon natin at ng kaaway kung hindi natin mahahawakan nang maayos at kung hindi natin susundin ang patakaran ng pakikipagkaisa, pagpuna at pag-eeduka sa pambansang burgesya, o kung hindi tatanggapin ng pambansang burgesya ang patakaran nating ito.

*Ibid.*

Ang pangyayaring ito [ang kontra-rebolusyonaryong rebelyon sa Hungarya noong

1956] ay halimbawa ng kung paanong ang mga reaksiyonaryo sa loob ng isang bansang sosyalista, sa pakikipagsabwatan sa mga imperyalista, ay lumikha ng mga hidwaan at gulo sa pamamagitan ng pagsasamantala sa mga kontradiksiyon sa hanay ng sambayanan upang maisakatuparan ang kanilang mga imbing layunin. Dapat pag-ukulan ng pansin ang aral na itong hatid ng mga pangyayari sa Hungarya.

*Ibid.*

# 5. DIGMAAN AT KAPAYAPAAN

Ang digmaan — na umiral na sapul pa nang sumulpot ang pag-aaring pribado at ang mga uri — ang pinakamataas na anyo ng tunggalian sa paglutas ng mga kontradiksiyon ng mga uri, mga bayan, mga estado o mga pangkating pampulitika kung ang mga kontradiksiyong iyon ay umabot na sa isang takdang antas ng pagsulong.

"Mga Suliranin ng Estratehiya sa Rebolusyonaryong Digmaan sa Tsina" (Disyembre 1936), *Mga Piling Akda,* Tomo I.

"Digmaan ang karugtong ng pulitika." Sa katuturang ito, ang digmaan ay pulitika at ang digmaan mismo ay aksiyong pampulitika; mula pa noong unang panahon, hindi pa nagkakaroon ng digmaang walang katangiang pampulitika. . . .

Ngunit may angking partikular na katangian ang digmaan at sa katuturang ito'y hindi maitutumbas sa pulitika sa kalahatan. "Digmaan ang karugtong ng pulitika sa naiibang paraan." Kapag umabot ang pulitika sa isang takdang antas ng pagsulong at hindi na makapagpatuloy pa sa kinamihasnang paraan, sumisiklab ang digmaan upang ialis ang mga sagabal sa daan. . . . Kapag naalis na ang mga sagabal at natamo na ang layuning pampulitika, natatapos na ang digmaan. Ngunit hangga't hindi pa ganap na naaalis ang mga sagabal, kinakailangang magpatuloy ang digmaan hanggang sa lubos na makamtan ang nilalayon. . . . Samakatwid, masasabing ang pulitika ay digmaang walang pagdanak ng dugo, samantalang ang digmaan ay pulitikang may pagdanak ng dugo.

"Hinggil sa Pangmatagalang Digmaan" (Mayo 1938), *Mga Piling Akda,* Tomo II.

Ipinakikita ng kasaysayan na nahahati sa dalawang klase ang mga digmaan: ang ma-

katarungan at ang di-makatarungan. Makatarungan ang lahat ng digmaang progresibo at di-makatarungan ang lahat ng digmaang humahadlang sa kaunlaran. Tutol tayong mga Komunista sa lahat ng digmaang di-makatarungan na humahadlang sa kaunlaran, ngunit hindi tayo tutol sa mga digmaang progresibo at makatarungan. Tayong mga Komunista ay hindi na nga tutol sa mga digmaang makatarungan, masigasig pa tayong nakikiisa sa gayong digmaan. Sa mga digmaang di-makatarungan, ang Unang Digmaang Pandaigdig ay halimbawa ng paglalabanan ng dalawang panig para sa mga kapakanang imperyalista; kaya nga ba matatag iyong tinutulan ng mga Komunista ng buong daigdig. Ang paraan ng pagtutol sa ganitong klase ng digmaan ay ang paggawa ng lahat ng magagawa upang mapigilan iyong sumiklab, ngunit sa sandaling sumiklab na, ang paraang magagamit ay ang ipanlaban hangga't maaari ang digmaan sa digmaan, ipanlaban ang digmaang makatarungan sa digmaang di-makatarungan.

*Ibid.*

Hindi maiiwasan ang mga rebolusyon at ang mga digmaang rebolusyonaryo sa lipunang may mga uri; kung wala ang mga ito ay hindi magkakaroon ng kaunti mang igpaw ang pag-unlad ng lipunan, hindi maibabagsak ang mga reaksiyonaryong naghaharing uri, at sa gayo'y hindi makakamtan ng sambayanan ang kapangyarihang pampulitika.

"Hinggil sa Kontradiksiyon" (Agosto 1937), *Mga Piling Akda*, Tomo I.

Ang digmaang rebolusyonaryo ay gamot na panlaban-lason na hindi lamang pumupuksa sa kamandag ng kaaway kundi naglilinis din ng ating karumhan. Bawat digmaang makatarungan at rebolusyonaryo ay may angking napakalaking kapangyarihan at nakapagpapabagong-anyo sa maraming bagay o kaya'y naghahawan ng landas para sa kanilang pagbabagong-anyo. Magpapabagong-anyo sa Tsina at Hapon ang digmaang Tsino-Hapones; kung magpupunyagi ang Tsina sa Digmaang Pagtatanggol at sa nag-

kakaisang prente, tiyak na magiging bagong Hapon ang lumang Hapon, magiging bagong Tsina ang lumang Tsina, at sa panahon ng digmaan at pagkaraan nito ay magbabagong-anyo ang sambayanan sampu ng lahat ng bagay sa Tsina at sa Hapon.

"Hinggil sa Pangmatagalang Digmaan" (Mayo 1938), *Mga Piling Akda*, Tomo II.

Dapat maunawaan ng bawat Komunista ang katotohanang, "Ang kapangyarihang pampulitika'y sa baril nanggagaling".

"Mga Suliranin ng Digmaan at Estratehiya" (Nobyembre 6, 1938), *Mga Piling Akda*, Tomo II.

Ang sentral na tungkulin at pinakamataas na anyo ng rebolusyon ay ang pag-agaw ng kapangyarihang pampulitika sa pamamagitan ng sandatahang lakas, ang paglutas ng suliranin sa pamamagitan ng digmaan. Mapasaan ma'y totoo ang Marxista-Leninistang

simulaing ito ng rebolusyon, totoo ito sa Tsina, totoo ito sa iba pang bansa.

*Ibid.*

Kung walang sandatahang pakikibaka, hindi magkakaroon ng lugar sa Tsina ang proletaryado, ni ang sambayanan, ni ang Partido Komunista, at ang rebolusyon ay hindi magtatagumpay. Sa loob ng labingwalong taóng kalilipas, umunlad, tumatag at naging bolsebisado ang ating Partido sa gitna ng mga rebolusyonaryong digmaan; kung walang sandatahang pakikibaka, hindi sana narating ng Partido Komunista ang kinalalagyan nito ngayon. Hinding-hindi dapat kalimutan ng mga kasama sa buong Partido ang karanasang itong pinagtigisan natin ng dugo.

"Pagpapakilala sa *Ang Komunista*" (Oktubre 4, 1939), *Mga Piling Akda,* Tomo II.

Alinsunod sa Marxistang teorya hinggil sa estado, ang hukbo ang pangunahing sang-

kap ng kapangyarihan ng estado. Ang sinumang nagnanais umagaw at magpanatili ng kapangyarihan ng estado ay kailangang magkaroon ng malakas na hukbo. May ilang nanunuya sa atin at tinatawag tayong tagapagtaguyod ng "teorya ng walang hanggang kapangyarihan ng digmaan". Totoo nga, tagapagtaguyod tayo ng teorya ng walang hanggang kapangyarihan ng rebolusyonaryong digmaan; hindi ito masama bagkus ay mabuti pa nga, Marxista pa nga. Nilikha ng mga baril ng Partido Komunista ng Rusya ang sosyalismo. Tayo ay lilikha ng republikang demokratiko. Itinuturo sa atin ng karanasan sa tunggalian ng mga uri sa epoka ng imperyalismo na sa pamamagitan lamang ng kapangyarihan ng baril magagapi ng uring manggagawa at ng masang anakpawis ang nasasandatahang burgesya at ang mga panginoong maylupa; sa katuturang ito, masasabi nating sa pamamagitan lamang ng baril mababago ang anyo ng buong mundo.

"Mga Suliranin ng Digmaan at Estratehiya" (Nobyembre 6, 1938), *Mga Piling Akda*, Tomo II.

Tagapagtaguyod tayo ng pagpawi ng digmaan, ayaw natin ng digmaan; ngunit sa pamamagitan lamang ng digmaan mapapawi ang digmaan. Upang maiwaksi ang baril, kailangang humawak ng baril.

*Ibid.*

Ang digmaan, itong halimaw na ito ng pagpupuksaan ng mga tao, ay tuluyang mapapawi sa pag-unlad ng lipunan ng tao, at magaganap ito sa di-na-malayong hinaharap. Ngunit iisa lamang ang paraan ng pagpuksa rito: ipanlaban ang digmaan sa digmaan, ipanlaban ang digmaang rebolusyonaryo sa digmaang kontra-rebolusyonaryo, ipanlaban ang pambansang rebolusyonaryong digmaan sa pambansang kontra-rebolusyonaryong digmaan, at ipanlaban ang rebolusyonaryong makauring digmaan sa kontra-rebolusyonaryong makauring digmaan. . . . Kapag narating na ng lipunan ng tao ang panahong iyong pawi na ang mga uri at mga estado, mawawala na rin ang digmaan, rebolusyonaryo man o kontra-rebolusyonaryo, makatarungan man o di-makatarungan. Iyon ang

panahon ng walang hanggang kapayapaan para sa sangkatauhan. Dala ng ating pagnanais na pawiin ang lahat ng digmaan, pinag-aaralan natin ang mga batas ng rebolusyonaryong digmaan. Ito ang ikinaiiba nating mga Komunista sa lahat ng uring mapagsamantala.

"Mga Suliranin ng Estratehiya sa Rebolusyonaryong Digmaan sa Tsina" (Disyembre 1936), *Mga Piling Akda,* Tomo I.

Ang ating bansa pati na ang lahat ng iba pang bansang sosyalista ay nagnanais ng kapayapaan, gayundin ang sambayanan ng lahat ng bansa sa buong daigdig. Ang iilang pangkat lamang ng mga monopolyong kapitalista sa sasandakot na bansang imperyalista na umaasa sa pananalakay upang magkamal ng tubò ang may gusto ng digmaan at ayaw ng kapayapaan.

"Pambungad na Talumpati sa Ikawalong Pambansang Kongreso ng Partido Komunista ng Tsina" (Setyembre 15, 1956).

Upang marating ang pangmatagalang kapayapaan sa daigdig, dapat nating paunlaring lalo ang ating pakikipagkaibigan at pakikipagtulungan sa mga kapatid-bansa sa sosyalistang kampo at palakasin ang ating pakikipagkaisa sa lahat ng bansang mapagmahal sa kapayapaan. Dapat nating sikaping magkaroon ng normal na pakikipagugnayang diplomatiko sa lahat ng bansang nais makipamuhay sa atin nang mapayapa batay sa paggalang sa sang-isahan ng teritoryo at soberaniya ng isa't isa at sa pagkakapantay-pantay at kapakinabangan ng isa't isa. Dapat nating katigan nang buong sigla ang mga kilusan para sa pambansang pagsasarili't pagpapalaya ng mga bayan sa Asya, Aprika at Amerika Latina, gayundin ang mga kilusang pangkapayapaan at ang mga makatarungang pakikibaka ng lahat ng bansa sa daigdig.

*Ibid.*

Tungkol sa mga bansang imperyalista, kailangan nating makipagkaisa sa sam-

bayanan doon at magsikap na makipamuhay nang mapayapa sa mga bansang iyon, makipagkalakalan sa kanila at hadlangan ang lahat ng digmaang maaaring maganap, ngunit hindi tayo dapat magkaroon kailanman ng di-makatotohanang haka-haka tungkol sa kanila.

*Hinggil sa Wastong Paghawak ng mga Kontradiksiyon sa Hanay ng Sambayanan* (Pebrero 27, 1957).

Nais natin ng kapayapaan. Ngunit kung magpupumilit na magbunsod ng digmaan ang imperyalismo, wala na tayong magagawa pa kundi ang magpasiyang makihamok hanggang wakas bago natin ipagpatuloy ang ating konstruksiyon. Kung sa araw-araw na lamang ay katatakutan ang digmaan, ano na ang gagawin kung sumiklab na nga iyan? Una'y sinabi kong nangingibabaw ang Hanging Silangan sa Hanging Kanluran at hindi sisiklab ang digmaan; ngayon ay idinadagdag ko ang paliwanag na ito tungkol sa magiging kalagayan kung sakaling sumiklab

ang digmaan. Sa gayo'y naisaalang-alang na ang dalawang posibilidad.

> Talumpati sa Pulong ng mga Partido Komunista at mga Partido ng mga Manggagawa sa Moskow (Nobyembre 18, 1957), binanggit sa "Pahayag ng Tagapagsalita ng Pamahalaan ng Tsina" (Setyembre 1, 1963).

Pinag-uusapan ngayon sa buong mundo kung may sisiklab na ikatlong digmaang pandaigdig o wala. Dapat maging handa ang ating isipan sa bagay na ito at dapat tayong magsuri. Matatag ang ating paninindigan para sa kapayapaan at laban sa digmaan. Ngunit kapag nagpilit na maglunsad ng panibagong digmaan ang mga imperyalista, hindi natin iyon dapat katakutan. Ang ating palagay sa paksang ito ay tulad din ng ating palagay sa anumang gulo. Una, tutol tayo rito; ikalawa, hindi tayo takot dito. Ang Unang Digmaang Pandaigdig ay sinundan ng pagsilang ng Unyong Sobyet na may populasyong 200 milyon. Ang Ikala-

wang Digmaang Pandaigdig naman ay sinundan ng paglitaw ng sosyalistang kampo na may kabuuang populasyong 900 milyon. Kapag nagpilit ang mga imperyalista na maglunsad ng ikatlong digmaang pandaigdig, tiyak na ilandaang milyon pa ang papasapanig ng sosyalismo hanggang sa wala nang matirang sapat na lugar sa mundong ibabaw para sa mga imperyalista; malamang ding bumagsak nang ganap ang buong sistemang imperyalista.

*Hinggil sa Wastong Paghawak ng mga Kontradiksiyon sa Hanay ng Sambayanan* (Pebrero 27, 1957).

Manggulo, mabigo, manggulo muli, mabigo muli. . . . hanggang sa mapuksa; ito ang lohika ng mga imperyalista at ng lahat ng reaksiyonaryo ng buong daigdig sa harap ng ipinakikipaglaban ng sambayanan, at hinding-hindi sila lalabag sa lohikang ito. Isa itong batas ng Marxismo. Kapag sinasabi nating "mabalasik ang imperyalismo", ang ibig nating sabihi'y hindi kailanman magbabago ang kalikasan nito, na hindi kailan-

man bibitiwan ng mga imperyalista ang kanilang kutsilyong pangatay, na hindi sila kailanman magiging Buddha hanggang sa mapuksa.

Lumaban, mabigo, muling lumaban, mabigong muli, muling lumaban.... hanggang sa magtagumpay; ito ang lohika ng sambayanan, at sila man ay hinding-hindi lalabag sa lohikang ito. Isa pa itong batas ng Marxismo. Ang batas na ito ang sinunod ng rebolusyon ng sambayanang Ruso at siya ring sinusunod ng rebolusyon ng sambayanang Tsino.

"Iwaksi ang mga Ilusyon, Humanda sa Pakikibaka" (Agosto 14, 1949), *Mga Piling Akda*, Tomo IV.

Hindi dahil sa natamo na natin ang tagumpay ay puwede na tayong magluwag sa ating pagmamatyag sa mga hibang na pakana ng paghihiganti ng mga imperyalista at ng mga alipuris nila. Ang sinumang magluwag ng pagmamatyag ay nagwawalay sa

sarili ng sandata sa pulitika at inilalagay niya ang sarili sa posisyong pasibo.

"Talumpati sa Komite sa Paghahanda ng Bagong Kapulungan ng Sangguniang Pampulitika" (Hunyo 15, 1949), *Mga Piling Akda*, Tomo IV.

Hindi matatanggap ng mga imperyalista at ng mga tuta nilang reaksiyonaryong Tsino ang kanilang kabiguan sa lupaing ito ng Tsina. Lagi at lagi pa silang magsasabwatan laban sa sambayanang Tsino sa lahat ng posibleng paraan. Halimbawa, magpupuslit sila sa Tsina ng mga ahente nila para maghasik ng hidwaan at manggulo. Tiyak iyan, hinding-hindi nila kaliligtaan ang ganitong mga gawain. Isa pang halimbawa, uudyukan ng mga imperyalista ang mga reaksiyonaryong Tsino, at idaragdag pa man din nila ang sariling mga puwersa, upang harangan ang mga daungan ng Tsina. Gagawin nila ito hangga't maaari. At bukod pa nga riyan, kung maisip pa nilang makipagsapalaran, magpapadala pa sila ng ilang tropa

nila upang lusubin at guluhin ang mga hanggahan ng Tsina; hindi rin iyan imposible. Dapat nating isaalang-alang nang lubos ang lahat ng ito.

*Ibid.*

Ang daigdig ay umuunlad, ang hinaharap ay maliwanag; walang makapagbabago sa pangkalahatang tunguhing ito ng kasaysayan. Dapat nating ipropagandang lagi sa sambayanan ang tungkol sa nagaganap na pag-unlad ng daigdig at ang tungkol sa maningning nitong bukas upang magkaroon sila ng pananalig sa tagumpay.

"Hinggil sa mga Negosasyon sa Chungking" (Oktubre 17, 1945), *Mga Piling Akda,* Tomo IV.

Hinding-hindi dapat magluwag munti man ng determinasyong makibaka ang mga kumander at mandirigma ng Hukbong Mapagpalaya ng Bayan ng Tsina; mali ang

lahat ng pag-iisip na nagpapahina sa determinasyong makibaka at nagmamaliit sa kaaway.

"Ulat sa Ikalawang Sesyong Plenaryo ng Ikapitong Komite Sentral ng Partido Komunista ng Tsina" (Marso 5, 1949), *Mga Piling Akda,* Tomo IV.

# 6. TIGRENG PAPEL ANG IMPERYALISMO AT ANG LAHAT NG REAKSIYONARYO

Tigreng papel ang lahat ng reaksiyonaryo. Ang kanilang anyo'y nakasisindak ngunit ang totoo'y hindi naman sila ganoon kalakas. Sa pangmalayuang pananaw, hindi ang mga reaksiyonaryo kundi ang sambayanan ang tunay na makapangyarihan.

"Pakikipag-usap sa Koresponsal na Amerikanang si Anna Louise Strong" (Agosto 1946), *Mga Piling Akda,* Tomo IV.

Dahil nga sa walang kahit anong bagay sa daigdig na hindi nagtataglay ng dalawahang katangian (ito ang batas ng kaisahan ng magkasalungat), ang imperyalismo at ang

lahat ng reaksiyonaryo ay may dalawahan ding katangian — sila ay tunay na tigre at papel na tigre. Sa kasaysayan, bago naagaw ng uring may-alipin, ng piyudal na uring panginoong-maylupa at ng burgesya ang kapangyarihan ng estado, at pagkatapos niyo'y sa loob din naman ng isang takdang panahon, masigla sila, rebolusyonaryo at progresibo, sabihin pa'y mga tunay na tigre. Ngunit sa nilakad-lakad ng panahon, sapagkat ang kanilang kasalungat — ang uring alipin, ang uring magsasaka at ang proletaryado — ay unti-unting lumakas at nakibaka sa kanila nang may ibayong kabangisan, dahan-dahang naging kabaligtaran ng dati ang mga naghaharing uring ito, naging reaksiyonaryo, naging atrasado, naging tigreng papel, hanggang sa di-kalauna'y ibagsak ng sambayanan — bagay na naganap na at magaganap pa. Angkin pa rin ng mga reaksiyonaryo, paurong at nabubulok na uri ang ganitong dalawahang katangian kahit sa kahuli-hulihan na nilang buhay-at-kamatayang pakikitunggali sa sambayanan. Sa isang dako, mga tunay silang tigre, nangangain ng tao, ng milyun-milyong tao, ng pu-pong mil-

yong tao. Anupa't nadaraan ang pakikibaka ng sambayanan sa panahon ng kahirapan at kagipitan, sa landas na liku-liko. Sa Tsina, upang mawasak ang paghahari ng imperyalismo, piyudalismo at burukratang kapitalismo, mahigit sa sandaang taon ang kinailangan ng sambayanang Tsino at kung may ilampung milyong buhay ang ibinuwis hanggang sa nakamit ang tagumpay noong 1949. Inyong masdan! Hindi nga ba sila mga tigreng buháy, mga tigreng bakal, mga tigreng tunay? Ngunit sa bandang huli, sila ay naging tigreng papel, tigreng patay, tigreng tokwa. Mga pangyayari itong makikita sa kasaysayan. Hindi ba't nasaksihan o kundi ma'y narinig na ng mga tao ang mga pangyayaring ito? Laksa-laksa at libu-libo na nga ang ganoong pangyayari! Laksa-laksa, libu-libo! Kung gayon, ang imperyalismo at ang lahat ng reaksiyonaryo, kung sa kaibuturan nila pagmamasdan, sa pangmalayuang pananaw, sa estratehikong pananaw, ay dapat matambad kung ano talaga — mga tigreng papel. Dito natin

dapat ibatay ang ating estratehikong pag-iisip. Subalit sila rin nama'y mga buháy na tigre, bakal na tigre, tunay na tigreng nangangain ng tao. Dito naman natin dapat ibatay ang ating pantaktikang pag-iisip.

Talumpati sa Pulong sa Wuchang ng Pulitburo ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Tsina (Disyembre 1, 1958), binanggit sa paliwanag sa "Pakikipag-usap sa Koresponsal na Amerikanang si Anna Louise Strong", *Mga Piling Akda,* Tomo IV.

Nasabi ko nang tigreng papel lang ang lahat ng reaksiyonaryong itinuturing na makapangyarihan. Kasi, hiwalay sila sa sambayanan. Tingnan n'yo. Hindi ba't tigreng papel si Hitler? Hindi ba't naibagsak siya? Nasabi ko rin na tigreng papel lahat ang tsar ng Rusya, ang emperador ng Tsina at ang imperyalismong Hapones. Alam na natin na naibagsak silang lahat. Hindi pa nga naibabagsak ang imperyalismong Amerikano, at mayroon pa nga iyong bomba

atomika. Sa tingin ko, iyon man ay maibabagsak din, iyon man ay tigreng papel din.

Talumpati sa Pulong ng mga Partido Komunista at mga Partido ng mga Manggagawa sa Moskow (Nobyembre 18, 1957).

"Ang batong binuhat, sa sariling paa binagsak." Ito ay kasabihang Tsino na naglalarawan ng asal ng ilang hangal. Sa hanay na ito ng mga hangal nabibilang ang mga reaksiyonaryo sa lahat ng bansa. Kung tutuusin, mas magpapalawak lamang lalo at mas magpapatindi sa mga rebolusyong bayan ang kanilang pang-uusig sa rebolusyonaryong sambayanan. Hindi ba't ang mga pang-uusig ng tsar ng Rusya at ni Chiang Kai-shek sa rebolusyonaryong sambayanan ang siyang nagpabilis sa mga dakilang rebolusyong Ruso at Tsino?

"Talumpati sa Pulong ng Kataastaasang Sobyet ng U.S.S.R. sa Pagdiriwang ng Ika-40 Anibersaryo ng Dakilang Sosyalistang Rebolusyong Oktubre" (Nobyembre 6, 1957).

Nilusob ng imperyalismong Amerikano ang Taiwan na teritoryo ng Tsina at siyam na taon na niya itong sakop. Di pa natatagalan ay pinalabas nito ang kanyang sandatahang lakas upang salakayin at sakupin ang Lebanon. Daan-daang base militar na ang naitatayo ng Estados Unidos sa maraming bansa sa balat ng lupa. Ang Taiwan na teritoryo ng Tsina, ang Lebanon, at ang lahat ng base militar ng Estados Unidos sa ibang lupain ay para-parang lubid na pambigti sa leeg ng imperyalismong Amerikano. Ang gumawa ng mga pambigti ay ang mga Amerikano na rin at wala nang iba; sila na rin mismo ang naglagay ng mga pambigting iyon sa sarili nilang leeg, at sila pa rin ang nag-aabot ng kabilang dulo ng lubid sa sambayanang Tsino, sa mga sambayanang Arabe at sa lahat ng sambayanan ng daigdig na nagmamahal sa kapayapaan at laban sa pananalakay. Habang tumatagal ang mga mananalakay na Amerikano sa mga lugar

na iyon, lalo namang humihigpit ang mga pambigti sa kanilang leeg.

Talumpati sa Kataas-taasang Kapulungan ng Estado (Setyembre 8, 1958).

Hindi na magtatagal iyang imperyalismo, paano'y lagi nang gumagawa ng kasamaan. Sa lahat ng bansa'y wala na iyang katigil-tigil sa pagsusustento sa mga reaksiyonaryong laban sa sambayanan, puwersahan pa man din iyang nangangamkam ng maraming kolonya, mala-kolonya at base militar, at saka isinasapanganib pa nga niyan ang kapayapaan sa pamamagitan ng digmaang atomika. Imperyalismo na rin ang nagpilit kung gayon na magsipagbangon ngayon at sa hinaharap ang mahigit sa 90 porsiyento ng sambayanan ng daigdig laban sa kanya. Pero buhay pa nga ang imperyalismo, nanininibasib pa rin sa Asya, Aprika at Amerika Latina. Sa kanluran, inaapi pa rin ng imperyalismo ang sambayanan sa loob ng sarili

niyang bansa. Dapat mabago ang kalagayang ito. Tungkulin ng sambayanan ng buong daigdig na wakasan na ang pananalakay at pang-aaping ginagawa ng imperyalismo, lalung-lalo na ng imperyalismong Amerikano.

Sa pakikipanayam ng isang koresponsal ng Ahensiya sa Pagbabalita ng Hsinhua (Setyembre 29, 1958).

Gawa ng walang pakundangang paghahari-harian ng imperyalismong Amerikano kung saan-saan, ginawa niyang kaaway ng sambayanan ng daigdig ang sarili at lalo niyang inihiwalay ang sarili sa kanila. Ang mga ayaw paalipin ay hinding-hindi patatakot sa mga bomba atomika at mga bombang idroheno na nasa kamay ng mga imperyalistang Amerikano. Ang nagngangalit na pagdaluyong ng sambayanan ng daigdig sa mga mananalakay na Amerikano ay hindi mapipigil. Natitiyak nang magkakamit ng lalo pang dakilang mga tagumpay

ang kanilang pakikibaka sa imperyalismong Amerikano sampu ng mga alipuris nito.

"Pahayag ng Pagkatig sa Makatarungang Pakikibakang Makabansa ng Sambayanang Panamenyo Laban sa Imperyalismong Amerikano" (Enero 12, 1964), *Sambayanan ng Daigdig, Magkaisa at Gapiin ang mga Mananalakay na Amerikano at ang Lahat ng Alipuris Nila.*

Kung ipaggugumiitan ng mga pangkat ng mga monopolyong kapitalista ng Estados Unidos ang kanilang mga patakaran ng pananalakay at pandirigma, darating ang araw at bibitayin sila ng sambayanan ng daigdig. Ganito rin ang kapalarang naghihintay sa mga kasapakat ng Estados Unidos.

Talumpati sa Kataas-taasang Kapulungan ng Estado (Setyembre 8, 1958).

Sa loob ng mahabang panahon ay may nabuo tayong konsepto ng pakikibaka sa

kaaway, walang iba kundi ito: sa estratehiya ay dapat nating hamakin ang lahat ng kaaway natin, sa taktika ay dapat natin silang dibdibang harapin. Nangangahulugan din ito na kung titingnan sa kabuua'y dapat nating hamakin ang kaaway ngunit sa bawat kongkretong sulirani'y dapat natin silang harapin nang dibdiban. Kung hindi natin hahamakin ang kaaway sa kabuuan, oportunismo ang magiging pagkakamali natin. Dadalawa lamang sina Marx at Engels ngunit noon pa ma'y naipahayag na nila na maibabagsak ang kapitalismo sa buong daigdig. Gayunpaman, kapag natambad sa atin ang mga kongkretong suliranin at ang isa-isang partikular na kaaway, adbenturismo ang ating magiging pagkakamali kung hindi natin sila haharapin nang dibdiban. Sa digmaan ay isa-isa lamang naisasagawa ang mga labanan, baha-bahagi lamang ng kaaway ang napupuksa. Ang mga pagawaan ay una-una lamang naitatayo. Ang magsasaka ay pini-pinitak lamang kung makapag-araro. Sa kainan ma'y ganito rin. Sa punto ng estratehiya, walang anuman sa atin ang pagkain at siguradong mauubos natin. Su-

balit sa katotohanan ay paisa-isang subo ang kain. Hindi maaaring lunukin nang minsanan ang buong handa. Iyan ang tinatawag na isa-isang kalutasan. Sa salitang militar, iyan ang tinatawag na isa-isang paglipol sa kalaban.

Talumpati sa Pulong ng mga Partido Komunista at mga Partido ng mga Manggagawa sa Moskow (Nobyembre 18, 1957).

Sa palagay ko, paliko na ngayon sa isang bagong yugto ang kalagayan ng daigdig. Dalawa ang hanging humihihip sa daigdig ngayon: ang Hanging Silangan at ang Hanging Kanluran. May kasabihang Tsinong nagsasaad na "Kung hindi nangingibabaw sa Hanging Kanluran ang sa Silangan, nangingibabaw sa Hanging Silangan ang sa Kanluran." Naniniwala akong sa kalagayan ngayon ay nangingibabaw ang Hanging Silangan sa Hanging Kanluran. Ibig sabihin, lubos nang nangingibabaw sa lakas ng imperyalismo ang lakas ng sosyalismo.

*Ibid.*

## 7. MANGAHAS MAKIBAKA, MANGAHAS MAGTAGUMPAY

Sambayanan ng sandaigdigan, magkaisa at saka gapiin ang mga mananalakay na Amerikano at ang lahat ng alipuris nila. Sambayanan ng sandaigdigan, magpakatapang, mangahas lumaban, huwag katakutan ang kahirapan at saka sumulong na tulad ng alon. Sa gayon, magiging sa sambayanan ang buong daigdigan. Ang lahat ng klase ng mga halimaw ay mapupuksa.

"Pahayag ng Pagkatig sa Sambayanan ng Congo (L.) Laban sa Pananalakay ng Estados Unidos" (Nobyembre 28, 1964), *Sambayanan ng Daigdig, Magkaisa at Gapiin ang mga Mananalakay na Amerikano at ang Lahat ng Alipuris Nila.*

Matapos limiin ang kalagayang pandaigdig at ang kalagayang pambansa batay sa siyensiya ng Marxismo-Leninismo, nakita ng Partido Komunista ng Tsina na hindi lamang sa kinakailangang gapiin kundi maaari pa man ding gapiin ang lahat ng pananalakay ng mga reaksiyonaryo sa loob at labas ng bansa. Nang tabingan ng maitim na ulap ang kalangitan, sinabi nating iyo'y pansamantala lamang, madaling lilipas ang karimlan at susungaw din ang araw.

"Ang Kasalukuyang Kalagayan at ang Ating mga Tungkulin" (Disyembre 25, 1947), *Mga Piling Akda,* Tomo IV.

Sa kasaysayan ng sangkatauhan, makikitang kapag naharap sa mga puwersang rebolusyonaryo, ang mga puwersang reaksiyonaryong malapit nang mamatay ay nagkikikisay; kadalasang nadaraya sa unang tingin ang ilang rebolusyonaryo at para nga namang sa labas ay bumabanat pa itong sa kaloob-looba'y wala nang maibuga; hindi nila makita ang napakahalagang katotoha-

nang malapit nang mapuksa ang kaaway samantalang sila nama'y malapit nang magtagumpay.

"Ang Mapagpasiyang Yugto sa Ikalawang Digmaang Pandaigdig" (Oktubre 12, 1942), *Mga Piling Akda,* Tomo III.

Kung gusto nila [ng Kuomintang] ng laban, lilipulin natin silang ganap. Ganito ngayon ang lagay ng mga bagay-bagay: kapag sumalakay sila, lilipulin natin, tuwa na lang nila. Lipol nang kaunti, tuwa nang kaunti; lipol nang marami, pagkatuwa-tuwa; lipol nang ganap, katuwaang ganap. Masalimuot ang mga problema ng Tsina kaya pasali-salimuutin din naman natin nang kaunti ang isip natin. Kapag pumarito sila para tayo labanan, labanan din natin; ang paglaban nati'y alang-alang sa kapayapaan.

"Hinggil sa mga Negosasyon sa Chungking" (Oktubre 17, 1945), *Mga Piling Akda,* Tomo IV.

Kung may maparitong mananalakay at kung mahusay ang kondisyon para sa pakikipaglaban, tiyak na kikilos ang ating Partido upang ipagtanggol ang sarili at nang iyo'y tiyak, lubos, ganap at buung-buong malipol (hindi basta-basta lumalaban, kapag lumaba'y dapat magtagumpay). Hinding-hindi tayo dapat masindak sa mabalasik na pasiklab ng mga reaksiyonaryo.

"Hinggil sa mga Pangkapayapaang Pakikipagnegosasyon sa Kuomintang — Sirkular ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Tsina" (Agosto 26, 1945), *Mga Piling Akda,* Tomo IV.

Kung kami lamang ang masusunod, ayaw naming lumaban isang araw man lang. Pero kung pipilitin kami ng mga pangyayaring lumaban, kaya namin hanggang katapusan.

"Pakikipag-usap sa Koresponsal na Amerikanang si Anna Louise Strong" (Agosto 1946), *Mga Piling Akda,* Tomo IV.

Kapayapaan ang ibig natin. Ngunit hangga't hindi tinatalikdan ng imperyalismong Amerikano ang mga palalo at di-makatwirang pinaghihihingi niya pati na ang kanyang pakanang palawakin ang pananalakay, ang maipapasiya na lamang ng sambayanang Tsino ay ang ipagpatuloy ang pakikihamok kaagapay ng sambayanang Koreano. Hindi sa tayo ay mapandigma. Hangad nating wakasan na kapagdaka ang digmaan at ang mga nalalabing suliranin ay saka na lamang pag-usapan. Pero ayaw pumayag ng imperyalismong Amerikano sa ganito. Aba, e di ipagpatuloy ang labanan. Kahit pa ilang taon gustuhin ng imperyalismong Amerikano na makihamok, handa tayong makihamok, hanggang sa siya na mismo ang magnais tumigil, hanggang sa sandaling iyon ng ganap na tagumpay ng mga sambayanang Tsino at Koreano.

Talumpati sa Ikaapat na Sesyon ng Unang Pambansang Komite ng Kapulungan ng Sangguniang Pampulitika ng Sambayanang Tsino (Pebrero 7, 1953).

Dapat nating alisin sa ating hanay ang kaisipang lambutin, ang kaisipang nagpapahayag na wala nang makakayanang gawin. Mali ang ipalagay na sobra ang lakas ng kaaway at tawaran na ang lakas ng sambayanan.

"Ang Kasalukuyang Kalagayan at ang Ating mga Tungkulin" (Disyembre 25, 1947), *Mga Piling Akda,* Tomo IV.

Hindi dapat iasa ng mga inaaping sambayanan at inaaping bayan ang kanilang ikalalaya sa "katinuan" ng imperyalismo at ng mga alipuris nito. Magtatagumpay lamang sila kung kanilang palalakasin ang pagkakaisa at kung hindi sila tutugot sa pakikibaka.

"Pahayag ng Pagtutol sa Pananalakay sa Timog Biyetnam at sa Pamamaslang sa Taumbayan na Isinagawa ng Pangkating E.U.-Ngo Dinh Diem" (Agosto 29, 1963), *Sambayanan ng Daigdig, Magkaisa at Gapiin ang mga Mananalakay na Amerikano at ang Lahat ng Alipuris Nila.*

Kailanman sumiklab ang digmaang sibil sa buong bansa, dapat tayong maging handang-handa. Kung maaga-aga iyong dumating, bukas ng umaga halimbawa, dapat din tayong maging handa. Ito ang unang punto. Sa kalagayan ng daigdig at ng ating bansa sa ngayon, posibleng mataling pansamantala sa iisang lokalidad ang digmaang sibil o kaya'y maging puta-putaki lamang. Ito ang ikalawang punto. Ang unang punto ang siyang dapat nating paghandaan, ang ikalawang punto ang siyang malaon nang umiiral. Sa madaling sabi, dapat tayong maging handa. Kung handa tayo, mahaharap natin sa pinakaangkop na paraan ang lahat ng klase ng masasalimuot na kalagayan.

"Ang Kalagayan at ang Ating Patakaran Pagkapagtagumpay sa Digmaang Pagtatanggol Laban sa Hapon" (Agosto 13, 1945), *Mga Piling Akda,* Tomo IV.

## 8. DIGMAANG BAYAN

Ang digmaang rebolusyonaryo ay pakikidigma ng masa; maibubunsod ito sa pamamagitan lamang ng pagpapakilos sa masa at pagtitiwala sa kanila.

"Pagmalasakitan ang Kagálingan ng Masa, Bigyang-Pansin ang mga Paraan-ng-Paggawa" (Enero 27, 1934), *Mga Piling Akda*, Tomo I.

Ano ang tunay na muog na bakal? Ang masa, ang milyun-milyong mamamayang buong puso't buong katapatang nagtataguyod sa rebolusyon. Ito ang tunay na muog na bakal na hindi mawawasak, hinding-hindi mawawasak ng ano pa mang puwersa sa sanlibutan. Hindi tayo madudurog ng kontra-rebolusyon, tayo pa nga ang dudurog

doon. Kapag naibuklod ang milyun-milyong mamamayan sa paligid ng rebolusyonaryong pamahalaan at kapag naisulong ang rebolusyonaryo nating digmaan, malilipol natin ang lahat ng kontra-rebolusyon at mapasasaatin ang buong Tsina.

*Ibid.*

Ang masa ng sambayanan ang pinakamayamang kadluan ng kapangyarihan sa pagbubunsod ng digmaan. Pangunahin nang dahil sa hindi organisado ang masang Tsino kung kaya nakapangangahas ang Hapon na lapastanganin tayo. Kapag nalunasan ang kahinaang ito, ang mananalakay na Hapones ay paliligiran ng milyun-milyong mamamayang taas-noong nakatindig at siya, na wala nang iniwan sa torong ulol na sumasagasa sa ruweda ng apoy, ay manginginig na sa takot marinig lamang ang kanilang tinig; hindi maaaring hindi siya matupok.

"Hinggil sa Pangmatagalang Digmaan" (Mayo 1938), *Mga Piling Akda*, Tomo II.

Gayon na lamang ang pagsisiga-sigaan sa atin ng mga imperyalista kung kaya't kinakailangang harapin natin sila nang dibdiban. Hindi lamang tayo dapat magkaroon ng makapangyarihang hukbong regular, dapat din nating gawing puspusan ang pagtatatag ng mga pangkat ng milisyang bayan. Sa gayo'y mahihirapan ang mga imperyalista na gumalaw nang bahagya man kung sakali ngang salakayin nila ang ating bayan.

Sa pakikipanayam ng isang koresponsal ng Ahensiya sa Pagbabalita ng Hsinhua (Setyembre 29, 1958).

Kung isasaalang-alang ang kabuuan ng rebolusyonaryong digmaan, makikitang nagtutulungang tulad ng kanan at kaliwang kamay ang mga operasyon ng mga gerilyang bayan at ng pangunahing puwersang Pulang Hukbo. Kung tayo'y may Pulang Hukbo, na siya ngang pangunahing puwersa, subalit wala namang gerilyang bayan, magmimistula tayong mandirigmang iisa ang kamay. Sa kongkretong salita, lalung-lalo na

kung mga operasyong militar ang pag-uusapan, ang nasasandatahang taumbayan ang ibig nating sabihin sa tuwing babanggiting salik ng digmaan ang taumbayan sa baseng purok. Ito ang pangunahing dahilan kung bakit natatakot lumapit ang kaaway sa baseng purok natin.

"Mga Suliranin ng Estratehiya sa Rebolusyonaryong Digmaan sa Tsina" (Disyembre 1936), *Mga Piling Akda,* Tomo I.

Hindi mapag-aalinlanganang ang kalagayang pangmilitar, pampulitika, pang-ekonomiya at pangkalikasan ng naglalabanang panig ang pangunahing nagpapasiya sa kalalabasan ng digmaan. Ngunit hindi ang mga kalagayang ito lamang ang mahalaga. May kinalaman din dito ang kakayahang subhetibo ng dalawang panig na patnubayan ang digmaan. Sa pagsisikap na magtagumpay sa digmaan, hindi makalalagpas ang dalubmilitar sa mga limitasyong itinakda ng mga materyal na kondisyon; subalit sa loob ng

mga limitasyong iyon ay maaari at dapat pa rin niyang pagsikapang magtagumpay. Ang tanghalang kinikilusan ng dalubmilitar ay sa mga obhetibong materyal na kondisyon nakatayo, ngunit sa tanghalang iyon ay maaari niyang patnubayan ang pagtatanghal ng maraming dulang lipos ng kahanga-hangang aksiyon ng epikong maringal.

*Ibid.*

Walang ibang layunin ang digmaan kundi "pangalagaan ang sarili at lipulin ang kaaway" (ang paglipol sa kaaway ay nangangahulugang alisan siya ng sandata o "alisan siya ng kakayahang lumaban" at hindi nangangahulugang lilipulin na ang bawat kasapi ng kanyang puwersa). Sa digmaan noong unang panahon, ang sibat at kalasag ang ginagamit — ang sibat, upang salakayin at lipulin ang kaaway; ang kalasag, upang ipagtanggol at pangalagaan ang sarili. Patuloy pa rin hanggang ngayon sa lahat ng sandata ang katangian ng sibat at kalasag. Ang eroplanong pambomba, ang masinggan, ang kanyong pangmalayuan at ang gas

na lason ay bunga ng pag-unlad ng sibat samantalang ang kanlungan laban sa salakay panghimpapawid, ang aserong helmet, ang mga sementadong kuta at ang gas mask ay bunga ng pag-unlad ng kalasag. Ang tangke ay bagong sandatang gumaganap ng kambal na tungkulin ng sibat at kalasag. Pagsalakay ang pangunahing paraan ng paglipol sa kaaway, ngunit hindi pa rin puwedeng iwaksi ang pagtatanggol. Ang kagyat na layunin ng pagsalakay ay lipulin ang kaaway, ngunit pangangalaga rin ito sa sarili, sapagkat kung hindi malilipol ang kaaway ay ikaw ang malilipol. Ang kagyat na layunin naman ng pagtatanggol ay pangalagaan ang sarili, ngunit paraan din ito ng pagtulong sa pagsalakay o paghahanda sa pagsalakay. Ang pag-urong ay nasa kategorya ng pagtatanggol at pagpapatuloy ng pagtatanggol samantalang ang pagtugis ay pagpapatuloy ng pagsalakay. Dapat bigyang-diin na paglipol sa kaaway ang pangunahing layunin ng digmaan at pangangalaga sa sarili ang pangalawa, sapagkat mapangangalagaan lamang natin nang maigi ang sarili sa pamamagitan ng paglipol sa maraming-maraming

kaaway. Samakatwid, ang pagsalakay, na siyang prinsipal na paraan ng paglipol sa kaaway, ang nangunguna; samantalang ang pagtatanggol, na siyang pantulong na paraan ng paglipol sa kaaway at isang paraan ng pangangalaga sa sarili, ang pumapangalawa. Sa aktuwal na pakikihamok, pagtatanggol ang kadalasa'y gumaganap ng pangunahing papel at sa ibang pagkakataon na lamang iyon nagagampanan ng pagsalakay; ngunit sa kabuuan ng digmaan, ang pagsalakay pa rin ang pangunahin.

"Hinggil sa Pangmatagalang Digmaan" (Mayo 1938), *Mga Piling Akda,* Tomo II.

Ang lahat ng simulaing pumapatnubay sa mga operasyong militar ay nababatay sa iisang saligang simulain: gawin ang lahat ng makakaya upang mapangalagaan ang sariling puwersa at malipol ang sa kaaway. . . . Paano natin ngayon maipaliliwanag ang pagtataguyod sa magiting na pag-aalay ng buhay sa digmaan? May kabayarang sinisingil ang bawat digmaan, magkaminsa'y

napakalaking halaga. Hindi ba ito salungat sa "pangangalaga sa sarili"? Wala ni isa mang salungatan dito sa katunayan; sa mas tumpak na pananalita, magkasalungat at nagtutulungan ang pag-aalay ng buhay at pangangalaga sa sarili sapagkat kinakailangan ang gayong pagpapakasakit hindi lamang upang malipol ang kaaway kundi upang mapangalagaan rin ang sarili — kinakailangan ang di-lubos at pansamantalang "di-pangangalaga" (ang pag-aalay ng buhay o ang kabayarang halaga) alang-alang sa pamalagiang pangangalaga ng buong puwersa. Sa saligang simulaing ito nagmumula ang sangkalipunan ng mga simulaing pumapatnubay sa lahat ng operasyong militar — mula sa simulain ng pagbaril (pagkubli para pangalagaan ang sarili at lubusang paggamit sa lakas ng sandata upang lipulin ang kaaway) hanggang sa mga simulain ng estratehiya — na para-parang lipos ng diwa ng saligang simulaing ito. Nauukol sa katuparan ng saligang simulaing nabanggit ang lahat ng simulain hinggil sa teknik militar, taktika, kampanya at estratehiya. Ang simulain ng pangangalaga sa sarili at paglipol sa

kaaway ang batayan ng lahat ng simulaing militar.

"Mga Suliranin ng Estratehiya sa Digmaang Gerilya Laban sa Hapon" (Mayo 1938), *Mga Piling Akda*, Tomo II.

Ang sumusunod ang mga simulain natin sa operasyong militar:

(1) Unang salakayin ang kalat-kalat at nakahiwalay na puwersa ng kaaway; salakayin pagkatapos ang nakatipun-tipon at malalakas na puwersa ng kaaway.

(2) Unang kunin ang maliliit at katamtamang lunsod at ang malawak na kanayunan; kunin pagkatapos ang malalaking lunsod.

(3) Gawing pangunahing layunin ang paglipol sa buháy na puwersa ng kaaway at huwag ang paghawak o pagkuha ng lunsod o teritoryo. Nakahahawak o nakakukuha ng lunsod o teritoryo bunga ng paglipol sa buháy na puwersa ng kaaway, at kadalasan, ma-

tapos na lamang ng kung may ilang ulit na pagpapalipat-lipat ng kamay nahahawakan o nakukuhang ganap ang isang lunsod o teritoryo.

(4) Sa bawat labanan, magtipon ng puwersang ganap na nakalalamang (dalawa, tatlo, apat at kung minsa'y kahit pa nga lima o anim na beses kaysa puwersa ng kaaway), paligiran nang husto ang puwersa ng kaaway, sikaping lipulin sila nang lubusan at huwag pababayaang may makalusot sa lambat. Sa mga natatanging kalagayan, gamitin ang paraan ng pagbibigay ng mapangwasak na dagok sa kaaway, ang ibig sabihi'y tipunin ang lahat ng ating puwersa upang salakayin ang harapan ng kaaway at ang isa o ang dalawa niyang tagiliran, sa layuning malipol ang isang bahagi ng kanyang tropa at malansag naman ang isa pa, nang sa gayo'y makalipat nang mabilis ang mga puwersa ng ating hukbo at makadurog ng iba pang puwersa ng kaaway. Pagsikapang makaiwas sa mga labanang ubusán na higit pa ang nawawala natin kaysa na-

tatamo o kaya'y pumapatas lamang tayo. Sa ganitong paraan, bagamat sa kabuuan ay nahihigtan tayo (sa dami), tayo pa rin ang ganap na nakalalamang sa bawat bahagi at bawat partikular na labanan, at matitiyak nitong mapasasaatin ang tagumpay sa buong operasyon. Sa kalaunan, tayo na ang makalalamang sa kabuuan at malilipol din natin ang lahat ng kaaway.

(5) Huwag makipaglaban kung hindi rin lang handa at kung hindi rin lang tiyak ang tagumpay; gawin ang lahat ng makakaya upang maging handa sa bawat labanan, at batay sa paghahambing ng kalagayan natin at ng kaaway ay tiyakin ang tagumpay.

(6) Patingkarin ang ating estilo ng paglaban — kagitingan sa labanan, kawalang-takot sa pagpapakasakit, di pagalintana sa pagod at walang humpay na pakikihamok (ibig sabihi'y walang pahingang pakikipagsagupaang sunud-sunod sa loob ng maikling panahon).

(7) Pagsikapang lipulin ang kaaway kung siya'y nagmamaniobra. Kaalinsa-

bay nito, bigyang-pansin ang mga taktika ng posisyonal na pagsalakay at kunin ang mga kuta at lunsod na nasa kamay ng kaaway.

(8) Tungkol sa pagsalakay sa mga lunsod, buong tatag na kunin ang lahat ng kuta at lunsod na nasa kamay ng kaaway na mahina ang depensa. At sa tamang sandali, kung ipinahihintulot ng kalagayan, kunin ang lahat ng kuta at lunsod na nasa kamay ng kaaway na katamtamang-lakas ang depensa. Tungkol naman sa mga kuta at lunsod na malakas ang depensa ng kaaway, hintaying mahinog ang kondisyon at saka iyon agawin.

(9) Ipampunô sa ating hukbo ang lahat ng sandata at ang karamihan sa mga tauhang nabihag sa kaaway. Ang larangan ang pangunahing pinagkukunan ng lakas-tauhan at mga gamit ng ating hukbo.

(10) Samantalahing mabuti ang panahon sa pagitan ng mga kampanya upang makapagpahinga, makapagsanay at makapagpalakas ang ating mga tropa.

Sa kalahatan, hindi dapat maging napakatagal ng panahon ng pahinga, pagsasanay at pagpapalakas sapagkat hangga't maaari ay hindi dapat bigyan ng pagkakataong makapagpahinga ang kaaway.

Ito ang mga pangunahing paraang ginagamit na ng Hukbong Mapagpalaya ng Bayan upang magapi si Chiang Kai-shek. Bunga ito ng pagkakapanday ng Hukbong Mapagpalaya ng Bayan sa matagal nang pakikitalad sa mga kaaway na katutubo at banyaga; bagay na bagay ito sa kasalukuyan nating kalagayan. . . . Ang ating estratehiya at taktika ay sa digmaang bayan nakasalig; walang hukbong laban sa sambayanan na maaaring gumamit ng ating estratehiya at taktika.

"Ang Kasalukuyang Kalagayan at ang Ating mga Tungkulin" (Disyembre 25, 1947), *Mga Piling Akda,* Tomo IV.

Kung hindi handa, ang kalamangan ng puwersa ay hindi tunay na kalamangan at wala ring inisyatiba. Kapag naunawaan ang

puntong ito, ang nakalalamang na kaaway ay madalas nang magagapi sa pamamagitan ng biglaang pagsalakay ng nahihigtan ngunit lagi namang handang puwersa.

"Hinggil sa Pangmatagalang Digmaan" (Mayo 1938), *Mga Piling Akda,* Tomo II.

## 9. ANG HUKBONG BAYAN

Kung walang hukbong bayan, wala nang kahit anupaman ang sambayanan.

"Hinggil sa Pamahalaang Koalisyon" (Abril 24, 1945), *Mga Piling Akda,* Tomo III.

Makapangyarihan ang hukbong ito sapagkat may mulat na disiplina ang lahat nitong kasapi; nagkasama-sama sila at lumalaban hindi para sa pansariling interes ng iilang tao o ng isang maliit na pangkat lamang, kundi alang-alang sa malawak na masa ng sambayanan, alang-alang sa buong bayan. Ang tanging layunin ng hukbong ito ay ang buong higpit na makiisa sa sambayanang Tsino at taos-pusong maglingkod sa kanila.

*Ibid.*

Ang Pulang Hukbo ng Tsina ay sandatahang organisasyong nagsasagawa ng tungkuling pampulitika ng rebolusyon. Lalung-lalo na sa ngayon, talagang hindi dapat na pakikipaglaban lamang ang ginagawa ng Pulang Hukbo; bukod sa paglaban upang puksain ang lakas-militar ng kaaway ay dapat din nitong balikatin ang mahahalagang tungkuling tulad ng pagpopropaganda sa masa, pag-oorganisa sa masa, pagpapasandata sa kanila, pagtulong sa kanilang magtatag ng rebolusyonaryong kapangyarihang pampulitika at ng mga organisasyon ng Partido. Lumalaban ang Pulang Hukbo hindi lamang basta para makalaban kundi para makapagpropaganda sa masa, para maorganisa at mapapagsandata sila, at para matulungan silang magtatag ng rebolusyonaryong kapangyarihang pampulitika. Kung wala ang mga layuning ito, wala na ring kahulugan ang paglaban at hindi na kailangang magkaroon pa ng Pulang Hukbo.

"Hinggil sa Pagwawasto ng mga Maling Kaisipan sa Loob ng Partido" (Disyembre 1929), *Mga Piling Akda,* Tomo I.

Lalaging puwersang panlaban ang Hukbong Mapagpalaya ng Bayan. Pagkapagtagumpay man sa buong bansa, mananatili pa ring puwersang panlaban ang ating hukbo habang nasa yugto pa ng kasaysayan na ang mga uri sa ating bansa ay hindi pa pawî at habang nasa daigdig pa ang sistemang imperyalista. Ang puntong ito ay dapat maunawaan at hindi dapat pag-alinlanganan.

"Ulat sa Ikalawang Sesyong Plenaryo ng Ikapitong Komite Sentral ng Partido Komunista ng Tsina" (Marso 5, 1949), *Mga Piling Akda*, Tomo IV.

Mayroon tayong hukbo para sa pakikipaglaban at hukbo para sa paggawa. Para sa pakikipaglaban, nariyan ang Hukbo ng Ikawalong Ruta at ang Bagong Ikaapat na Hukbo; ngunit ang mga ito man ay may dalawang tungkulin, pakikidigma at produksiyon. Sa pagkakaroon ng dalawang klase ng hukbong ito, at sa pagkakaroon ng hukbong panlaban na sanay sa dalawang tungkuling nabanggit at pati na sa gawaing

pangmasa, mapangingibabawan natin ang mga kahirapan at magagapi natin ang imperyalismong Hapones.

"Maging Organisado!" (Nobyembre 29, 1943), *Mga Piling Akda*, Tomo III.

Mapatatatag ang ating tanggulang bansa; wala nang imperyalista pang papayagang makapanakop muli ng ating lupain. Dapat papanatilihin at payabungin ang mga sandatahang lakas ng bayan natin na ang pinakasandigan ay ang magiting at subok na Hukbong Mapagpalaya ng Bayan. Magkakaroon tayo hindi lamang ng malakas na hukbong katihan kundi pati na ng malakas na hukbong himpapawid at malakas na hukbong dagat.

Pambungad na talumpati sa Unang Sesyong Plenaryo ng Kapulungan ng Sangguniang Pampulitika ng Sambayanang Tsino (Setyembre 21, 1949).

Ang simulain natin: ang Partido ang namumuno sa baril, at hinding-hindi dapat hayaang baril ang mamuno sa Partido.

"Mga Suliranin ng Digmaan at Estratehiya" (Nobyembre 6, 1938), *Mga Piling Akda*, Tomo II.

Dapat pakatandaan ng lahat ng ating pinuno at mandirigma na tayo ang dakilang Hukbong Mapagpalaya ng Bayan, tayo ang mga tropang pinamumunuan ng dakilang Partido Komunista ng Tsina. Lagi lamang nating susundin ang mga tagubilin ng Partido ay tiyak nang magtatagumpay tayo.

"Manipesto ng Hukbong Mapagpalaya ng Bayan ng Tsina" (Oktubre 1947), *Mga Piling Akda*, Tomo IV.

# 10. PAMUMUNO NG MGA KOMITE NG PARTIDO

Ang sistema ng mga komite ng Partido ay mahalagang institusyon ng Partido upang matiyak ang kolektibong pamumuno at maiwasang masarili ng iisang tao ang pangangasiwa sa mga gawain. Natuklasan kamakailan lamang na nakagawian na sa ilang namumunong organo (mangyari pa'y hindi naman sa lahat) na sarilinin ng iisang tao ang pangangasiwa sa mga gawain at ang pagpapasiya sa mahahalagang suliranin. Iisang tao nga ang nagpapasiya ng mga kalutasan sa mahahalagang suliranin sa halip na ang mga pulong ng komite ng Partido, kaya nga ba't sa pangalan na lamang tuloy ang pagiging kasapi sa komite. Hindi malutas-lutas ang pagkakaiba ng mga palagay ng mga kasapi ng komite at matagal iyong

naiiwang nakabitin. Sa anyo lamang at hindi sa katotohanan nagkakaisa ang mga kasapi ng komite ng Partido. Dapat baguhin ang ganitong kalagayan. Magmula ngayon, kailangang magbuo ng mahusay na sistema ng pagpupulong ng komite ng Partido sa lahat ng namumunong organo, mula sa mga kawanihang panrehiyon ng Komite Sentral hanggang sa mga pamprepekturang komite ng Partido; mula sa mga komite ng Partido sa larangan hanggang sa mga komite ng Partido sa brigada at sa purok-militar (mga sub-komisyon ng Rebolusyonaryong Komisyong Militar o mga namumunong pangkat); at sa mga pangkat ng mga namumunong kasapi ng Partido sa mga sangay ng pamahalaan, sa mga organisasyong pambayan, sa ahensiya sa pagbabalita at sa mga tanggapan ng pahayagan. Dapat isangguni sa komite upang matalakay ang lahat ng mahahalagang suliranin (mangyari pa'y hindi yaong mga walang kaparakan at maliliit na suliranin ni yaong mga suliraning napagpasiyahan na ang kalutasan matapos talakayin sa pulong at kailangan na lamang ipatupad) at dapat na ipahayag nang lubu-

san ng mga naroroong kasapi ng komite ang kanilang mga palagay at dapat silang gumawa ng mga maliliwanag na pasiyang dapat namang isakatuparan ng mga kasaping kinauukulan. . . . Ang mga pulong ng komite ng Partido ay kailangang mahati sa dalawang kategoryang hindi dapat ipagkamali sa isa't isa: mga pulong ng pamalagiang komite at mga sesyong plenaryo. Bukod dito, dapat pag-ingatang huwag mabigyan ng labis na diin ang isa sa dalawa — kolektibong pamumuno o personal na pananagutan — sa kapabayaan naman ng isa pa. Sa hukbo, may karapatan ang pinuno na gumawa ng mga pangkagipitang kapasiyahan sa labanan at kung hinihingi rin lang ng pangyayari.

"Hinggil sa Pagpapalakas ng Sistema ng mga Komite ng Partido" (Setyembre 20, 1948), *Mga Piling Akda,* Tomo IV.

Dapat na maging mahusay na "lider ng iskuwad" ang kalihim ng komite ng Partido. May sampu hanggang dalawampung kasapi

ang isang komite ng Partido, para bang iskuwad sa hukbo; at wala ngang iniwan sa "lider ng iskuwad" ang kalihim. Talaga namang hindi madaling pamunuan nang mahusay ang iskuwad na ito. Malawak na lugar ang pinamumunuan ngayon at mabibigat na pananagutan ang isinasabalikat ng bawat kawanihan ng Komite Sental sa mga rehiyon o sub-rehiyon. Hindi lamang pagpapasiya sa mga pangkalahatan at partikular na patakaran ang kahulugan ng pamumuno kundi paglikha rin ng mga wastong paraan-ng-paggawa. Wasto man ang mga pangkalahatan at partikular na patakaran, may mga suliranin pa ring magsusulputan kung pababayaan ang mga paraan-ng-paggawa. Upang magampanan ng komite ng Partido ang tungkuling mamuno, dapat itong umasa sa mga "kasapi ng iskuwad" at dapat pagampanan sa kanila nang husto ang kani-kanilang tungkulin. Upang maging mahusay na "lider ng iskuwad", dapat mag-aral at magsuring mabuti ang kalihim. Mahihirapang mamuno nang mahusay sa kanyang "iskuwad" ang kalihim o pangalawang kalihim kung hindi niya bibigyang-pansin ang

pagpopropaganda at ang gawaing pang-organisasyon sa sarili niyang mga "kasapi ng iskuwad", kung hindi niya mapakikitunguhan nang mahusay ang mga kasapi ng komite o kung hindi niya pag-aaralan kung papaano magiging matagumpay ang mga pulong. Kung hindi marunong magmartsa nang sabay-sabay ang mga "kasapi ng iskuwad", hindi sila makapamumuno ng milyun-milyong tao sa labanan at sa konstruksiyon. Sabihin pa, ang ugnayan ng kalihim at ng mga kasapi ng komite ay ugnayan ng pagsunod ng minorya sa mayorya kung kaya may pagkakaiba sa ugnayan ng lider ng iskuwad at ng mga tauhan niya. Paghahalintulad lamang ang ating ginawa.

"Mga Paraan-ng-Paggawa ng mga Komite ng Partido" (Marso 13, 1949), *Mga Piling Akda*, Tomo IV.

Isahapag ang mga suliranin. Hindi lamang "lider ng iskuwad" ang dapat na gumawa nito kundi pati na ang mga kasapi ng komite. Huwag pag-usapan ang iba sa likuran

nila. Kapag may sumulpot na problema, tumawag ng pulong, isahapag ang mga suliranin upang matalakay, gumawa ng mga pasiya't malulutas at malulutas ang problema. Kung may mga suliranin at hindi isasahapag, matagal iyong hindi malulutas at malamang pa ngang magpatuloy sa loob ng maraming taon. Dapat magkaunawaan ang "lider ng iskuwad" at ang mga kasapi ng komite. Wala nang hihigit pa sa kahalagahan ng pagkakaunawaan, pagkakatigan at pagkakaibigan ng kalihim at ng mga kasapi ng komite, ng Komite Sentral at ng mga kawanihang panrehiyon nito, at saka ng mga kawanihang panrehiyon at ng mga pampurok na komite ng Partido.

*Ibid.*

"Magpalitan ng impormasyon." Nangangahulugan ito na dapat magsabihan at magpalitan ng kuru-kuro ang mga kasapi ng komite tungkol sa mga bagay-bagay na umaabot sa kanilang kaalaman. Napakahalaga nito sa pagkakaroon ng iisang wika. Pero hindi ganito ang ginagawa ng iba at sa

halip ay nakakapara nila ang mga taong inilarawan ni Lao Tzu: "Sa tahol at tilaok ay nagkakarinigan; tumanda na't namatay, di man lang nagdalawan." Hindi tuloy sila nagkakaroon ng iisang wika.

*Ibid.*

Tanungin ang mga nakababababa sa iyo tungkol sa mga bagay na hindi mo nauunawaan o kaya'y hindi mo alam; huwag basta na lamang sumang-ayon o tumutol. . . . Huwag tayong magkukunwaring alam natin ang hindi natin alam, dapat ay "huwag mahiyang magtanong sa nakabababa" at dapat nating pakinggang mataman ang mga palagay ng mga kadreng nasa antas na nakabababa. Maging mag-aaral muna bago maging guro; sumangguni muna sa mga kadreng nasa antas na nakabababa bago magpalabas ng mga kautusan. . . . Maaaring tama at maaari rin namang mali ang sinasabi ng mga kadre sa antas na nakabababa; pagkarinig niyo'y dapat iyong suriin. Kung tama ang palagay, dapat nating pakinggan at sundin. . . . Makinig din sa mga maling

palagay ng nakababababa; mali ang hindi man lang sila pakinggan. Gayunman, hindi dapat sundin ang gayong mga palagay bagkus ay dapat punahin.

*Ibid.*

Matutong "tumugtog ng piyano". Sa pagtugtog ng piyano, gumagalaw ang lahat ng sampung daliri; hindi maaaring ilang daliri lamang ang igalaw at ang iba ay hindi na. Ngunit kung ititipa nang sabay-sabay ang lahat ng daliri, walang malilikhang tono. Upang makalikha ng magandang tugtugin, dapat na maging koordinado at naaayon sa kumpas ang galaw ng sampung daliri. Dapat masapol nang buong higpit ng komite ng Partido ang pangunahing tungkulin nito habang nagpapasimula rin naman ng mga gawain sa iba't ibang larangang kaugnay ng pangunahing tungkulin. Sa ngayon, maraming larangan ang dapat nating pamahalaan, dapat nating asikasuhin ang trabaho sa bawat lugar, bawat yunit ng hukbo, bawat kagawaran; hindi natin dapat ituon ang buong pansin natin sa iilang suliranin at

iwanan na lamang ang iba. Kung saan may suliranin, iyon ang tipahin; paraan itong dapat nating matutuhan nang buong husay. May mahusay tumugtog ng piyano at mayroon namang hindi; malaki ang pagkakaiba ng tugtog nila. Dapat matutong "tumugtog ng piyano" nang mahusay ang mga kasapi ng komite ng Partido.

*Ibid.*

"Higpitan ang hawak." Ang ibig na ngang sabihin nito'y hindi lamang dapat basta "hawakan" ng komite ng Partido ang mga pangunahing tungkulin nito, bagkus ay dapat nito iyong "hawakan nang mahigpit". Sa paghawak mo lamang nang mahigpit, nang walang bahagya mang pagluluwag, saka masasabing mayroon kang kapit-kapit. Ang hindi mahigpit na hawak ay para na ring di paghawak. Mangyari pa, walang makakapitan ang nakabukas na kamay. Kung nakakuyom naman ang kamay ngunit hindi rin mahigpit, gaya na rin sa paghawak, wala pa ring pagkapit. May mga kasamang humahawak ng mga pangunahing tungkulin na

hindi naman mahigpit ang paghawak, kaya hindi pa rin nila magawa nang maayos ang trabaho nila. Hindi maaari ang hindi man lamang humawak, at gayon din naman, kung ang hawak ay hindi mahigpit.

*Ibid.*

"Magpakahusay sa numero." Ang ibig sabihin nito'y dapat nating bigyang-pansin ang mga aspektong pangkantidad ng isang sitwasyon o suliranin at dapat tayong gumawa ng mapagbabatayang pagsusuring pangkantidad. Sa isang tiyak na kantidad lumalabas ang bawat kalidad at kung walang kantidad ay walang kalidad. Hanggang ngayo'y hindi pa maunawaan ng marami sa ating mga kasama na kinakailangan nilang harapin ang mga aspektong pangkantidad ng mga bagay — ang saligang estadistika, ang mga pangunahing porsiyento at ang mga limitasyong pangkantidad na nagpapasiya sa kalidad ng mga bagay. Hindi sila "mahusay sa numero" at bunga nito'y hindi nila maiwasan ang magkamali.

*Ibid.*

"Patalastas sa Madla." Kung magpupulong ay ipaalam nang maaga, katulad ba ng pagpapalabas ng "Patalastas sa Madla", nang sa gayo'y malaman na ng bawat isa kung anu-ano ang tatalakayin at anu-ano ang mga suliraning lulutasin upang makapaghanda naman sila sa oras. Sa ilang lugar, tumatawag ng pulong ng kadre nang hindi man lamang muna naghahanda ng ulat at burador na resolusyon; kapag nagdatingan na lamang ang mga tao ay saka nagkakanggagahol sa paggawa ng panakip-butas. Wala itong iniwan sa kasabihang "Dumating na ang mga tropa't kabayo, hindi pa rin handa ang pagkai't damo"; hindi ito maganda. Huwag kara-karakang tatawag ng pulong kung hindi pa nakapaghahanda.

*Ibid.*

"Mas kaunti at mas mahusay na tropa, at mas simpleng pangangasiwa." Dapat maging maikli at tuwiran ang lahat ng binibigkas na pananalita, lahat ng talumpati,

artikulo at resolusyon. Hindi rin dapat magpakahaba ang mga pulong.

*Ibid.*

Kapag may ginagawa'y bigyang-pansin ang pakikipagkaisa sa mga kasamang hindi mo kapalagay. Dapat itong tandaan mapasaanman, maging sa mga lokalidad o kaya'y sa hukbo. Ganito rin ang dapat gawin sa mga di-kasapi ng Partido. Sa apat na sulok ng bansa tayo nangagsipanggaling at ngayon nga'y nagkasama-sama; sa ating gawain, dapat tayong maging mahusay sa pakikipagkaisa hindi lamang sa mga kasamang kapalagay natin kundi maging doon sa mga may ibang palagay.

*Ibid.*

Pakaiwasan ang pagmamataas. Kuwestiyon ito ng prinsipyo ng sinumang namumuno at isang mahalagang kondisyon upang mapanatili ang pagkakaisa. Hindi dapat magmataas kahit na yaong hindi pa naka-

gagawa ng mabibigat na kamalian at sa gawai'y malalaki na ang naging tagumpay.

*Ibid.*

Gumuhit ng dalawang linyang mapagkikilanlan. Una, linyang mapagkikilanlan ng rebolusyon at kontra-rebolusyon, ng Yenan at Sian.[1] Mayroong hindi nakauunawa kung bakit dapat gumawa ng ganitong pag-iiba. Halimbawa, kapag binabaka ang burukrasya at nabanggit ang Yenan ay para bang "wala nang tama" roon kung magsalita sila; hindi nila mapaghambing at mapag-iba ang burukrasya sa Yenan at burukrasya sa Sian. Pundamental na pagkakamali ito. Ikalawa, sa hanay ng mga rebolusyonaryo ay dapat gumuhit ng linyang mapagkikilanlan ng tama

[1] Ang Yenan ang punong-himpilan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Tsina mula Enero 1937 hanggang Marso 1947; ang Sian ang sentro ng reaksiyonaryong paghahari ng Kuomintang sa hilagang-kanluran ng Tsina. Binanggit ni Kasamang Mao Tsetung ang dalawang lunsod bilang sagisag ng rebolusyon at kontra-rebolusyon.

at mali, ng gawaing may mabuting resulta at ng gawaing may pagkukulang, at dapat liwanagin kung alin sa dalawa ang nangunguna at alin ang pumapangalawa. Halimbawa, 30 porsiyento ba ng kabuuan ang may mabuting resulta o 70 porsiyento? Hindi maaari ritong kulangan o sobrahan ang sasabihin. Dapat tayong gumawa ng pundamental na pagtitimbang-timbang ng gawain ng isang tao at dapat nating tiyakin kung 30 porsiyento nga ang nagawa niyang may mabuting resulta at 70 porsiyento naman ang mga pagkakamali, o kaya'y kung ang kabaligtaran nito ang totoo. Kung ang mga nagawa niyang may mabuting resulta ay 70 porsiyento ng kabuuan, dapat pagtibayin sa kabuuan ang kanyang gawain. Ganap na pagkakamali ang sabihing mas marami ang kamalian sa isang gawaing mas marami namang talaga ang natamong kabutihan. Sa pagtingin natin sa mga suliranin, hindi natin dapat kaligtaang iguhit ang dalawang linyang ito na mapagkikilanlan: ng rebolusyon nga at kontra-rebolusyon, at saka ng mga gawaing may mabuting resulta at mga gawaing may pagkukulang. Madali nang

gawin ang gagawin kung tatandaan natin ang dalawang guhit na ito at kung hindi naman ay malilito tayo sa katangian ng suliranin. Mangyari pa, upang mapahusay ang pagguhit na ito'y kailangang maging mahusay sa pag-aaral at pagsusuri. Ang aktitud natin sa bawat tao at bawat bagay ay dapat na maging aktitud ng pagsusuri at pag-aaral.

*Ibid.*

Sa larangan ng organisasyon, tiyakin ang pagkakaroon ng demokrasya sa ilalim ng sentralisadong pamamatnubay. Ganito ang mga panuntunan para ito maisakatuparan:

(1) Upang maging sentro ng pamunuan, dapat magkaroon ng wastong linya ng pamamatnubay ang mga namumunong organo ng Partido at dapat pating humanap ng lunas kung may sumusulpot na suliranin.

(2) Dapat malaman ng mga nakatataas na organo ang kalagayan ng mga nakabababang organo at ang pamumu-

hay ng masa nang sa gayon ay magkaroon ng obhetibong batayan at maging tama ang ipinapatnubay.

(3) Walang organisasyon ng Partido sa anumang antas ang dapat magpabasta-basta na lamang sa paglutas ng mga suliranin. Kapag may kapasiyahan nang napagkasunduan, dapat iyong ipatupad nang buong tatag.

(4) Dapat na ipabatid kaagad sa mga nakabababang organo at sa mga karaniwang kasapi ng Partido ang lahat ng mahahalagang kapasiyahan ng mga nakatataas na organo ng Partido. . . .

(5) Dapat na masusing talakayin ng mga nakabababang organo ng Partido at ng mga karaniwang kasapi ng Partido ang mga tagubilin ng mga nakatataas na organo upang lubos na maunawaan ang kahulugan ng mga iyon at mapagpasiyahan ang mga paraan ng pagpapatupad doon.

"Hinggil sa Pagwawasto ng mga Maling Kaisipan sa Loob ng Partido" (Disyembre 1929), *Mga Piling Akda,* Tomo I.

## 11. LINYANG PANGMASA

Ang sambayanan at ang sambayanan lamang ang puwersang kumikilos sa paglikha ng kasaysayan ng daigdig.

"Hinggil sa Pamahalaang Koalisyon" (Abril 24, 1945), *Mga Piling Akda,* Tomo III.

Ang masa ang tunay na bayani, samantalang kadalasan, para tayong batang musmos na katawa-tawa; kung hindi ito mauunawaan, hindi natin matututunan maging ang pinakapanimulang kaalaman.

"Pauna at Pangwakas na Salita sa *Pagsisiyasat sa Kanayunan*" (Marso at Abril 1941), *Mga Piling Akda*, Tomo III.

Walang hanggan ang mapanlikhang kapangyarihan ng masa. Maaari nilang organi-

sahin ang kanilang hanay upang maibuhos ang angking kasiglahan sa mga lugar at sangay ng gawaing makapagpapaibayong ganap ng kanilang lakas; maaari nilang ibuhos ang angking kasiglahan sa buong lawak at kailaliman ng produksiyon upang makalikha ng parami nang paraming bagay para sa kanilang kabutihan.

Pambungad sa "May Solusyon na sa Suliranin ng Labis na Lakas-Bisig" (1955), *Pagsukdol ng Sosyalismo sa Kanayunan ng Tsina*, Tomo 2.

Napakalaking pangyayari nitong nagaganap na pagdaluyong ng kilusang magsasaka. Napakaikling panahon na lamang at daan-daang milyong magsasaka sa mga lalawigang nasa gitna, timog at hilaga ng Tsina ang mag-aalsang animo unos, animo buhawing sa lakas ay humahagupit at napakarahas, at doo'y walang puwersa, gaano man kamakapangyarihan, ang makapipigil. Lalagutin nila ang lahat ng tanikalang sa kanila'y nakagapos at susulong silang rumaragasa sa landas ng paglaya. Ibabaon nila sa hukay

ang lahat ng imperyalista, panginoong-militar, tiwaling opisyal, kasikeng lokal, pati na ang mga buktot na may-impluwensiya. Ang bawat rebolusyonaryong partido at ang bawat rebolusyonaryong kasama ay mapaiilalim sa pagsubok, at ayon na rin sa sarili nilang aktitud ay tatanggapin sila o iwawaksi ng mga magsasaka. Tatlo ang mapagpipilian. Lumakad sa unahan nila at pamunuan sila? Bumuntot sa kanila habang kumpas nang kumpas at pintas nang pintas? O humarang sa kanilang landas at labanan sila? Malayang makapamimili ang bawat Tsino ngunit ang mga pangyayari na rin ang pipilit sa kanila na pumili kaagad.

"Ulat Hinggil sa Pagsisiyasat sa Kilusang Magsasaka sa Hunan" (Marso 1927), *Mga Piling Akda*, Tomo I.

Ilang lugar na ang naaabot ng rumaragasang agos ng pagbabagong-anyo ng lipunan sa kanayunan, ng pagsasakooperatiba ng agrikultura, at malapit na itong lumaganap sa buong bansa. Isa itong malawak na rebolusyonaryong kilusang sosyalista na suma-

saklaw sa mahigit sa 500 milyong populasyon ng kanayunan, at napakalaki ng kahalagahang pandaigdig nito. Ang kilusang ito'y dapat nating pamunuan nang buong kasigasiga't kasiglahan sa sistematikong paraan at hindi dapat kaladkaring pabalik sa pamamagitan ng ganito o ganoong pamamaraan. Di maiiwasang magkaroon ng ilang kamalian sa takbo ng kilusan; mauunawaan naman ang pangyayaring ito at hindi naman mahirap iwasto ang ganoong mga pagkakamali. Malulunasan o mapaglalabanan ang mga nagagawang pagkukulang o mga pagkakamali ng mga kadre at mga magsasaka kung tutulungan lamang natin sila nang husto.

*Hinggil sa Suliranin ng Pagsasakooperatiba ng Agrikultura* (Hulyo 31, 1955).

Walang pagkasaid na kasiglahan sa sosyalismo ang nahihimlay sa puso ng masa. Iyon na lamang mga taong sunod na lamang nang sunod sa dating kalakaran kahit nasa rebolusyonaryo nang panahon ang talagang hindi

makakikita sa kasiglahang iyon. Anupa't bulag sila at madilim ang lahat nilang mabalingan. Kung minsa'y naipagbabali-baligtad nila ang tama at mali at naipaghahalu-halo ang itim at puti. Hindi ba't marami na tayong nakatagpong ganitong klase ng tao? Ang kasiglahan ng taumbayan ay lagi na lamang tinatawaran nitong mga tao ngang itong sunod na lamang nang sunod sa dating kalakaran. Kapag may sumulpot na bagong bagay ay lagi nila iyong tinututulan at agad na sinasalungat. Pagkatapos, aaminin na nila ang pagkatalo; pupunahin pa man din nila nang bahagya ang sarili. Ngunit kapag may sumulpot uling bagong bagay, balik na naman sila sa dati. Ugali na nila ito sa lahat-lahat ng bagong bagay. Ang ganitong mga tao ay laging walang sigla, laging hindi makakilos sa mga sandali ng pagpapasiya, at bago makahakbang ay laging kinakailangang ipagtulakan pa muna.

Pambungad sa "Dalawang Taon Lamang at Nagsakooperatiba na ang Baryong Ito" (1955), *Pagsukdol ng Sosyalismo sa Kanayunan ng Tsina*, Tomo 2.

Mahigit sa dalawampung taon nang nagsasagawa araw-araw ang ating Partido ng gawaing pangmasa, at hindi lamang sasampung taóng binabanggit-banggit nito araw-araw ang linyang pangmasa. Lagi nating iginigiit na sa masa ng sambayanan at sa paglahok ng bawat isa dapat umasa ang rebolusyon, at tutol tayo sa pag-asa-asa sa iilang taong utos lamang nang utos. Gayunman, hindi pa rin lubusang tinutupad ng ilang kasama ang linyang pangmasa sa gawain nila at sa sasandakot lamang na taong nanlalamig sa nagsosolong paggawa pa rin sila umaasa. Ang isang dahilan, lagi nilang ayaw ipaliwanag sa mga taong pinamumunuan nila ang kahit na anong ginagawa nila at hindi nila malaman kung paano pupukawin ang inisyatiba at ang kasiglahang mapanlikha ng kanilang mga pinamumunuan. Sa isip nila, nais din naman nilang tumulong sa gawain ang lahat, pero ayaw nga nilang ipaalam sa kanila kung ano ang gagawin o kung paano iyon gagawin. Kung ganito nang ganito, paano maaasahang kumilos ang bawat isa at paano magagawa nang mahusay ang mga dapat gawin? Upang

malutas ang suliraning ito, wala nang pinakamahalaga pa kundi ang magsagawa ng edukasyong pang-ideolohiya tungkol sa linyang pangmasa, habang tinuturuan din naman ang mga kasamang ito ng maraming kongkretong paraan-ng-paggawa.

"Pakikipag-usap sa Patnugutan ng *Diaryo ng Shansi-Suiyuan*" (Abril 2, 1948), *Mga Piling Akda*, Tomo IV.

Pinatutunayan sa atin ng dalawampu't apat na taóng karanasan na basta't wasto ang atas, patakaran at estilo-ng-paggawa, nakatutugon iyon sa mga kahilingan ng masa sa isang takdang panahon at tiyak na lugar at naiuugnay tayo niyon sa masa; samantala, basta't mali ang atas, patakaran at estilo-ng-paggawa, sumasalungat iyon sa mga kahilingan ng masa sa isang takdang panahon at tiyak na lugar, at iwinawalay tayo niyon sa masa. Nakasasamâ ang mga sakít na tulad ng dogmatismo, emperisismo, komandismo, buntotismo, sektaryanismo, burukratismo at pagmamataas sa trabaho;

hindi mapahihintulutan ang mga ito at dapat lunasan ng sinumang maysakit nito dahil nga sa iwinawalay tayo nito sa masa.

"Hinggil sa Pamahalaang Koalisyon" (Abril 24, 1945) *Mga Piling Akda*, Tomo III.

Upang makaugnayan ang masa, dapat kumilos alinsunod sa pangangailangan at kagustuhan ng masa. Sa pangangailangan ng masa dapat magsimula ang lahat ng ginagawa para sa kanila at hindi sa mabuting hangad ng kung sinong tao. Kadalasa'y talagang nangangailangan ng obhetibong pagbabago ang masa, ngunit sa larangang subhetibo ay di pa nila namamalayan ang ganoong pangangailangan, hindi pa sila handa ni disidido sa pagbabago. Sa ganitong pangyayari, dapat ay buong tiyaga tayong maghintay. Saka na lamang natin gawin ang pagbabago kung bunga ng ating pagsisikap ay namulat na ang karamihan sa masa sa pangangailangan niyon at kung handa na sila't determinadong isagawa iyon.

Kung hindi'y mawawalay lamang tayo sa masa. Kung hindi pa sila mulat at hindi pa handa, magiging pormalidad lamang at mabibigo ang lahat ng klase ng gawaing kailangan nilang lahukan. . . . Dalawa ang simulain dito: ang isa ay ang tunay na pangangailangan ng masa at hindi iyong inaakala nating kailangan nila; at ang isa pa ay ang kagustuhan ng masa, sila na siyang dapat mismong magpasiya sa halip na ipagpasiya natin.

"Ang Nagkakaisang Prente sa Gawaing Pangkultura" (Oktubre 30, 1944), *Mga Piling Akda*, Tomo III.

Dapat manawagan ang ating kongreso sa buong Partido na magmatyag at manegurong walang kasama sa anumang puwesto ng trabaho na nahihiwalay sa masa. Dapat nitong turuan ang bawat kasama na mahalin ang taumbayan at pakinggang mabuti ang tinig ng masa; makiisa sa masa saanman mapunta, at makisalamuha sa kanila sa halip na mangibabaw; at pukawin sila o

kaya'y itaas ang kanilang kamulatang pampulitika ayon sa antas nila sa kasalukuyan, at saka tulungan silang magkusang-loob na organisahing unti-unti ang sarili, tulungan silang ilunsad nang bai-baitang ang lahat ng mahahalagang pakikibakang itinutulot ng mga panloob at panlabas na kalagayan sa isang takdang panahon at tiyak na lugar.

"Hinggil sa Pamahalaang Koalisyon" (Abril 24, 1945), *Mga Piling Akda,* Tomo III.

Kapag tinangka na nating sumalakay nang hindi pa napupukaw ang masa, adbenturismo iyon. Kapag pinilit nating pamunuan ang masa sa paggawa ng labag sa kanilang kalooban, mabibigo tayong tiyak. Kapag hindi naman tayo sumulong kung hinihingi na ng masang sumulong, maka-Kanang oportunismo iyon.

"Pakikipag-usap sa Patnugutan ng *Diaryo ng Shansi-Suiyuan*" (Abril 2, 1948), *Mga Piling Akda,* Tomo IV.

Mali ang komandismo sa anumang klase ng gawain, sapagkat nilalampasan nito ang antas ng kamulatang pampulitika ng masa at nilalabag ang simulain ng pagkukusang-loob ng masa; sakit ng kapusukan ang ipinakikita nito. Hindi dapat ipalagay ng mga kasama na nauunawaan na ng masa ang lahat ng nauunawaan nila. Upang malaman kung nauunawaan na nga ng masa ang mga iyon at kung nakahanda na silang kumilos, dapat tayong makisalamuha sa kanila at gumawa ng mga pagsisiyasat. Maiiwasan natin ang komandismo kung gayon nga ang ating gagawin. Mali rin naman ang buntotismo sa anumang klase ng gawain, sapagkat pagpapaiwan ito sa antas ng kamulatang pampulitika ng masa at paglabag sa simulain ng pamumuno sa landas ng pagsulong ng masa; sakit ng kakuparan ang ipinakikita nito. Hindi dapat ipalagay ng mga kasama na hindi pa nauunawaan ng masa iyong mga bagay na sila pala mismo ang hindi pa nakauunawa. Malimit mangyaring nalalampasan pa tayo ng masa at nasasabik silang sumulong ngunit hindi naman makakilos na lider ng masa ang ating mga kasama, at

ipinahahayag na lamang ang mga palagay ng iilang taong atrasado, at saka ipinagkakamali pa ngang iyon na ang paniniwala ng masa; pabuntut-buntot na lamang tuloy sila sa mga taong iyon.

"Hinggil sa Pamahalaang Koalisyon" (Abril 24, 1945), *Mga Piling Akda*, Tomo III.

Ganito ang saligang paraan ng pamumuno: lagumin ang opinyon ng masa at pagkatapos ay ibalik sa kanila nang mapanindigan at maisagawa, hanggang sa mabuo ang wastong idea ng pamumuno.

"Ilang Bagay Hinggil sa mga Paraan ng Pamumuno" (Hunyo 1, 1943), *Mga Piling Akda*, Tomo III.

Sa lahat ng gawain sa praktika ng ating Partido, basta't wastong pamumuno ay tiyak na "mula sa masa, tungo sa masa". Ang ibig sabihin, pinagkukukuha ang mga idea ng masa (mga kalat-kalat at di-sistemati-

kong idea) at saka nilalagom (ginagawang konsentrado at sistematiko sa pamamagitan ng pag-aaral), pagkatapos ay ibinabalik sa masa, pinalalaganap at ipinaliliwanag hanggang sa iyo'y hindi na nila iibá sa kanila at bagkus ay panindigan at isagawa; at saka sinusubok ang kawastuan ng mga ideang iyon sa pamamagitan ng kilos ng masa. Pagkatapos, muling nilalagom ang mga ideang mula sa masa at muling ibinabalik sa kanila upang mapanindigan at maisagawa. Walang katapusan sa pag-ikid ang prosesong ito; at sa bawat pag-ikid, lalong nagiging wasto, higit na buháy at higit na mayaman ang mga idea. Ito ang Marxistang teorya ng kaalaman.

*Ibid.*

Dapat tayong magtungo sa masa at matuto sa kanila; dapat nating pagtipuntipunin ang kanilang karanasan at katasin doon ang lalong mahusay at maliwanag na mga simulain at paraan, pagkatapos ay ipaliwanag iyon sa kanila (magpropaganda

sa masa) at manawagan sa kanila na isaprak-tika iyon upang malutas ang kanilang mga suliranin at matulungan silang lumaya at maging maligaya.

"Maging Organisado!" (Nobyembre 29, 1943), *Mga Piling Akda*, Tomo III.

Ipinalalagay ng ilang nasa namumunong organo natin sa ilang lugar na sapat nang mga pinuno lamang ang makaalam ng mga patakaran ng Partido at hindi na kinakailangang ipaalam pa sa masa ang mga iyon. Isa ito sa mga pangunahing dahilan kung bakit may mga gawain tayong hindi matupad nang mahusay.

"Pakikipag-usap sa Patnugutan ng *Diyaryo ng Shansi-Suiyuan*" (Abril 2, 1948), *Mga Piling Akda*, Tomo IV.

Sa lahat ng kilusang pangmasa, dapat tayong gumawa ng saligang pagsisiyasat at

pagsusuri kung ilan ang mga aktibong taga-pagtaguyod, ilan ang mga kumakalaban at ilan ang mga walang pinapanigan; hindi natin dapat lutasin ang mga suliranin kung wala rin lang batayan at kung subhetibo ang paraan.

"Mga Paraan-ng-Paggawa ng mga Komite ng Partido" (Marso 13, 1949), *Mga Piling Akda,* Tomo IV.

Sa pangkalahata'y maihahanay sa tatlong kategorya ang masa saanmang lugar: ang may pagkaaktibo, ang panggitna at ang may pagkaatrasado. Kung gayon, dapat masanay ang namumuno sa pagbubuklod ng ilang aktibistang magiging sandigan ng pamunuan at siyang maaasahan sa pagpapataas ng antas ng mga panggitnang elemento at sa paghikayat ng mga atrasado.

"Ilang Bagay Hinggil sa mga Paraan ng Pamumuno" (Hunyo 1, 1943), *Mga Piling Akda,* Tomo III.

Ang malaman kung papaano mapagiging kilos ng masa ang patakaran ng Partido, ang malaman kung papaano maipababatid at maipasasapol hindi lamang sa mga namumunong kadre kundi pati na sa malawak na masa ng taumbayan ang bawat kilusan at bawat pakikibakang ibinubunsod natin — ito ay sining ng Marxista-Leninistang pamumuno. Ito rin ang panuntunang nagpapasiya kung nagkakamali tayo o hindi sa ating gawain.

"Pakikipag-usap sa Patnugutan ng *Diaryo ng Shansi-Suiyuan*" (Abril 2, 1948), *Mga Piling Akda*, Tomo IV.

Magiging walang kaparārakang kaabalahan lamang ng iilang tao ang kasigasigan ng namumunong pangkat kung hindi rin lang nakakasama ng kasigasigan ng masa. Sa kabilang dako, kung ang masa lamang ang masigasig at wala namang malakas na namumunong pangkat na mag-oorganisa nang mahusay sa kasigasigang iyon, hindi iyon magtatagal, hindi iyon maisusulong sa tum-

pak na direksiyon, ni hindi maiaakyat sa mataas na antas.

"Ilang Bagay Hinggil sa mga Paraan ng Pamumuno" (Hunyo 1, 1943), *Mga Piling Akda,* Tomo III.

Ang gawaing pamproduksiyon ng masa, ang kapakanan ng masa, ang mga karanasan ng masa, ang niloloob ng masa — dapat ay lagi itong pinag-uukulan ng pansin ng mga namumunong kadre.

Inskripsiyon para sa eksibit na pamproduksiyon na tinangkilik ng mga organisasyong tuwirang nasa ilalim ng Komite Sentral ng Partido at ng Komisyong Militar ng Hukbo ng Ikawalong Ruta, *Jiefang Ribao* ng Yenan, Nobyembre 24, 1943.

Dapat nating pakaukulan ng pansin ang kagálingan ng masa, mula sa mga suliranin tungkol sa lupa at sa paggawa, hanggang sa

panggatong, bigas, mantika at asin.... Dapat isama sa ating talâ ng pag-uusapan ang lahat ng ganitong suliraning may kinalaman sa buhay ng masa. Dapat nating talakayin ang mga ito, at pagkatapos ay gumawa tayo ng mga kapasiyahang kailangang ipatupad at saka natin siyasatin ang mga kinalabasan niyon. Dapat nating maipaunawa sa masa na ang kanilang interes ang kinakatawan natin, na magkarugtong ang ating hininga. Dapat nating maipaunawa sa kanila mula sa mga bagay na ito ang mas matataas na tungkuling iniharap natin, ang mga tungkulin ng rebolusyonaryong digmaan, nang sa gayo'y itaguyod nila ang rebolusyon at palaganapin sa buong bansa, nang sa gayo'y tugunin nila ang ating mga panawagang pampulitika, at nang sa gayo'y lumaban sila hanggang wakas para sa ikapagtatagumpay ng rebolusyon.

"Pagmalasakitan ang Kagálingan ng Masa, Bigyang-Pansin ang mga Paraan-ng-Paggawa" (Enero 27, 1934), *Mga Piling Akda,* Tomo I.

## 12. GAWAING PAMPULITIKA

Itinatag nga sa hukbo ang sistema ng mga kinatawan ng Partido at ng mga kagawarang pampulitika na sa kauna-unahang pagkakataon lamang ginamit sa Tsina; nabagong ganap ng sistemang iyon ang larawan ng hukbo.[1] Ang sistemang iyon ay minana at pinaunlad ng Pulang Hukbong itinatag noong 1927 at ng Hukbo ng Ikawalong Ruta ng kasalukuyan.

"Sa Pakikipanayam ng Peryodistang Ingles na si James Bertram" (Oktubre 25, 1937), *Mga Piling Akda,* Tomo II.

---

[1] Ang tinutukoy dito ay ang rebolusyonaryong sandatahang lakas na itinatag ng Partido Komunista ng Tsina at ng Kuomintang noong mga taon ng kanilang pagtutulungan sa Unang Rebolusyonaryong Digmaang Sibil (1924-27). — *Tagasalin.*

Mahalagang dahilan ng pagkakapaggapi natin sa kaaway ang pagkakapagpaunlad ng Hukbong Mapagpalaya ng Bayan sa makapangyarihang rebolusyonaryong gawaing pampulitika nito batay sa digmaang bayan, batay sa mga simulain ng pagkakaisa ng hukbo at taumbayan, ng pagkakaisa ng kumander at mandirigma, at ng pagkakalansag sa hukbo ng kaaway.

"Ang Kasalukuyang Kalagayan at ang Ating mga Tungkulin" (Disyembre 25, 1947), *Mga Piling Akda*, Tomo IV.

Nagtayo ang hukbo ng isang sistema para sa mga gawaing pampulitika na mahalaga sa digmaang bayan at naglalayong pahigpitin ang pagkakaisa sa sariling hanay nito, ang pakikipagkaisa sa mga mapagkaibigang hukbo at ang pakikipagkaisa sa taumbayan habang naglalayon ding lansagin ang mga puwersa ng kaaway at tiyakin ang tagumpay sa labanan.

"Hinggil sa Pamahalaang Koalisyon" (Abril 24, 1945), *Mga Piling Akda*, Tomo III.

Gawaing pampulitika ang ugat ng buhay ng lahat ng gawaing pang-ekonomiya. Ganito lalo sa panahong dumaraan sa pundamental na pagbabago ang sistemang panlipunan at pang-ekonomiya.

Pambungad sa "Mahalagang Aral" (1955), *Pagsukdol ng Sosyalismo sa Kanayunan ng Tsina*, Tomo 1.

"Sa kompanya itinatatag ang sangay ng Partido"; mahalagang dahilan ito kung bakit di malansag-lansag ang Pulang Hukbo sa napakahirap mang mga pakikihamok.

"Ang Pakikibaka sa Kabundukang Chingkang" (Nobyembre 25, 1928), *Mga Piling Akda*, Tomo I.

Tatlo ang saligang simulaing pumapatnubay sa gawaing pampulitika ng Hukbo ng Ikawalong Ruta. Una, ang simulain ng pagkakaisa ng mga pinuno at kawal, na nangangahulugan ng pagsugpo sa mga kaugaliang

piyudal sa hukbo, pagbabawal sa pambubugbog at pang-aalimura, paghubog ng mulat na disiplina, at pagsasama sa hirap at ginhawa — salamat dito at mahigpit na nagkakaisa ang buong hukbo. Ikalawa, ang simulain ng pagkakaisa ng hukbo at ng taumbayan, na nangangahulugan ng pagpapanatili ng disiplinang nagbabawal sa bahagya mang pamemerhuwisyo sa taumbayan, nangangahulugan ng pagpopropaganda sa masa, pag-oorganisa at pagpapasandata sa kanila, pagpapagaan sa kanilang mga pasaning pang-ekonomiya at pagsupil sa mga taksil sa bayan at sa mga kasabwat ng kaaway na pumipinsala sa hukbo at sa taumbayan — salamat dito at mahigpit na nakakaisa ng taumbayan ang hukbo at malugod na tinatanggap sa lahat ng dako. Ikatlo, ang simulain ng paglansag sa mga tropa ng kaaway at ng di-mahigpit na pagtrato sa mga bihag ng digmaan. Hindi lamang sa mga operasyong militar nakasalalay ang

aming tagumpay kundi pati na sa paglansag sa mga tropa ng kaaway.

"Sa Pakikipanayam ng Peryodistang Ingles na si James Bertram" (Oktubre 25, 1937), *Mga Piling Akda*, Tomo II.

Dapat sundin ng ating mga tropa ang mga wastong simulain hinggil sa ugnayan ng hukbo at taumbayan, ng hukbo at pamahalaan, ng hukbo at Partido, ng pinuno at kawal, at ng gawaing militar at gawaing pampulitika, pati na yaong may kinalaman sa rela-relasyon ng mga kadre; hinding-hindi dapat magpahawa ang mga ito sa gawi ng mga panginoong-militar. Dapat mahalin ng mga pinuno ang kanilang mga kawal, huwag kalilimutang pagmalasakitan, at huwag papatawan ng parusa sa katawan; dapat mahalin ng hukbo ang taumbayan at huwag na huwag pipinsalain ang kanilang

kapakanan; dapat igalang ng hukbo ang pamahalaan at ang Partido at kailanma'y hindi nito dapat igiit ang "kasarinlan".

"Maging Organisado!" (Nobyembre 29, 1943), *Mga Piling Akda*, Tomo III.

Ang ating patakaran sa mga bihag na nanggaling sa mga tropang Hapones, tropang papet o tropang anti-Komunista ay ang palayain silang lahat, maliban doon sa mga labis na talagang kinamumuhian ng masa, doon sa mga dapat tumanggap ng pinakamabigat na parusa at pinagtibay na ng mga nakatataas ang parusang kamatayan para sa kanila. Dapat nating makuha upang maglingkod sa ating hukbo ang karamihan doon sa mga napilitan lamang sumama sa mga puwersang reaksiyonaryo ngunit humigit-kumulang ay nakakiling sa rebolusyon. Ang iba ay dapat palayain, at kung sakaling makasagupa't mabihag nating muli ay dapat na palayaing muli. Hindi natin sila dapat hiyain, ni samsaman ng ari-ariang personal,

ni piliting magkumpisal, bagkus ay pakiharapan nang buong katapatan at buong kabaitan. Ito ang ating patakaran at wala tayong pinipili kahit pagkarea-reaksiyonaryo man. Napakabisang paraan nito para maihiwalay ang reaksiyonaryong kampo.

"Hinggil sa Patakaran" (Disyembre 25, 1940), *Mga Piling Akda*, Tomo II.

Mahalagang salik sa digmaan ang mga sandata ngunit hindi ang salik na mapagpasiya; ang mapagpasiya ay tao, hindi mga bagay. Ang pagsusukatan ng lakas ay hindi lamang pagsusukatan ng lakas militar o lakas pang-ekonomiya, kundi pagsusukatan din ng lakas at kapasiyahan ng tao. Tao ang may hawak ng lakas militar at lakas pang-ekonomiya.

"Hinggil sa Pangmatagalang Digmaan" (Mayo 1938), *Mga Piling Akda*, Tomo II.

Ang bomba atomika ay tigreng papel na ginagamit ng mga reaksiyonaryong Amerikano upang makapanakot. Nakasisindak iyong tingnan ngunit sa katunayan ay hindi naman. Totoo nga't maramihan kung makapamaslang ang sandatang iyon, ngunit ang sambayanan ang nagpapasiya ng kalalabasan ng digmaan, hindi ang isa o dalawang bagong tipo ng sandata.

"Pakikipag-usap sa Koresponsal na Amerikanang si Anna Louise Strong" (Agosto 1946), *Mga Piling Akda*, Tomo IV.

Mga sundalo ang sandigan ng hukbo; kung hindi sila nagtataglay ng progresibong diwang pampulitika, diwang ang makapagyayaman lamang ay gawaing pampulitikang progresibo, hindi makakamit ang tunay na pagkakaisa ng mga pinuno at mga kawal, hindi mapupukaw nang lubos ang kanilang kasiglahan sa pagtataguyod ng Digmaang Pagtatanggol, at hindi makakamtan ang pinakamahusay na batayan para sa pinaka-

mabisang paggamit ng ating mga taktika at ng ating mga kagamitang teknikal.

"Hinggil sa Pangmatagalang Digmaan" (Mayo 1938), *Mga Piling Akda,* Tomo II.

Malubhang-malubha na sa ilang kasama sa Pulang Hukbo ang pananaw na puro militar lamang. Nakikita ito sa mga sumusunod:

1. Itinuturing ng mga kasamang ito na magkasalungat ang mga gawaing militar at ang pulitika, at ayaw nilang tanggapin na isang paraan lamang ang gawaing militar upang matupad ang mga tungkuling pampulitika. Sabi pa ng ilan, "Kung mahusay ka sa militar, mahusay ka na rin sa pulitika; kung hindi ka mahusay sa militar, wala ka na rin sa pulitika" — lumabis pa ito at pinapapamuno pa man din sa pulitika ang gawaing militar.

. . . . . .

"Hinggil sa Pagwawasto ng mga Maling Kaisipan sa Loob ng Partido" (Disyembre 1929), *Mga Piling Akda,* Tomo I.

Ang pagsapol sa edukasyong pang-ideolohiya ang pinakamahalagang kawing na magbubuklod sa buong Partido sa mga dakilang pakikibakang pampulitika. Kung hindi iyon magagawa, walang matutupad na tungkuling pampulitika ang Partido.

"Hinggil sa Pamahalaang Koalisyon" (Abril 24, 1945), *Mga Piling Akda,* Tomo III.

Di pa natatagala'y tumamlay ang gawaing pang-ideolohiya at pampulitika sa mga estudyante at mga intelektuwal, at may nagsulputan pang di-kasiya-siyang tendensiya. Akala yata ng ilang tao ay hindi na kailangan pang pagkaabalahan ang pulitika o ang kinabukasan ng inang-bayan o ang lunggati ng sangkatauhan. Tila nauso minsan ang Marxismo ngunit ngayo'y medyo laos na. Upang makontra ang ganitong mga tendensiya, dapat nating palakasin ang ating gawaing pang-ideolohiya at pampulitika. Dapat na mag-aral nang mabuti ang mga estudyante at mga intelektuwal. Bukod

sa pag-aaral ng kanilang linyang pinagdadalubhasaan, dapat silang umunlad sa ideohiya at pulitika, ibig sabihi'y dapat silang mag-aral ng Marxismo at ng pulitika at dapat nilang pag-aralan ang mga pangyayari sa kasalukuyan. Kung walang tumpak na pananaw pampulitika ay para na ring walang kaluluwa. . . . Dapat gampanan ng lahat ng kagawaran at organisasyon ang kani-kanilang tungkulin sa gawaing pang-ideolohiya at pampulitika. Dapat iyong gawin ng Partido Komunista, ng Liga ng Kabataan, ng mga kagawaran ng pamahalaan na siyang namamahala sa ganitong gawain, at lalung-lalo na ng mga pinuno at guro ng mga institusyong pang-edukasyon.

*Hinggil sa Wastong Paghawak ng mga Kontradiksiyon sa Hanay ng Sambayanan* (Pebrero 27, 1957).

Salamat sa edukasyong pampulitika at namulat sa uri ang mga sundalo ng Pulang Hukbo at natutuhan nila ang mga pangunahing kaalaman tungkol sa pangangailangan

ng pamamahagi ng lupa, pagtatayo ng kapangyarihang pampulitika, pagpapasandata sa mga manggagawa at magsasaka, atbp. Batid nilang lumalaban sila para sa kanilang sarili, para sa uring manggagawa at para sa uring magsasaka. Dahil dito'y nakukuha nilang huwag dumaing napakahirap man ng pakikibaka. Ang bawat kompanya, batalyon o rehimyento ay may sariling komite ng mga sundalo na siyang kumakatawan sa mga interes ng mga kawal at nagsasagawa ng gawaing pampulitika at pangmasa.

"Ang Pakikibaka sa Kabundukang Chingkang" (Nobyembre 25, 1928), *Mga Piling Akda*, Tomo I.

Dahil sa wastong paglulunsad ng kilusan sa pagsisiwalat ng mga karaingan (mga pagpapahirap ng lumang lipunan at ng mga reaksiyonaryo sa masang anakpawis) at sa tatlong pagsusuri (sa uring pinagmulan, sa pagtupad sa tungkulin at sa kapasiyahang lumaban), tumaas nang husto ang kamula-

tang pampulitika ng mga kumander at mandirigma ng buong hukbo sa pakikibaka para sa ikalalaya ng pinagsasamantalahang masang anakpawis, para sa ikatutupad ng reporma sa lupa sa buong bansa at para sa ikalilipol ng bandidong pangkating Chiang Kai-shek na siyang panlahat na kaaway ng sambayanan. Dahil din dito ay ganap pang tumibay ang matatag na ngang pagkakaisa ng lahat ng kumander at mandirigma sa pamumuno ng Partido Komunista. Sa batayang ito, higit na naging dalisay ang hanay ng hukbo, lalo na nitong napalakas ang disiplina, nakapaglunsad ito ng kilusang pangmasa para sa pagsasanay, at higit nitong napatingkad ang demokrasya nitong pampulitika, pang-ekonomiya at pangmilitar sa pamamagitan ng mabisang pamumuno at sa paraang ganap na maayos. Sa gayo'y lubos na nabuklod ang hukbo na kumikilos na parang iisang tao habang ang bawat isa ay nag-aambag ng kanyang palagay at sariling lakas, hukbo ito na walang takot sa pagpapakasakit, may kakayahang manaig sa lahat ng kahirapang materyal, at nagpapamalas ng kolektibong kabayanihan at lakas ng loob

sa ikapupuksa ng kaaway. Walang pagkagapi ang ganitong hukbo.

"Hinggil sa Dakilang Tagumpay sa Hilagang Kanluran at sa Bagong Tipo ng Kilusan sa Edukasyong Pang-ideolohiya ng Hukbong Mapagpalaya" (Marso 7, 1948), *Mga Piling Akda*, Tomo IV.

Sa kalilipas na ilang buwan, ang panahon sa pagitan ng mga labanan ay ginugol ng halos lahat ng yunit ng Hukbong Mapagpalaya ng Bayan sa malawakang pagsasanay at pagpapatatag. Ginawa ito nang may mabisang pamumuno at sa paraang ganap na maayos at demokratiko. Dahil dito'y napukaw ang rebolusyonaryong sigasig ng malawak na masa ng mga kumander at mandirigma, malinaw nilang naunawaan ang layunin ng digmaan, naalis ang ilang maling tunguhin sa ideolohiya at mga di-kanais-nais na manipestasyon sa hukbo, naeduka ang mga kadre at mandirigma at higit na nag-ibayo ang kakayahan ng hukbo sa pakiki-

hamok. Mula ngayon, dapat nating ipagpatuloy ang bagong tipong ito ng kilusan sa edukasyong pang-ideolohiya ng hukbo, kilusang may katangiang demokratiko at pangmasa.

"Talumpati sa Isang Komperensiya ng mga Kadre sa Pinalayang Purok ng Shansi-Suiyuan" (Abril 1, 1948), *Mga Piling Akda*, Tomo IV.

Ang patakarang pang-edukasyon ng Kolehiyong Pangmilitar at Pampulitika Laban sa Hapon ay ang maglinang ng matibay at tumpak na oryentasyong pampulitika, ng simpleng estilo-ng-paggawang puspusan, at ng pleksibleng estratehiya at taktika. Ito ang tatlong mahahalagang bagay na kailangan para makapaghubog ng rebolusyonaryong sundalo laban sa Hapon. Dito iniaayon ang itinuturo ng mga guro't kawani at ang pinag-aaralan ng mga estudyante.

*Ang Kalabanin ng Kaaway ay Hindi Masama Bagkus ay Mabuti pa nga* (Mayo 26, 1939).

May kinaugalian nang estilo ng puspusang pakikibaka ang bayan natin noon pa man, patingkarin natin iyon. . . . Higit pa sa roon, lagi nang may itinataguyod na matibay at tumpak na oryentasyong pampulitika ang Partido Komunista. . . . Hindi maipaghihiwalay ang gayong oryentasyon at ang estilo ng puspusang pakikibaka. Kung walang matibay at wastong oryentasyong pampulitika, hindi makapagtataguyod ng estilo ng puspusang pakikibaka. Kung walang estilo ng puspusang pakikibaka, hindi makapagpapanatili ng matibay at tumpak na oryentasyong pampulitika.

"Talumpati sa Rally sa Yenan sa Pagdiriwang ng Pandaigdigang Araw ng Paggawa" (Mayo 1, 1939).

Nagkakaisa, maliksi, seryoso at masigla.

Motto ng Kolehiyong Pangmilitar at Pampulitika Laban sa Hapon.

Ang pagiging masigasig ang tunay na mahalaga sa daigdig; ito ang pinakananasanasa ng Partido Komunista.

Pakikipag-usap sa mga estudyante at nagsasanay na Tsino sa Moskow (Nobyembre 17, 1957).

## 13. UGNAYAN NG PINUNO AT SUNDALO

May dalawang patakarang lagi at lagi nang pinaninindigan ng ating hukbo: una, pagiging malupit sa kaaway, dapat natin silang gahisin, dapat natin silang lipulin; ikalawa, pagiging mabait sa ating kapwa, sa taumbayan, sa mga kasama at sa mga nakatataas at nakabababa sa atin, dapat tayong makipagkaisa sa kanila.

Talumpati sa resepsiyong handog ng Komite Sentral ng Partido sa mga kinatawan ng mga huwaran sa pag-aaral mula sa mga Yunit ng Hukbo sa Likuran (Setyembre 18, 1944).

Kung saan-saang sulok ng bansa tayo nagmula at alang-alang sa iisang layuning

rebolusyonaryo ay nagsama-sama tayo. . . . Dapat pagmalasakitan ng ating mga kadre ang bawat mandirigma; dapat magmalasakitan, magmahalan at magtulungan ang lahat ng nasa hanay ng himagsikan.

"Paglingkuran ang Sambayanan" (Setyembre 8, 1944) *Mga Piling Akda*, Tomo III.

Isang kilusan upang itaguyod ang mga kadre at mahalin ang mga sundalo ang dapat ibunsod sa bawat yunit ng hukbo, isang kilusang mananawagan sa mga kadre na mahalin ang mga sundalo at mananawagan naman sa mga sundalo na itaguyod ang mga kadre, isang kilusan ng tapatan nilang pagsasabi ng mga pagkukulang at pagkakamali ng isa't isa na dapat nilang iwasto agad-agad. Napakatibay na pagkakaisang panloob ang makakamit nila sa ganitong paraan.

"Ang mga Tungkulin para sa 1945" (Disyembre 15, 1944).

Sa palagay ng marami, malamig ang ugnayan ng mga pinuno't sundalo at ng hukbo't taumbayan dahil hindi tama ang mga paraang ginagamit; ang lagi kong sinasabi sa kanila, suliranin iyan ng pinakapundamental mong saloobin (o ng saligang simulain), ng paggalang sa mga sundalo at ng paggalang sa taumbayan. Sa saloobing ito nanggagaling ang mga naaangkop na patakaran, paraan at porma. Kung hindi ganoon ang magiging saloobin natin, tiyak na mamamali ang mga patakaran, paraan at porma, at tiyak na hindi magiging kaiga-igaya ang ugnayan ng pinuno't sundalo at ng hukbo't taumbayan. May tatlong mahahalagang simulain ng gawaing pampulitika ang ating hukbo: una, pagkakaisa ng pinuno at sundalo; ikalawa, pagkakaisa ng hukbo at sambayanan; at ikatlo, paglansag sa puwersa ng kaaway. Upang maging mabisa ang pagsasagawa ng mga simulaing ito, dapat tayong magsimula sa pinakapundamental na saloobing ito ng paggalang sa mga sundalo at sa taumbayan, at ng paggalang sa pagkatao ng mga bihag ng digmaan sa sandaling isuko na nila ang kanilang san-

data. Talagang nalilisya yaong mga nag-aakalang suliraning teknikal lamang ito at hindi suliranin ng pinakapundamental na saloobin; dapat nilang iwasto ang kanilang kamalian.

"Hinggil sa Pangmatagalang Digmaan" (Mayo 1938), *Mga Piling Akda,* Tomo II.

Ang demokratikong paraan ng paghimok at pag-eeduka ang kailangang gamitin ng mga Komunista kapag kumikilos sa hanay ng mga anakpawis at hinding-hindi sila dapat magmandu-mando o mamuwersa. Buong katapatang sumusunod ang Partido Komunista ng Tsina sa Marxista-Leninistang simulaing ito.

*Hinggil sa Wastong Paghawak ng mga Kontradiksiyon sa Hanay ng Sambayanan* (Pebrero 27, 1957).

Dapat maunawaan ng mga kasama na tiyaga at matagala't puspusang paggawa ang

hinihingi ng pagpapabago ng kaisipan; hindi dapat iyong sa pamamagitan lamang ng ilang lektyur o pulong ay gusto na nilang mabago ang kaisipan ng iba, kaisipang nahubog ng kung may ilampung taon na nilang buhay. Paghimok, hindi pamumuwersa, ang tanging paraang dapat gamitin sa pangungumbinsi ng iba. Hinding-hindi makapapapaniwala ang pamimilit. Walang mangyayari sa puwersahang pangungumbinsi. Puwede lamang ito kung kaaway ang kaharap pero kung sa mga kasama o kaibigan na ay talagang hindi papasa.

*Talumpati sa Pambansang Komperensiya ng Partido Komunista ng Tsina Tungkol sa Gawaing Pampropaganda* (Marso 12, 1957).

Dapat nating linawin ang kaibhan ng kaaway sa atin, at hindi tayo dapat maging antagonistiko sa mga kasama, hindi natin sila dapat pakiharapang animo kaaway. Ang bawat katagang ipinamumutawi ay dapat magtaglay ng marubdob na pagnanasang

pangalagaan ang ipinakikipaglaban ng sambayanan at itaas ang kamulatang pampulitika ng taumbayan; hindi dapat magtaglay ng saloobing mapanuya o mapanuligsa.

*Ibid.*

## 14. UGNAYAN NG HUKBO AT TAUMBAYAN

Dapat makisalamuha ang hukbo sa taumbayan nang makita nitong huli sa sarili nilang mata na ito nga ang hukbong sadyang kanila. Hindi magagapi ang ganitong hukbo. . . .

"Hinggil sa Pangmatagalang Digmaan" (Mayo 1938), *Mga Piling Akda,* Tomo II.

Dapat maipaunawa sa bawat kasama na hangga't sa sambayanan tayo umaasa, hangga't matatag ang ating paniniwala na walang pagkasaid ang mapanlikhang kapangyarihan ng masa at sa gayon ay nananalig tayo't nakikisalamuha sa kanila, mapananaigan natin ang lahat ng kahirapan at hindi tayo maga-

gapi ng sinumang kaaway samantalang siya nama'y magagapi natin.

"Hinggil sa Pamahalaang Koalisyon" (Abril 24, 1945), *Mga Piling Akda*, Tomo III.

Saanman makarating ang mga kasama, dapat nilang pagbutihin ang pakikipagugnayan sa masa, kalingain ang mga ito at tulungang manaig sa mga kahirapan. Dapat tayong makipagkaisa sa masa ng taumbayan; mas maraming makakaisa, mas mabuti.

"Hinggil sa mga Negosasyon sa Chungking" (Oktubre 17, 1945), *Mga Piling Akda*, Tomo IV.

Sa mga Pinalayang Purok, dapat itaguyod ng hukbo ang pamahalaan at mahalin ang taumbayan samantalang ang mga organo naman ng demokratikong kapangyarihan ay dapat mamuno sa taumbayan upang itaguyod ang hukbo at kandiliin ang pamilya ng mga sundalong lumalaban sa Hapon. Sa ganitong

paraan, lalong bubuti ang ugnayan ng hukbo at taumbayan.

"Hinggil sa Pamahalaang Koalisyon" (Abril 24, 1945), *Mga Piling Akda*, Tomo III.

Sa hukbo, dapat lutasin ang mga suliraning bumabagabag sa isip ng bawat kumander at mandirigma upang lubos nilang maunawaan ang kahalagahan ng pagtataguyod sa pamahalaan at pagmamahal sa taumbayan. Kung paghuhusayin ng hukbo ang gawaing ito, bubuti rin ang pakikipag-ugnayan dito ng pamahalaang lokal at ng taumbayan.

"Patakaran sa mga Gagawin ng mga Pinalayang Purok sa 1946" (Disyembre 15, 1945), *Mga Piling Akda*, Tomo IV.

Sa mga kampanya ng "pagtataguyod sa pamahalaan at pagmamahal sa taumbayan" at ng "pagtataguyod sa hukbo at pagkakandili sa pamilya ng mga sundalong lumalaban

sa Hapon", dapat suriing mabuti ng hukbo at saka ng Partido at pamahalaan ang kani-kanilang pagkukulang at pagkakamali noong 1943, at dapat nila iyong iwasto nang buong tatag sa 1944. Mula ngayon, dapat magbunsod ng ganitong kampanya sa lahat ng dako tuwing sasapit ang unang buwan ng bawat taon, at sa takbo ng mga kampanya ay dapat basahin nang paulit-ulit ang mga panata ng "pagtataguyod sa pamahalaan at pagmamahal sa taumbayan" at "pagtataguyod sa hukbo at pagkakandili sa pamilya ng mga sundalong lumalaban sa Hapon"; gayundin, dapat magkaroon ng paulit-ulit na pagpuna-sa-sarili sa harap ng masa tungkol sa mga pagmamalabis ng mga tropa sa mga baseng purok na ginagawa sa Partido, sa pamahalaan o sa mga sibilyan, o kaya nama'y tungkol sa kakulangan ng pagmamalasakit ng Partido, ng pamahalaan o ng mga sibilyan sa mga tropa (ang sarili, hindi ang iba, ang dapat punahin ng bawat panig)

nang sa gayon ay lubusang maiwasto ang mga pagkukulang at pagkakamali.

"Palaganapin sa mga Baseng Purok ang mga Kampanya ng Pagpapababa sa Upa, Pagpapataas sa Produksiyon at 'Pagtataguyod sa Pamahalaan at Pagmamahal sa Taumbayan'." (Oktubre 1, 1943), *Mga Piling Akda*, Tomo III.

# 15. DEMOKRASYA SA TATLONG PANGUNAHING LARANGAN

Kailangang demokratisahin ang hukbo hanggang sa isang antas na karapat-dapat, una sa lahat, sa pamamagitan ng pagwawaksi sa piyudal na kaugalian ng pang-aalipusta't pambubugbog at sa pamamagitan ng pagtiyak na nagsasama-sama sa hirap at ginhawa ang mga opisyal at sundalo. Kung matutupad ito, mararating ang ninanasang pagkakaisa ng mga opisyal at sundalo, mag-iibayong ganap ang kakayahan ng hukbo sa pakikihamok, at hindi na pag-aalinlanganang makatatagal nga tayo sa mahaba at malupit na digmaan.

"Hinggil sa Pangmatagalang Digmaan" (Mayo 1938), *Mga Piling Akda,* Tomo II.

Bukod pa sa ginagampanang papel ng Partido, nakatatagal ang Pulang Hukbo, napakahirap man ng kalagayang materyal at napakalimit ng pakikipagsagupaan, dahil sa demokrasyang isinasagawa nito. Hindi nambubugbog ng sundalo ang mga opisyal; pantay-pantay ang tingin sa mga opisyal at sundalo; malaya ang mga sundalo na magpulong at magpahayag ng sasabihin; wala na ang mga pormalidad na walang saysay; at bukas sa lahat ang lagay ng pananalapi. . . . Sa Tsina, hindi lamang ang sambayanan ang nangangailangan ng demokrasya kundi pati na rin ang hukbo. Ang demokrasya sa ating hukbo ay mahalagang sandatang wawasak sa bayarang hukbong piyudal.

"Ang Pakikibaka sa Kabundukang Chingkang" (Nobyembre 25, 1928), *Mga Piling Akda,* Tomo I.

Sa gawaing pampulitika sa ating hukbo, ang patakaran ay ang lubusang pagpapakilos sa mga sundalo, mga kumander at lahat ng kawani nang sa pamamagitan ng demokrati-

kong kilusang nasa ilalim ng sentralisadong pamumuno ay makamtan ang tatlong pangunahing layunin: mataas na antas ng pagkakaisang pampulitika, mas mabuting lagay ng buhay, at mas mahusay na teknik at taktikang militar. Ang "Tatlong Pagsusuri" at "Tatlong Pagsasaayos"[1] na masiglang isinasagawa ngayon sa mga yunit ng ating hukbo ay para sa ikatatamo ng unang dalawang layunin sa pamamagitan ng demokrasyang pampulitika at pang-ekonomiya.

Hinihingi ng demokrasyang pang-ekonomiya na sa pamamahala ng mga suplay at

---

[1] Ang "Tatlong Pagsusuri" at "Tatlong Pagsasaayos" ay mahalagang kilusan para mapatatag ang Partido at mapabuti ang edukasyong pang-ideolohiya sa hukbo na isinagawa ng Partido kaugnay ng reporma sa lupa noong panahon ng Mapagpalayang Digmaang Bayan. Sa mga organisasyon ng Partido sa mga lokalidad, ang "Tatlong Pagsusuri" ay patungkol sa uring pinagmulan, sa ideolohiya at sa estilo-ng-paggawa; at sa mga yunit ng hukbo, ang mga pagsusuri ay sa uring pinagmulan, sa pagtupad sa tungkulin at sa kapasiyahang lumaban. Sa organisasyon, edukasyong pang-ideolohiya, at estilo-ng-paggawa naman patungkol ang "Tatlong Pagsasaayos".

pagkain ng kompanya ay magkaroon ng karapatan ang mga nahalal na kinatawan ng mga sundalo na tumulong sa pamunuan ng kompanya (huwag lamang lalaktaw sa hinihingi ng kanyang tungkulin).

Hinihingi naman ng demokrasya sa militar na sa panahon ng pagsasanay ay magpalitan ng nalalaman ang mga opisyal at sundalo at saka ang mga sunda-sundalo na rin mismo, samantalang sa panahon ng pakikihamok ay magdaos naman sa larangan ang kompanya ng iba't ibang klase ng pulong, malalaki man o maliliit. Sa pamamatnubay ng pamunuan ng kompanya, dapat maganyak ang mga sundalo na magtalakayan kung paano sasalakayin at aagawin ang mga posisyon ng kaaway at kung paano tutuparin ang iba pang mga tungkulin sa pakikihamok. Kung tumatagal nang maraming araw ang labanan, kailangan ding damihan ang ganitong mga pulong. Matagumpay na naisagawa ang ganitong klase ng demokrasya sa militar doon sa labanan sa Panlung ng hilagang Shensi at pati sa labanan sa Shihchiachuang ng rehiyong Shansi-Chahar-Hopei. Napatunayang wa-

lang iba kundi kabutihan ang dulot nito at hindi nga nakalilikha ng anumang pinsala.

"Ang Demokratikong Kilusan sa Hukbo" (Enero 30, 1948), *Mga Piling Akda,* Tomo IV.

Nahaharap ngayon ang Partido Komunista ng Tsina sa dakilang pakikibaka at hinihiling nito sa lahat ng namumunong organo nito pati na sa lahat ng kasapi at kadre nito na patingkaring ganap ang kasigasigan nila, kasigasigang siya lamang makatitiyak ng tagumpay. Tahasang maipamamalas ng mga namumunong organo, mga kadre at mga karaniwang kasapi ng Partido ang kasigasigang ito sa pamamagitan ng kanilang kapangyarihang mapanlikha, ng kanilang kahandaang bumalikat ng pananagutan, ng kasiglahan nila sa paggawa, ng kanilang tapang at kakayahang magharap ng katanungan o magpahayag ng palagay o mamuna ng pagkukulang, at ng mapag-alala nilang pamamanihala sa mga namumunong organo at namumunong kadre.

Kung wala ang mga nabanggit ay mawawalan ng kabuluhan ang kasigasigan. Gayunpaman, sa paglaganap ng demokrasya sa buhay ng Partido nakasalalay ang gayong pagpapatingkad ng kasigasigan. Hindi nga ito mapatitingkad kung walang sapat na demokrasya sa buhay ng Partido. Tanging sa demokratikong kapaligiran lamang makapagpapanday ng maraming taong may kakayahan.

"Ang Katayuan ng Partido Komunista ng Tsina sa Pambansang Digmaan" (Oktubre 1938), *Mga Piling Akda,* Tomo II.

Dapat hayaang makapagsalita ang bawat isa, sinuman siya, basta't hindi kalaban at hindi mapamulà. Hindi baleng mali ang sinasabi niya. Tungkulin ng mga pinuno sa lahat ng antas na makinig sa iba. Dalawang simulain ang dapat sundin: (1) Sabihin ang nalalaman, huwag mag-aalangan; (2) Huwag bibintangan ang nagsabi, kuning babala ang sinabi. Kapag huwad at hindi toto-

hanan ang pagsunod sa simulaing "Huwag bibintangan ang nagsabi", imposibleng mangyari ang "Sabihin ang nalalaman, huwag mag-aalangan".

"Ang mga Tungkulin para sa 1945" (Disyembre 15, 1944).

Dapat edukahin ng Partido ang mga kasapi nito tungkol sa demokrasya upang maunawaan nila ang kahulugan ng demokratikong pamumuhay, ang kahulugan ng ugnayan ng demokrasya at sentralismo, at ang paraan ng pagsasagawa ng demokratikong sentralismo. Sa ganitong paraan lamang natin tunay na maipalalaganap ang demokrasya sa loob ng Partido; kasabay nito ay maiiwasan din natin ang labis na demokrasya at ang pagtotodo-pasa, mga tendensiyang nakasisira sa disiplina.

"Ang Katayuan ng Partido Komunista ng Tsina sa Pambansang Digmaan" (Oktubre 1938), *Mga Piling Akda,* Tomo II.

Sa hukbo man o sa mga organisasyong lokal, ang demokrasya sa loob ng Partido ay hindi para pahinain bagkus ay para palakasin ang disiplina at papag-ibayuhin ang kakayahang makibaka.

*Ibid.*

Sa larangan ng teorya, kitlin ang ugat ng labis na demokrasya. Una, dapat ipakita na mapanganib ang labis na demokrasya dahil sa pinipinsala nito o ganap pa ngang winawasak ang organisasyon ng Partido at pinahihina o ganap pa ngang sinisira ang kakayahan ng Partido sa pakikibaka, kung kaya hindi magampanan ng Partido ang mga tungkulin nito sa pakikihamok na ikinabibigo tuloy ng rebolusyon. Ikalawa, dapat ipakita na ang pinagmumulan ng labis na demokrasya ay ang indibidwalistang pagkailág ng petiburgesya sa disiplina. Kapag natangay sa Partido, ang ganitong ugali ay nagiging kaisipan ng labis na demokrasya sa larangan ng pulitika at organisasyon.

Hinding-hindi naaangkop ang kaisipang ito sa mga tungkulin ng proletaryado sa pakikihamok.

"Hinggil sa Pagwawasto ng mga Maling Kaisipan sa Loob ng Partido" (Disyembre 1929), *Mga Piling Akda*, Tomo I.

## 16. EDUKASYON AT PAGSASANAY

Dapat magsilbi ang patakaran nating pang-edukasyon sa ikauunlad ng moralidad, talino at pangangatawan ng bawat isang nag-aaral at sa kanilang ikapagiging anakpawis na nagtataglay ng sosyalistang kamalayan at kalinangan.

*Hinggil sa Wastong Paghawak ng mga Kontradiksiyon sa Hanay ng Sambayanan* (Pebrero 27, 1957).

Tungkol naman sa edukasyon ng mga kadreng nagtatrabaho o kaya'y nasa paaralang pangkadre, dapat magkaroon ng patakarang nakatuon sa pag-aaral ng mga suliranin sa praktika ng rebolusyong Tsino, gamit-gamit na patnubay ang mga saligang simulain ng Marxismo-Leninismo; dapat

iwaksi ang paraan ng pag-aaral ng Marxismo-Leninismo sa estilong di-nagbabago at di-nakaugnay sa buhay.

"Isaayos ang Ating Pag-aaral" (Mayo 1941), *Mga Piling Akda,* Tomo III.

Sa mga paaralang militar, ang pinakamahalaga ay ang pagpili ng tagapamahala't mga guro at ang pagtatakda ng patakarang pang-edukasyon.

"Mga Suliranin ng Estratehiya sa Rebolusyonaryong Digmaan sa Tsina" (Disyembre 1936), *Mga Piling Akda,* Tomo I.

Ang paaralang may sandaan katao ay hindi makakakilos nang mahusay kung walang namumunong pangkat na may ilang tao, kahit sampu mahigit, na binuo ayon sa tunay na mga kalagayan (hindi basta pilit na pinagsama-sama) at kinabibilangan ng pinaka-aktibo, pinakahanda at may-pina-

kamabuting-asal na mga guro't iba pang kawani pati na estudyante.

"Ilang Bagay Hinggil sa mga Paraan ng Pamumuno" (Hunyo 1, 1943), *Mga Piling Akda*, Tomo III.

Dapat magpakahusay ang lahat ng pinuno at mandirigma ng ating hukbo sa sining militar, dapat silang sumulong nang buong giting sa digmaang puputungan at puputungan natin ng tagumpay, dapat nilang lipuling tiyak, lubos, ganap at buung-buo ang lahat ng kaaway.

"Manipesto ng Hukbong Mapagpalaya ng Bayan ng Tsina" (Oktubre 1947), *Mga Piling Akda*, Tomo IV.

Magkapantay na kahalagahan ang dapat iukol sa aspektong militar at aspektong pampulitika ng kasisimula pa lamang na isang taóng programa ng pagpapatatag at pagsa-

sanay, at dapat pagsamahin ang dalawang aspekto. Sa simula, ang dapat bigyang-diin ay ang aspektong pampulitika, ang pagpapabuti ng ugnayan ng mga opisyal at sundalo, pagpapalakas ng panloob na pagkakaisa at pagpukaw ng ibayong kasiglahan ng masa ng mga kadre at mandirigma. Sa paraang ito lamang makapagpapatuloy nang walang sagabal at makapagtatamo ng mas mabubuting resulta ang pagpapatatag at pagsasanay militar.

"Ang mga Tungkulin para sa 1945" (Disyembre 15, 1944).

Tungkol naman sa paraan ng pagsasanay, dapat nating ilunsad ang kilusan sa pagsasanay na pangmaramihan na kakikitaan ng pagtuturo ng mga opisyal sa mga sundalo, pagtuturo ng mga sundalo sa mga opisyal, at ng pagpapalitan ng mga sundalo ng kani-kanilang nalalaman.

"Patakaran sa mga Gagawin ng mga Pinalayang Purok sa 1946" (Disyembre 15, 1945), *Mga Piling Akda,* Tomo IV.

Islogan natin sa pagsasanay ng hukbo ang: "Tinuturuan ng mga opisyal ang mga sundalo, tinuturuan ng mga sundalo ang mga opisyal at ang mga sundalo ay nagpapalitan ng kani-kanilang nalalaman." Maraming karanasan sa praktika ng sagupaan ang mga mandirigma. Dapat matuto sa kanila ang mga opisyal, at kung ituturing na nga ng mga opisyal na sarili nilang karanasan ang karanasan ng iba, pihong huhusay ang kakayahan nila.

"Pakikipag-usap sa Patnugutan ng *Diaryo ng Shansi-Suiyuan*" (Abril 2, 1948), *Mga Piling Akda*, Tomo IV.

Tungkol sa programa ng pagsasanay, pangunahing layunin pa rin ang pagiging mahusay sa teknik ng pagbaril, pagbayoneta, paghagis ng granada at iba pa, at pumapangalawang layunin ang pagpapataas sa

pamantayan ng taktika na may natatanging diin sa pagsasanay ng pakikipagsagupaan sa gabi.

"Patakaran sa mga Gagawin ng mga Pinalayang Purok sa 1946" (Disyembre 15, 1945), *Mga Piling Akda,* Tomo IV.

## 17. PAGLILINGKOD SA SAMBAYANAN

Dapat tayong maging mapagpakumbaba at maingat, dapat nating iwasan ang pagmamataas at pagiging pabigla-bigla, dapat nating paglingkuran ang sambayanang Tsino nang buong puso at kaluluwa. . . .

"Ang Dalawang Kapalarang Naghihintay sa Tsina" (Abril 23, 1945), *Mga Piling Akda,* Tomo III.

Ang maglingkod sa sambayanan nang buong puso at huwag humiwalay sa masa saglit man; ang umalinsunod sa kapakanan ng sambayanan sa lahat ng pagkakataon, hindi ayon sa sariling kapakanan ni sa kapakanan ng maliit na pangkat lamang; at ang ituring na iisa ang ating pananagutan sa

sambayanan at ang ating pananagutan sa mga namumunong organo ng ating Partido — ito ang nagpapasigla sa lahat ng ating ikinikilos.

"Hinggil sa Pamahalaang Koalisyon" (Abril 24, 1945), *Mga Piling Akda*, Tomo III.

Kailangang pairalin ng mga organo ng estado ang demokratikong sentralismo, kailangan nilang umasa sa masa, at kailangang paglingkuran ng kanilang mga tauhan ang sambayanan.

*Hinggil sa Wastong Paghawak ng mga Kontradiksiyon sa Hanay ng Sambayanan* (Pebrero 27, 1957).

Sa kanyang walang hanggang pagpapahalaga sa gawain at sa walang pagkasaid niyang pagmamalasakit sa mga kasama at sa taumbayan mamamalas ang diwa ni Kasamang Bethune, ang kanyang taos-pusong pagmamahal sa kapwa habang ang sarili'y

hindi alintana. Dapat matuto sa kanya ang bawat Komunista.

. . . .

Kinakailangang matutunan nating lahat sa kanya ang diwa ng ganap na di-pagkamakasarili. Ang sinumang magtaglay ng diwang ito ay maaaring maging kapaki-pakinabang sa sambayanan. Malaki man o maliit ang kakayahan ng isang tao, kung lipos siya ng diwang ito, isa na siyang taong marangal, wagas ang loob, malinis ang budhi at di nahahawahan ng kalaswaan, anupa't kapaki-pakinabang nga sa sambayanan.

"Paggunita kay Norman Bethune" (Disyembre 21, 1939), *Mga Piling Akda,* Tomo II.

Ang ating Partido Komunista at saka ang Hukbo ng Ikawalong Ruta at ang Bagong Ikaapat na Hukbo na pinamumunuan ng ating Partido ay mga batalyon ng rebolusyon. Ganap na nakalaan sa ikalalaya ng sambayanan at lubusang naglilingkod sa

kapakanan ng sambayanan ang mga batalyon nating ito.

"Paglingkuran ang Sambayanan" (Setyembre 8, 1944) *Mga Piling Akda,* Tomo III.

Lingkod-bayan ang lahat ng ating kadre, mataas man o mababa ang katungkulan, at layon ng anumang gawin natin ang mapaglingkuran ang sambayanan. Bakit pa nga kaya natin pag-aatubiliang iwaksi ang masasama nating ugali?

"Ang mga Tungkulin para sa 1945" (Disyembre 15, 1944).

Tungkulin natin ang magkaroon ng pananagutan sa sambayanan. Dapat maayon sa kapakanan ng sambayanan ang bawat salita, bawat kilos at bawat patakaran, at kung magkaroon ng pagkakamali ay dapat

iyong iwasto — iyan ang kahulugan ng pagkakaroon ng pananagutan sa sambayanan.

"Ang Kalagayan at ang Ating Patakaran Pagkapagtagumpay sa Digmaang Pagtatanggol Laban sa Hapon" (Agosto 13, 1945), *Mga Piling Akda,* Tomo IV.

Saanman may pakikibaka ay may pagpapakasakit at ang kamatayan ay karaniwan nang maganap. Subalit naukit na sa ating puso ang kapakanan ng sambayanan at ang paghihirap ng lubos na nakararami; kung mamatay tayo nang dahil sa sambayanan, kamatayan iyong makabuluhan. Gayunma'y dapat nating gawin ang lahat ng makakaya upang makaiwas sa mga di-kinakailangang pag-aalay ng buhay.

"Paglingkuran ang Sambayanan" (Setyembre 8, 1944), *Mga Piling Akda,* Tomo III.

Mamamatay ang lahat ng tao ngunit maaaring mag-iba-iba ang kabuluhan ng

kamatayan. Noong unang panahon sa Tsina, nasabi ng manunulat na si Szuma Chien, "Nakasisigurong ang kamatayan nga'y tiyak na daratal sa lahat ng tao, ngunit maaaring kamataya'y maging higit na matimbang kaysa sa Bundok Tay, dili naman kaya'y higit na magaan kaysa balahibo ng ligaw na pato." Ang mamatay alang-alang sa sambayanan ang higit na matimbang kaysa Bundok Tay, subalit ang maglingkod sa mga pasista at ang mamatay para sa mga mapagsamantala at mapang-api ang higit na magaan kaysa balahibo.

*Ibid.*

## 18. PAGKAMAKABANSA AT INTERNASYONALISMO

Internasyonalista ang mga Komunista; maaari ba rin silang maging makabansa? Naniniwala tayong hindi lamang sa maaari kundi dapat pa nga. Ang mga kalagayang pangkasaysayan ang nagpapasiya ng partikular na nilalaman ng pagkamakabansa. Naririyan ang "pagkamakabansa" ng mga mananalakay na Hapones at ni Hitler, at naririyan naman ang pagkamakabansa natin. Kailangang labanan nang buong tatag ng mga Komunista ang "pagkamakabansa" ng mga mananalakay na Hapones at ni Hitler. Nais ng mga Komunistang Hapones at Aleman na matalo ang pandirigma ng kani-kanilang bansa. Kapaki-pakinabang nga sa mga sambayanang Hapones at Aleman ang paggawa ng lahat ng makakaya para madurog ang pandirigma ng mga mananalakay na Hapones at ang pandirigma ni

Hitler; mas durog, mas mainam. . . . Dahil sa kung paano napipinsala ang mga sambayanan ng daigdig ng mga pandirigma ng mga mananalakay na Hapones at ni Hitler ay gayundin naman ang sambayanan ng sarili nilang bansa. Gayunpaman, iba ang kalagayan ng Tsina, biktima siya ng pananalakay. Samakatwid, dapat pagsamahin ng mga Komunistang Tsino ang pagkamakabansa at ang internasyonalismo. Internasyonalista tayo at makabansa din; ang islogan natin: "Makibaka't nang maipagtanggol ang inang-bayan sa mga mananalakay." Sa atin, krimen ang magnais matalo, at tungkuling di matatakasan ang magpunyagi para sa ikapagtatagumpay ng Digmaang Pagtatanggol. Sapagkat tanging sa pakikihamok lamang natin upang ipagtanggol ang inang-bayan magagapi ang mga mananalakay at mapalalaya ang bayan, at tanging sa pagpapalaya lamang ng bayan matatamo ng proletaryado at ng iba pang anakpawis ang sariling katubusan. Makatutulong sa iba pang sambayanan ang tagumpay ng Tsina at ang pagkagapi ng mga imperyalistang sumasalakay sa kanya. Kung

gayon, sa digmaan para sa ikalalaya ng bayan, ang pagkamakabansa'y pagsasagawa na mismo ng internasyonalismo.

"Ang Katayuan ng Partido Komunista ng Tsina sa Pambansang Digmaan" (Oktubre 1938), *Mga Piling Akda*, Tomo II.

Anong diwa ito na nagpapakilos sa isang dayuhan upang ipakipaglaban nang walang pag-iimbot ang inaadhikang kalayaan ng sambayanang Tsino? Ito ang diwa ng internasyonalismo, ang diwa ng komunismo, ang diwang dapat matutuhan ng bawat Komunistang Tsino. . . . Makipagkaisa tayo sa proletaryado ng lahat ng bansang kapitalista, sa proletaryado ng Hapon, Britanya, Estados Unidos, Alemanya, Italya, lahat ng bansang kapitalista, sapagkat tanging sa paraang ito lamang maibabagsak ang imperyalismo, mapalalaya ang ating bayan at sambayanan, mapalalaya ang mga bayan at sambayanan ng daigdig. Ito ang ating internasyonalismo, ang internasyonalis-

mong ipinanlalaban natin sa makitid na pagkamakabayan at makitid na pagkamakabansa.

"Paggunita kay Norman Bethune" (Disyembre 21, 1939), *Mga Piling Akda,* Tomo II.

Sa pakikibaka ng mga inaaping sambayanan para sa ganap na kalayaan, umaasa sila, una sa lahat, sa sarili nilang pakikibaka at saka na lamang sa tulong internasyonal. Dapat tulungan ng sambayanang nagtagumpay na sa kanilang rebolusyon yaong mga nagbubunsod pa ng pakikibakang mapagpalaya. Ito ang internasyonalista naming tungkulin.

Pakikipag-usap sa mga kaibigang Aprikano (Agosto 8, 1963).

Bagung-bagong tipo ng estado ang mga estadong sosyalista, dito'y naibagsak na ang mga uring nagsasamantala at nasa kamay na ng sambayanang anakpawis ang ka-

pangyarihan. Ang pinagsamang internasyonalismo at pagkamakabansa ang simulaing isinasagawa sa ugnayan ng ganitong mga estado. Iisang interes at iisang mithiin ang mahigpit na nagbubuklod sa atin.

"Talumpati sa Pulong ng Kataastaasang Sobyet ng U.S.S.R. sa Pagdiriwang ng Ika-40 Anibersaryo ng Dakilang Sosyalistang Rebolusyong Oktubre" (Nobyembre 6, 1957).

Dapat magkaisa ang mga sambayanan ng mga bansa sa sosyalistang kampo; dapat magkaisa ang mga sambayanan ng mga bansa sa Asya, Aprika at Amerika Latina; dapat magkaisa ang mga sambayanan ng lahat ng kontinente; dapat magkaisa ang lahat ng bansang mapagmahal sa kapayapaan; at dapat magkaisa ang lahat ng bansang sinasalakay, kinokontrol, pinanghihimasukan at pinagsisiga-sigaan ng Estados Unidos nang sa gayo'y mabuo nila ang pinakamalawak na nagkakaisang prenteng lalaban sa mga

patakaran ng pananalakay at pandirigma ng imperyalismong Amerikano at magsasanggalang ng kapayapaang pandaigdig.

> "Pahayag ng Pagkatig sa Makatarungang Pakikibakang Makabansa ng Sambayanang Panamenyo Laban sa Imperyalismong Amerikano" (Enero 12, 1964), *Sambayanan ng Daigdig, Magkaisa at Gapiin ang mga Mananalakay na Amerikano at ang Lahat ng Alipuris Nila.*

Walang tigil sa pag-unlad ang mga bagaybagay. Apatnapu't limang taon pa lamang ang nakalilipas mula noong Rebolusyon ng 1911, ngunit ang mukha ng Tsina ay nabago nang ganap. Apatnapu't limang taon pa, ibig sabihi'y sa taong 2001, sa simula ng ika-21 siglo, lalo pang malaki ang ipagbabago ng Tsina. Sa panahong iyon ay isa na siyang industriyal na sosyalistang bansang makapangyarihan. At iyon nga ang siyang dapat. Sa lupain nitong may lawak na 9,600,000 kilometro kuwadrado at sa po-

pulasyong umaabot sa 600 milyon, nararapat lamang na malaki-laki ang maiambag ng Tsina sa sangkatauhan. Sa loob ng napakatagal na panahon ay napakaliit ng naiambag niya. Ikinalulungkot natin ito.

Subalit dapat tayong maging mapagpakumbaba — hindi lamang sa ngayon kundi makalipas man ang apatnapu't limang taon, maging mapagpakumbaba magpakailanman. Sa pakikipag-ugnayang pandaigdig nating mga Tsino, dapat nating pawiing tiyak, lubos, ganap at buung-buo ang sobinismo ng makapangyarihang bansa.

"Paggunita kay Dr. Sun Yat-sen" (Nobyembre 1956).

Hinding-hindi natin dapat taglayin ang mapagmataas na asal na sobinismo ng makapangyarihang bansa at hinding-hindi tayo dapat magmayabang dahil sa tagumpay ng ating rebolusyon at sa ilang natamo ng

ating konstruksiyon. Ang bawat bansa, malaki man o maliit, ay may kakanyahang positibo't negatibo.

"Talumpating Pambungad sa Ikawalong Pambansang Kongreso ng Partido Komunista ng Tsina" (Setyembre 15, 1956).

## 19. REBOLUSYONARYONG KABAYANIHAN

Hindi mapangangayupapa ang diwa ng hukbong ito, hukbong may matibay na pasiyang igupo ang lahat ng kaaway at huwag sumuko kailanman. Gaano man kahirap ang kalagayan, ang malabi ma'y iisa-isa na lamang, tuloy pa rin ang pakikipaglaban.

"Hinggil sa Pamahalaang Koalisyon" (Abril 24, 1945), *Mga Piling Akda,* Tomo III.

Patingkarin ang estilo natin ng pakikihamok — katapangan sa labanan, kawalang takot sa kamatayan, di pag-alintana sa pagod, tuluy-tuloy na pakikihamok (walang

pahingang pakikihamok sa maiikling labanang sunud-sunod).

"Ang Kasalukuyang Kalagayan at ang Ating mga Tungkulin" (Disyembre 25, 1947), *Mga Piling Akda,* Tomo IV.

Laksa-laksa na't libu-libong martir ang magiting na nagbuwis ng buhay alang-alang sa sambayanan; itaas natin ang kanilang bandila at sumulong tayo sa landas na dinilig ng kanilang dugo!

"Hinggil sa Pamahalaang Koalisyon" (Abril 24, 1945), *Mga Piling Akda,* Tomo III.

Magpakatatag, huwag matakot sa pagpapakasakit, manaig sa laksang kahirapan, nang makamtan ang tagumpay.

"Ang Matandang Hangal na Nag-alis ng Bundok" (Hunyo 11, 1945), *Mga Piling Akda,* Tomo III.

Sa maselang yugto ng pagsulong ng Ekspedisyon sa Hilaga, . . . nawasak ang pam-

bansang nagkakaisang prente — ang nagkakaisang prenteng binubuo ng Kuomintang, ng Partido Komunista at ng lahat ng seksiyon ng sambayanan, nagkakaisang prenteng siyang kumakatawan sa ipinakikipaglabang kalayaan ng sambayanang Tsino — at nawasak maging ang lahat ng rebolusyonaryong patakaran nito, winasak ng pataksil at mapanlaban-sa-bayang patakaran ng "paglilinis ng Partido" at pamamaslang na isinagawa ng mga awtoridad ng Kuomintang. . . . Mula noon, nahalinhan na ng digmaang sibil ang pagkakaisa, nahalinhan ng diktadura ang demokrasya, at nabalot ng karimlan ang Tsinang dati-rati'y lipos ng kaliwanagan. Ngunit ang Partido Komunista ng Tsina at ang sambayanang Tsino ay hindi natakot, hindi nagapi, hindi nalipol. Bumangon silang muli, kanilang pinahid ang dugo sa katawan, inilibing nila ang mga kasamang nasawi at muli silang lumaban. Iwinagaywa nila nang mataas ang dakilang bandila ng rebolusyon, sila ay nagtanggol sa pamamagitan ng sandata at sa malalawak na lupain sa Tsina ay nagtayo sila ng mga organo ng kapangyarihang bayan, nagsaga-

wa ng reporma sa lupa, nagtatag ng hukbong bayan — ang Pulang Hukbo ng Tsina; napanatili nga nila't napaunlad ang rebolusyonaryong puwersa ng sambayanang Tsino.

"Hinggil sa Pamahalaang Koalisyon" (Abril 24, 1945), *Mga Piling Akda,* Tomo III.

Marami kayong mabubuting katangian at malalaking ambag na ang inyong naibibigay, ngunit pakatandaan ninyo na hindi dapat maging mayabang. Iginagalang kayo ng lahat, na siya namang dapat, pero madaling pumasok sa ulo ang ganito at nauuwi sa kayabangan. Kung tatangos na ang inyong ilong, kung hindi na kayo magiging mapagpakumbaba, kung hindi na kayo magsisikap, at kung hindi na ninyo igagalang ang iba, ang mga kadre kaya o ang masa, hindi na kayo magiging bayani at huwaran. May mga tao nang nagkaganito, huwag sana kayong matulad sa kanila.

"Dapat Tayong Matuto ng Gawaing Pang-ekonomiya" (Enero 10, 1945), *Mga Piling Akda,* Tomo III.

Sa pakikibaka upang malipol ang kaaway, sa pakikibaka upang mapapanumbalik at mapataas ang produksiyon sa industriya at agrikultura, marami nang kahirapan ang inyong napapananaigan at ibayo nang katapangan, katalinuhan at kasigasigan ang inyong naipamamalas. Huwaran kayo ng buong bayang Tsino, sandigan ng matagumpay na pagsulong ng ipinakikipaglaban ng sambayanan sa lahat ng larangan, matibay na haligi ng Pamahalaan ng Sambayanan at tulay na nag-uugnay sa malawak na masa at sa Pamahalaan ng Sambayanan.

Kalatas ng pagbati sa ngalan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Tsina sa Pulong ng mga Kinatawan ng mga Pambansang Bayani-sa-Pakikihamok at ng mga Huwarang Manggagawa (Setyembre 25, 1950).

Tayo, bayang Tsino, ay may angking katapangang lumaban sa kaaway hanggang sa kahuli-hulihang patak ng ating dugo, may matatag na pagpapasiyang sa pamamagitan

ng sarili nating pagpupunyagi ay bawiin ang lahat ng nawala sa atin, at may kakayahang tumindig sa sarili nating paa sa hanay ng iba pang mga bayan.

"Hinggil sa mga Taktika Laban sa Imperyalismong Hapones" (Disyembre 27, 1935), *Mga Piling Akda,* Tomo I.

## 20. PAGTATAYO NG BANSA SA PAMAMAGITAN NG KASIPAGAN AT KATIPIRAN

Kailangang maipaalalang lagi sa lahat ng mga kadre natin at sa buong sambayanan na malaki ngang bansang sosyalista ang Tsina ngunit maralita naman at atrasado pa sa ekonomiya; napakalaking kontradiksiyon nito. Upang mapayaman at mapalakas ang Tsina, nangangailangan ng kung may ilang dekada ng puspusang pagpupunyagi, kabilang na rito ang lubusang pagtitipid at ang pagbaka sa pag-aaksaya; ito ang patakaran ng pagtatayo ng ating bansa sa pamamagitan ng kasipagan at katipiran.

*Hinggil sa Wastong Pagbawak ng mga Kontradiksiyon sa Hanay ng Sambayanan* (Pebrero 27, 1957).

Dapat maging masipag at matipid sa pagpapatakbo ng mga pagawaan, mga tindahan, mga empresang pag-aari ng estado, mga kooperatiba at iba pang establisimyento. Anuman ang gagawin, ang simulain ng kasipagan at katipiran ang dapat sundin. Ang simulain ng pagtitipid ang isa sa mga saligang simulain ng ekonomiyang sosyalista. Malaking bansa ang Tsina ngunit sa ngayo'y maralita pa. Mga ilang dekada pa ang kailangan upang maging masagana siya. Sa panahong iyon man, dapat pa rin nating sundin ang simulain ng kasipagan at katipiran. Ngunit sa mga ilang dekadang ito, sa panahon ng mga panimulang panlimahang-taóng plano mas kinakailangang magtipid at magsipag at maging masinop.

Pambungad sa "Pagpapalakad ng Kooperatiba sa Pamamagitan ng Kasipagan at Katipiran" (1955), *Pagsukdol ng Sosyalismo sa Kanayunan ng Tsina*, Tomo I.

Saanman tayo maparoon, dapat nating mahalin at ingatan ang mga lakas-bisig at

yamang materyal natin, huwag ang kasalukuyan lamang ang isipin natin, huwag tayong mag-aksaya ni maging waldas. Kahit pa nasaan, sa kauna-unahang taon pa man ng pagtatrabaho natin, dapat na nating itanim sa isip ang marami pang taóng darating, ang pangmatagalang digmaang dapat ipagpatuloy, ang ganting-pagsalakay, ang gagawing rekonstruksiyon matapos mapalayas ang kaaway. Hinding-hindi na nga tayo dapat mag-aksaya ni maging waldas, dapat pa nating pagsikapang mapataas ang produksiyon. May ilang lugar nang nagdusa nang katakut-takot dahil hindi nila isinaalang-alang ang bukas, kinaligtaan nila ang pagsisinop ng lakas-bisig at yamang materyal at hindi nila binigyang-pansin ang pagpapataas ng produksiyon. Mayroon ditong mapupulot na aral na dapat pakatandaan.

"Dapat Tayong Matuto ng Gawaing Pang-ekonomiya" (Enero 10, 1945), *Mga Piling Akda,* Tomo III.

Upang mapadali ang panunumbalik at pag-unlad ng produksiyong agrikultural, at

maging ng produksiyong industriyal sa mga bayan-bayan, kinakailangang sa takbo ng pakikibaka natin para mapawi ang sistemang piyudal ay gawin natin ang lahat ng makakaya upang mapangalagaan ang lahat ng kapaki-pakinabang na mga gamit sa produksiyon at mga ikinabubuhay, gumawa tayo ng matatatag na hakbangin laban sa mga mangwawasak o mag-aaksaya ng mga iyon, tutulan natin ang maluluho kung kumain at labis-labis kung uminom, at lagi nating alalahanin ang pagtitipid.

"Talumpati sa Isang Komperensiya ng mga Kadre sa Pinalayang Purok ng Shansi-Suiyuan" (Abril 1, 1948), *Mga Piling Akda,* Tomo IV.

Tungkol sa gastos ng pamahalaan, katipiran ang simulaing dapat pumatnubay. Dapat liwanagin sa lahat ng kawani ng pamahalaan na pagkabibigat na mga krimen ang katiwalian at pagiging bulagsak. May ibinunga na nga ang mga kampanya natin laban sa katiwalian at kabulagsakan ngunit higit pang pagpupunyagi ang kinakailangan.

Ang simulaing dapat pumatnubay sa ating sistema ng pagkukuwenta ay: tipirin ang bawat kusing para sa pangangailangan ng digmaan, para sa mga hinihingi ng rebolusyon at para sa pagtatayo ng ekonomiya natin.

"Ang Ating Patakarang Pangekonomiya" (Enero 23, 1934), *Mga Piling Akda,* Tomo I.

May lumilitaw ngayong mapanganib na tendensiya sa maraming tauhan natin — ang pagtangging makibahagi sa hirap at ginhawa ng masa, at ang pagnanais na maging sikat at sarili lamang ang makinabang. Napakasama nito. Isang paraan para ito mapanaigan ay ang pagpapasimple sa mga organisasyon natin sa takbo ng ating kampanyang pataasin ang produksiyon at magtipid, at ang paglilipat ng mga kadre sa nakabababang antas nang makabalik naman sa produksiyon ang marami-rami sa kanila.

*Hinggil sa Wastong Paghawak ng mga Kontradiksiyon sa Hanay ng Sambayanan* (Pebrero 27, 1957).

Ang produksiyong isinasagawa ng hukbo upang matustusan ang sarili ay nakapagpabuti nga sa kalagayan ng pamumuhay ng hukbo at nagpagaan sa pasanin ng taumbayan, bagay na lalong makapagpapalaki sa hukbo. Hindi lamang iyan, kagyat din itong nagkabunga nang marami, gaya ng mga sumusunod:

(1) Mas mahusay na ugnayan ng mga pinuno at sundalo. Sama-samang nagsasaproduksiyon ang mga pinuno at sundalo kung kaya sila nagiging tila magkakapatid.

(2) Mas mabuting pagtingin sa paggawa. . . . Mula nang lumahok sa produksiyon ang hukbo upang matustusan ang sarili, bumuti na ang pagtingin sa paggawa at naalis na ang mga ugaling tamad.

(3) Mas matibay na disiplina. Ang disiplina ng mga sundalo sa labanan at sa pang-araw-araw na buhay ay hindi pinahihina, bagkus ay pinalalakas pa nga, ng disiplina sa trabaho na hinihingi ng pagsasaproduksiyon.

(4) Mas mahusay na ugnayan ng hukbo at taumbayan. Kapag may "sarili nang pamamahay" ang sandatahang lakas, dumadalang na o nawawala pa nga ang pagmamalabis nito sa ari-arian ng mga karaniwang tao. Tumitibay pati ang pagkakaibigan ng hukbo at taumbayan kung nagbabáyanihán na sila sa produksiyon.

(5) Mas kakaunti nang pagmamaktol ng mga sundalo sa pamahalaan at mas mahusay nang ugnayan ng dalawa.

(6) May nakapagtutulak pasulong sa malakihang kampanya ng taumbayan sa produksiyon. Kapag lumahok na ang hukbo sa produksiyon, lalong nagiging malinaw na kailangan ding lumahok dito ang pamahalaan at ang iba pang organisasyon, at mas nagiging masigla nga ang kanilang paglahok; gayundin, natural lamang na maging lalong malinaw na nangangailangan nga ng pangkalahatang kampanya ang taumbayan sa buong lugar upang mapataas ang produksiyon, at ang pagsa-

sagawa man nito ay lalong nagiging masigla.

"Hinggil sa Produksiyong Isinasagawa ng Hukbo Upang Matustusan ang Sarili at Hinggil sa Kahalagahan ng Dakilang Kilusan sa Pagtutuwid at ng Dakilang Kilusan sa Produksiyon" (Abril 27, 1945), *Mga Piling Akda,* Tomo III.

May mga nagsasabing kapag lumahok na sa produksiyon ang mga yunit ng hukbo, hindi na sila makapagsasanay ni makalalaban at kapag ganito rin daw ang ginawa ng pamahalaan at ng iba pang organisasyon, hindi na rin nila magagampanan ang kanilang gawain. Maling katwiran ito. Nitong mga kalilipas na taon, naglunsad ng malakihang produksiyon ang mga yunit ng ating hukbo sa Hanggahang Purok upang magkaroon ng sapat na pagkain at pananamit para sa sariling gamit; kaalinsabay niyo'y mas matagumpay pa rin nilang naipagpatuloy ang kanilang mga pagsasanay at maging ang

kanilang pag-aaral ng pulitika at kultura, at ngayon ay naging mas matibay ang pagkakaisa sa loob ng hukbo pati na ang pagkakaisa ng hukbo at taumbayan. Sa larangan naman, kahit na may malakihang kampanya sa produksiyon noong nakaraang taon, nakapagtamo pa ng malalaking tagumpay sa pakikihamok at bukod pa roo'y isang malaganap na kampanya sa pagsasanay ang napasimulan. Salamat sa produksiyon at mas bumuti ang pamumuhay ng mga tauhan ng pamahalaan at ng iba pang organisasyon, at higit silang napanatag at naging mas mahusay sa pagtatrabaho; ganito nga sa Hanggahang Purok at pati sa larangan.

"Dapat Tayong Matuto ng Gawaing Pang-ekonomiya" (Enero 10, 1945), *Mga Piling Akda*, Tomo III.

## 21. PAG-ASA SA SARILI AT PUSPUSANG PAGPUPUNYAGI

Saan dapat mabatay ang ating patakaran? Dapat ay sa sarili nating lakas, ito ang tinatawag na pag-asa sa sarili. Hindi tayo nag-iisa; kaibigan nating lahat ang mga bansa at sambayanan sa daigdig na laban sa imperyalismo. Gayunman, ang pag-asa sa sarili ang binibigyang-diin natin. Sa pag-asa sa puwersang tayo mismo ang nag-organisa, magagapi natin ang lahat ng reaksiyonaryo, Tsino man o dayuhan.

"Ang Kalagayan at ang Ating Patakaran Pagkapagtagumpay sa Digmaang Pagtatanggol Laban sa Hapon" (Agosto 13, 1945), *Mga Piling Akda,* Tomo IV.

Pinaninindigan natin ang pag-asa sa sarili. Gusto nga sana natin ng tulong dayuhan

ngunit hindi maaaring doon na lamang tayo umasa; sa sariling sikap tayo umaasa, sa mapanlikhang kapangyarihan ng buong hukbo at ng buong sambayanan.

"Dapat Tayong Matuto ng Gawaing Pang-ekonomiya" (Enero 10, 1945), *Mga Piling Akda*, Tomo III.

Ang makapagtagumpay sa buong bansa ay unang hakbang lamang sa mahabang martsa ng sampung libong *li*. . . . Dakila ang rebolusyong Tsino, subalit higit pang mahaba ang landas na tatahakin matapos ang rebolusyon at higit na malaki't mabigat pa ang gagawin. Ngayon pa ma'y dapat na itong linawin sa Partido upang mapamalaging mapagpakumbaba, maingat, di-mapagmataas at di-pabigla-bigla ang mga kasama sa kanilang estilo-ng-paggawa at upang mapapanatili nila ang estilo ng sim-

pleng pamumuhay at puspusang pagpupunyagi.

"Ulat sa Ikalawang Sesyong Plenaryo ng Ikapitong Komite Sentral ng Partido Komunista ng Tsina" (Marso 5, 1949), *Mga Piling Akda*, Tomo IV.

Dapat nating alising ganap sa isip ng ating mga kadre ang lahat ng pala-palagay na madaling makapagtatagumpay sa pamamagitan ng suwerte, nang wala nang puspusang pagpupunyagi at mahirap na pakikibaka, nang wala nang pagpapatulo ng pawis at pagdanak ng dugo.

"Magtatag ng Matibay na Base sa Hilagang-Silangan" (Disyembre 28, 1945), *Mga Piling Akda*, Tomo IV.

Dapat nating ipropagandang lagi sa taumbayan kung gaano na ang isinusulong ng daigdig at ang maningning nitong hinaharap

upang magkaroon sila ng tiwala sa tagumpay. Kaalinsabay nito, dapat nating sabihin sa taumbayan at sa ating mga kasama na liku-liko ang landas. Marami pang balakid at marami pang hirap sa landas ng rebolusyon. Ipinalalagay ng Ikapitong Kongreso ng ating Partido na marami pa ang magiging hirap, dahil mas gusto nga nating isiping mas marami-rami pa ang hirap nating kakaharapin. Ayaw pag-isipang mabuti ng ilang kasama ang kahirapan. Ngunit totoo ang kahirapan at kung gaano karami ang hirap, ganoong hirap ang dapat nating alamin; hindi dapat magkaroon ng "patakaran ng di pag-alam". Dapat nating alamin, suriin at bakahin ang mga hirap. Walang tuwid na landas sa daigdig; likulikong landas ang paghandaan nating taluntunin at huwag tayong maghangad ng mga hindi pinagpaguran. Hindi dapat pangarapin na isang maaliwalas na umaga ay maniniklhuhod na lamang at sukat nang sabaysabay ang mga reaksiyonaryo sa ating paanan. Sa madaling salita, maaliwalas ang bukas, masalimuot ang landas. Marami pang hirap ang kinakaharap natin na hindi

dapat paghalukipkipan na lamang. Sa pakikipagkaisa sa buong sambayanan, sa samasamang pagsusumikap, mapananaigan nating tiyak ang lahat ng hirap at ating makakamtan ang tagumpay.

"Hinggil sa mga Negosasyon sa Chungking" (Oktubre 17, 1945), *Mga Piling Akda*, Tomo IV.

Kung kaaliwalasan lamang ang titingnan at ipipikit na ang mata sa kahirapan, hindi makalalaban nang mabisa para sa ikatutupad ng mga tungkuling atas ng Partido.

"Hinggil sa Pamahalaang Koalisyon" (Abril 24, 1945), *Mga Piling Akda*, Tomo III.

Ang mga manggagawa, magsasaka at intelektuwal na nagpapatulo ng pawis ang lumilikha ng kayamanan ng lipunan. Kung sila na mismo ang hahawak ng sariling tadhana, kung mayroon na pating Marxista-Leninistang linyang masusunod sila at kung

sa halip na iwasan ay aktibo nilang kakaharapin, para malutas, ang mga suliranin, mapangingibabawan nila ang lahat ng hirap sa balat ng lupa.

Pambungad sa "Ang Kalihim ng Partido ang Namumuno Habang Kumikilos ang Lahat ng Kasapi ng Partido sa Pagpapatakbo ng Kooperatiba" (1955), *Pagsukdol ng Sosyalismo sa Kanayunan ng Tsina,* Tomo 1.

Kailangang ganap na isaalang-alang ng mga kasama sa buong Partido ang mga bagay-bagay at kailangan nilang paghandaang mapanaigan sa plinanong paraan ang kahit anong kahirapan, taglay ang di-mapangangayupapang kalooban. May kanyang kahirapan ang mga puwersang reaksiyonaryo; tayo man ay gayundin. Ngunit walang kalutasan ang hirap na dinaranas ng mga puwersang reaksiyonaryo sapagkat sila'y puwersang nasa bingit na ng kamatayan at wala nang kinabukasan. Ang hirap na ating dinaranas ay mapananaigan

sapagkat tayo'y kasisilang na puwersa na may bukas na maaliwalas.

"Ipagbunyi ang Panibagong Pagsukdol ng Rebolusyong Tsino" (Pebrero 1, 1947), *Mga Piling Akda,* Tomo IV.

Sa panahon ng kahirapan, balikan natin sa isip ang mga tagumpay na atin nang nakamtan, tanawin natin ang maaliwalas na kinabukasan at pag-ibayuhin natin ang ating katapangan.

"Paglingkuran ang Sambayanan" (Setyembre 8, 1944), *Mga Piling Akda,* Tomo III.

Habang lumalaki ang mga bagong silang na bagay ay lagi nang nagdaranas ng hirap at nasusuong sa mga balakid. Nangangarap lamang ng gising ang nag-aakalang paupupo lamang ang pagtatayo ng sosyalismo, na madali iyong maipagtatagumpay nang

wala nang hirap at balakid ni ibayong pagsisikap.

*Hinggil sa Wastong Paghawak ng mga Kontradiksiyon sa Hanay ng Sambayanan* (Pebrero 27, 1957).

Sa rebolusyonaryong pakikibaka, may mga sandaling nakalalamang sa paborableng kondisyon ang mga kahirapan; sa ganoong mga pagkakataon, ang kahirapan ang siyang prinsipal na aspekto ng kontradiksiyon samantalang ang paborableng kondisyon ang siya namang sekundaryong aspekto. Ngunit sa pagpupunyagi ng mga rebolusyonaryo ay unti-unting mapangingibabawan ang kahirapan at makalilikha ng bagong kalagayang paborable; anupa't ang mahirap na kalagayan ay magbibigay-daan sa paborableng kalagayan.

"Hinggil sa Kontradiksiyon" (Agosto 1937), *Mga Piling Akda,* Tomo I.

Ano ang tinatawag na trabaho? Ang trabaho ay pakikibaka. May mga kahirapan

at suliranin sa mga lugar na iyon na dapat nating panaigan at lutasin. At upang mapangibabawan nga ang mga kahirapang iyon kaya doon tayo magtatrabaho, kaya doon tayo makikibaka. Ang mabuting kasama ay siya na kung saan mas mahirap, doon mas gustong pumunta.

"Hinggil sa mga Negosasyon sa Chungking" (Oktubre 17, 1945), *Mga Piling Akda,* Tomo IV.

Noong unang panahon, may pabulang Tsino na pinamagatang "Ang Matandang Hangal na Nag-alis ng Bundok". Ayon dito, may isa raw matandang naninirahan sa hilagang Tsina noong araw, siya si Matandang Hangal ng Hilagang Bundok. Sa may bukana ng pintuan ng kanyang bahay na nakaharap sa timog ay may dalawang pagkálalakíng bundok na nakaharang sa labasan; Taihang ang tawag sa isa at Wangwu naman sa isa pa. Naipasiya niyang yakagin ang mga anak niyang lalaki na hukayin ng asarol ang dalawang bundok na iyon. Nakita naman sila ni Tandang Pantas

na ngingisi-ngising nagsabi, "Kay laking kahangalan! Di yata't kakayu-kayo lamang e gusto ninyong hukayin itong dalawang pagkálalakíng bundok na ito? Imposible!" Sumagot si Matandang Hangal, "Kapag ako ay pumanaw, itutuloy ito ng mga anak ko, kapag sila naman ang pumanaw na, naririyan pa ang mga apo ko, at pagkatapos ay ang kanila pang anak, anupa't pagsusumundang walang katapusan ng anak ng kanilang anak at apo ng kanilang apo. Mataas nga ang mga bundok na ito pero hindi na tataas pa; at ang bawat mabawas namin ay siya ring ibababa nila. Bakit hindi ito mapapatag?" Matapos pakliin ang maling palagay ni Tandang Pantas, nagpatuloy sina Matandang Hangal sa paghukay; walang katigil-tigil sa takbo ng mga araw at hindi natinag sa determinasyon bahagya man. Dito'y naantig ang Diyos at nagsugo siya sa lupa ng dalawang anghel na siyang pumasan at nag-alis sa dalawang bundok. Sa kasalukuyan, dalawang malalaking bundok ang buong kabigatang pinapasan ng sambayanang Tsino. Imperyalismo ang tawag sa isa at piyudalismo naman sa isa pa.

Matagal nang naipasiya ng Partido Komunista ng Tsina na hukayin ang dalawang bundok na ito. Magpakapunyagi lamang tayo at huwag magtugot sa paggawa ay maaantig din natin ang Diyos. Ang Diyos na iyon ay walang iba kundi ang masa ng sambayanang Tsino. Kapag tumindig sila at naghukay na kasama natin, bakit hindi natin mapapatag ang dalawang bundok?

"Ang Matandang Hangal na Nag-alis ng Bundok" (Hunyo 11, 1945), *Mga Piling Akda,* Tomo III.

# 22. MGA PARAAN NG PAG-IISIP AT PAGGAWA

Ang kasaysayan ng sangkatauhan ay kasaysayan ng walang humpay na pag-unlad mula kaharian ng pangangailangan patungong kaharian ng kalayaan. Hindi nagwawakas ang prosesong ito. Sa lipunang mayroong mga uri, walang katapusan ang tunggalian ng mga uri. Sa lipunang walang mga uri, walang katapusan ang tunggalian ng bago at luma, ng tama at mali. Sa mga larangan ng pakikibaka para sa produksiyon at ng siyentipikong eksperimento, patuloy na sumusulong ang sangkatauhan at patuloy na umuunlad ang kalikasan; wala itong antas na titigilan. Samakatwid, ang tao'y kailangang maglagom nang maglagom ng karanasan at huwag tumigil sa pagtuklas, pag-imbento, paglikha at pagsulong. Maling lahat ang mga paniniwala sa pagtigil, kawalang pag-asa, kawalan

ng magagawa o kaya'y pagmamataas at pagkakontento na lamang. Mali, sapagkat di naaayon sa mga naganap sa kasaysayan ng pagsulong ng lipunan ng tao sa loob ng isang milyong taóng nagdaan, ni sa nalalaman natin sa ngayong mga naganap sa kasaysayan ng kalikasan (halimbawa'y ang kalikasang makikita sa kasaysayan ng mga buntala, ng mundo, ng buhay at ng iba pang pangyayaring pangkalikasan).

> Binanggit sa "Ulat ni Primyer Chou En-lai sa Unang Sesyon ng Pangatlong Pambansang Kongresong Bayan ng Republikang Bayan ng Tsina Hinggil sa Gawain ng Pamahalaan" (Disyembre 21-22, 1964).

Ang siyensiyang pangkalikasan ay isa sa mga sandata ng tao sa kanyang pakikibaka para sa kalayaan. Upang makamit ng tao ang nilalayong kalayaan sa lipunan, dapat niyang gamitin ang siyensiyang panlipunan nang sa gayo'y kanyang maunawaan at mabago ang lipunan, at nang maisakatuparan ang rebolusyong panlipunan. Upang ma-

kamit ng tao ang kalayaan sa kalikasan, dapat niyang gamitin ang siyensiyang pangkalikasan nang sa gayo'y kanyang maunawaan, mapanaigan at mabago ang kalikasan, at nang makamtan ang kalayaan sa kalikasan.

Talumpati sa pulong ng pagtatatag ng Kapisanan ng Purok Hanggahan sa Pananaliksik sa Siyensiyang Pangkalikasan (Pebrero 5, 1940).

Ang pilosopiyang Marxista, ang diyalektikong materyalismo, ay may dalawang namumukod na katangian. Ang isa'y ang makauring katangian nito: hayagang isinasaad na sa proletaryado naglilingkod ang diyalektikong materyalismo. Ang isa pa'y ang pampraktikang katangian nito: binibigyang-diin na sa praktika nakasalalay ang teorya, na ang teorya ay nakasalig sa praktika at kasabay niyon ay naglilingkod sa praktika.

"Hinggil sa Praktika" (Hulyo 1937), *Mga Piling Akda,* Tomo I.

Ipinalalagay ng pilosopiyang Marxista na ang pinakamahalaga ay hindi ang pag-unawa sa mga batas ng obhetibong daigdig upang maipaliwanag ang daigdig, kundi ang paggamit ng kaalaman sa mga batas na ito upang ang daigdig ay mabago sa paraang aktibo.

*Ibid.*

Saan nagmumula ang wastong kaisipan? Ito ba'y hulog ng langit? Hindi. Ito ba'y likas na sa isipan? Hindi. Tanging sa praktikang panlipunan lamang ito nagmumula; tanging sa tatlong klase lamang ng praktikang panlipunan: sa pakikibaka para sa produksiyon, sa tunggalian ng mga uri, at sa siyentipikong eksperimento.

*Saan Nagmumula ang Wastong Kaisipan?* (Mayo 1963).

Ang kairalang panlipunan ng tao ang nagtatakda ng kanyang kaisipan. Sa sandaling masapol ng masa ang wastong kaisipang

angkin ng sulong na uri, nagiging puwersang materyal iyon na nakapagpapabago sa lipunan at sa daigdig.

*Ibid.*

Sa kanyang praktika sa lipunan, nakararanas ang tao ng iba't ibang klase ng tunggalian at nagkakaroon ng mayamang karanasan mula sa kanyang mga tagumpay at maging sa kanyang mga kabiguan. Di mabilang na mga pangyayari't bagay-bagay sa obhetibong panlabas na daigdig ang nalalarawan sa utak ng tao sa pamamagitan ng kanyang limang organo ng pandama — paningin, pandinig, pang-amoy, panlasa at pansalat. Perseptuwal pa lamang muna ang kaalaman sa simula. Kapag may naipon nang sapat na kaalamang perseptuwal, may nagaganap na pag-igpaw at iyo'y nagiging kaalamang konseptuwal, o walang iba kundi kaisipan. Ito'y isang proseso sa pag-alam. Ito ang unang yugto sa buong proseso ng pag-alam, ang yugtong nagmumula sa obhetibong materya patungong subhetibong kamalayan, nagmumula sa eksistensiya pa-

tungong kaisipan. Sa yugtong ito'y hindi pa napatutunayan kung ang mga batas ng obhetibong panlabas na daigdig ay nalalarawan ngang tumpak sa kamalayan o kaisipan ng tao (kabilang dito ang kanyang mga teorya, patakaran, balak o hakbangin); hindi pa nga maaaring tukuyin dito kung ang mga iyon ay tama o mali. Pagkatapos nito'y ang ikalawang yugto na sa proseso ng pag-alam, ang yugtong nagmumula sa kamalayan patungong materya, nagmumula sa kaisipan patungong eksistensiya; dito'y isinasapraktika sa lipunan ang kaalamang nakuha sa unang yugto upang matiyak kung matatamo ng mga teorya, patakaran, balak o hakbangin ang mga inaasahang bunga. Sa pangkalahatan, tama yaong mga nagtatagumpay at mali yaong nangabibigo; lalong higit itong totoo sa pakikibaka ng tao sa kalikasan. Sa tunggaliang panlipunan, nabibigo paminsan-minsan ang mga puwersang kumakatawan sa sulóng na uri, hindi dahil sa mali ang kanilang kaisipan kundi dahil sa kung pagsusukatin ang mga nagtutunggaliang puwersa, hindi pa muna sila kasinlakas ngayon ng mga puwersa ng reaksiyon; sa

gayo'y pansamantala silang nabibigo, subalit sa malao't madali'y tiyak silang magtatagumpay. Ang kaalaman ng tao ay nadaraan nga sa pagsubok ng praktika at minsan pang umiigpaw. Ang pag-igpaw na ito ay higit na mahalaga kaysa roon sa nauna, sapagkat tanging ang pag-igpaw na ito lamang ang makapagpapatunay kung tama o mali ang unang igpaw sa pag-alam, ang ibig sabihi'y ang mga kaisipan, teorya, patakaran, balak o hakbanging nabuo sa takbo ng paglalarawan ng obhetibong panlabas na daigdig. Bukod dito'y wala nang iba pang paraan para masubok ang katotohanan.

*Ibid.*

Kadalasan, natatamo ang wastong kaalaman matapos na lamang ang pag-uulit-ulit ng prosesong nagmumula sa materya patungong kamalayan at pagkatapos ay pabalik sa materya, ang ibig sabihi'y mula sa praktika patungong kaalaman at pagkatapos ay pabalik sa praktika. Ito ang Marxistang

teorya ng kaalaman, ang diyalektikong materyalistang teorya ng kaalaman.

*Ibid.*

Sinumang magnais na may malamang bagay ay walang ibang paraang magagawa kundi ang makipag-ugnayan sa bagay na nais malaman, ang ibig sabihi'y ang mabuhay (magsapraktika) sa kapaligiran niyon. . . . Kung may gusto kang malaman, kailangan mong lumahok sa praktikang babago sa realidad. Kung nais mong malaman ang lasa ng peras, paraanin mo iyon sa pagbabago, kainin mo. . . . Kung nais mong mabatid ang teorya at paraan ng rebolusyon, kailangang lumahok ka sa rebolusyon. Sa tuwirang karanasan nanggagaling ang lahat ng tunay na kaalaman.

"Hinggil sa Praktika" (Hulyo 1937), *Mga Piling Akda,* Tomo I.

Sa praktika nagsisimula ang kaalaman at ang kaalamang teoretikal na nakuha sa

praktika ay kailangang bumalik sa praktika. Hindi lamang sa aktibong pag-igpaw mula sa kaalamang perseptuwal patungong kaalamang rasyonal naipapakita ang aktibong gamit ng kaalaman, kailangan ding maipakita ito sa pag-igpaw mula sa kaalamang rasyonal patungong rebolusyonaryong praktika — at ito ang higit na mahalaga.

*Ibid.*

Batid na ng lahat na anuman ang gawin mo at hindi mo nauunawaan ang kalagaya't katangian niyon ni ang kaugnayan niyon sa iba pang mga bagay, hindi mo malalaman ang mga batas na sumasaklaw roon ni kung papaano iyon gagawin at kung papaano iyon magagawa nang mahusay.

"Mga Suliranin ng Estratehiya sa Rebolusyonaryong Digmaan sa Tsina" (Disyembre 1936), *Mga Piling Akda,* Tomo I.

Kung nais magtagumpay sa gawain, ibig sabihi'y kung nais makamit ang inaasahang

resulta, kailangang itugma ang kaisipan sa mga batas ng obhetibong panlabas na daigdig; kung hindi ay mabibigo sa praktika. Kapag nabigo, makahahango roon ng aral, maitutuwid ang kaisipan upang maitugma sa mga batas ng panlabas na daigdig, at sa gayo'y magagawang tagumpay ang kabiguan; ito ang ibig sabihin ng "ang kabigua'y ina ng tagumpay" at "kapag nadapa, nagtatanda".

"Hinggil sa Praktika" (Hulyo 1937), *Mga Piling Akda,* Tomo I.

Mga Marxista tayo at itinuturo ng Marxismo na kapag may pinag-aaralan tayong suliranin, kailangang sa mga obhetibong pangyayari natin simulan at hindi sa mga abstraktong paliwanag; at kailangang sa pagsusuri ng mga pangyayaring iyon natin hanguin ang mga simulain, patakaran at hakbanging papatnubay sa atin.

"Mga Talumpati sa Palitang-Kuro sa Yenan Hinggil sa Panitikan at Sining" (Mayo 1942), *Mga Piling Akda,* Tomo III.

Ang pinakapundamental na paraan ng paggawa na dapat itanim sa isip ng lahat ng Komunista ay ang pagtatakda ng mga patakaran ng paggawa alinsunod sa tunay na kondisyon. Kapag pinag-aaralan natin ang mga dahilan ng mga nagawa nating kamalian, matutuklasan natin na nangyari ang lahat ng iyon dahil may pagkakataong matutukoy natin na lumihis tayo sa tunay na kondisyon ng isang takdang lugar at naging subhetibo tayo sa pagtatakda ng mga patakaran ng paggawa.

"Talumpati sa Isang Komperensiya ng mga Kadre sa Pinalayang Purok ng Shansi-Suiyuan" (Abril 1, 1948), *Mga Piling Akda*, Tomo IV.

Ang idealismo at metapisika ang pinakamadali sa daigdig, sapagkat dito'y maaari kang magdadakdak nang magdadakdak hangga't gusto mo, kahit hindi man lamang iyon ibinabatay ni sinusubok sa obhetibong katotohanan. Samantala, pagpupunyagi ang hinihingi ng materyalismo at diyalektika na

kailangan pang ibatay at subukin sa obhetibong katotohanan. Kung hindi ka magpupunyagi, malamang na mabulid ka sa idealismo at metapisika.

> Pambungad sa "Dokumento Hinggil sa Kontra-Rebolusyonaryong Pangkating Hu Feng" (Mayo 1955).

Kapag naharap tayo sa isang bagay, ang kaibuturan nito ang dapat nating suriin, at ang panlabas na anyo nito ay dapat nating ituring na gabay lamang sa may bungad ng pintuan; sa sandaling makapasok na tayo sa pintuan, kailangan nating sapulin ang kaibuturan ng bagay. Ito lamang ang mapagkakatiwalaan at siyentipikong paraan ng pagsusuri.

> "Magsimula man sa Munting Siklab, Kaparanga'y Mapaglalagablab" (Enero 5, 1930), *Mga Piling Akda,* Tomo I.

Ang pundamental na dahilan ng pagunlad ng mga bagay ay wala sa labas niyon

kundi nasa loob; nasa pagkakaroon niyon ng mga kontradiksiyon sa loob. May ganito ngang panloob na kontradiksiyon ang lahat ng bagay, at iyon ang nakapagpapakilos at nakapagpapaunlad sa mga bagay. Ang pagkakaroon ng kontradiksiyon sa loob ng bagay ang pundamental na dahilan ng pag-unlad niyon, samantalang ang pakikipag-ugnayan at ang inter-aksiyon niyon sa iba pang bagay ang sekundaryong dahilan.

"Hinggil sa Kontradiksiyon" (Agosto 1937), *Mga Piling Akda*, Tomo I.

Ipinalalagay ng materyalistang diyalektika na ang mga panlabas na dahilan ang siyang kondisyon ng pagbabago, at ang mga panloob na dahilan ang siyang batayan nito; nagkakabisa lamang ang mga panlabas na dahilan gawa ng mga panloob na dahilan. Sa angkop na temperatura ay nagiging sisiw ang itlog, ngunit kahit ano pang temperatura'y hindi magiging sisiw ang bato, sapagkat magkaiba ang batayan ng dalawa.

*Ibid.*

Pinaninindigan ng Marxistang pilosopiya na ang batas ng kaisahan ng magkakasalungat ang siyang pundamental na batas ng sanlibutan. Ang batas na ito ay sumasaklaw sa lahat, sa daigdig man ng kalikasan, o sa lipunan, o maging sa pag-iisip ng tao. Ang magkakasalungat sa isang kontradiksiyon ay nagkakaisa at nagtutunggalian, na siyang nagpapakilos at nagpapabago sa mga bagay. Kahit saan ay may kontradiksiyon, subalit nag-iiba-iba ang katangian niyon alinsunod sa iba't ibang katangian ng iba't ibang bagay. Sa anumang kongkretong bagay ay kondisyonal, pansamantala at lumilipas ang kaisahan ng magkakasalungat at samakatwid ay relatibo, samantalang ang tunggalian ng magkakasalungat ay absoluto.

*Hinggil sa Wastong Pagbawak ng mga Kontradiksiyon sa Hanay ng Sambayanan* (Pebrero 27, 1957).

Ang paraang mapanuri ay diyalektiko. Ang ibig nating sabihin sa pagsusuri ay pagsusuri ng mga kontradiksiyon sa mga bagay-bagay. At imposibleng matama ang pagsu-

suri kung hindi malalim ang kaalaman sa buhay at kung hindi tunay na nauunawaan ang mga kinakaharap na kontradiksiyon.

*Talumpati sa Pambansang Komperensiya ng Partido Komunista ng Tsina Tungkol sa Gawaing Pampropaganda* (Marso 12, 1957).

Ang kongkretong pagsusuri ng kongkretong kalagayan, ani Lenin, ang "pinakamahalagang katangian ng Marxismo, ang buháy na kaluluwa ng Marxismo". Marami sa ating mga kasama ang hindi gaanong sanay magisip sa mapanuring paraan, ayaw nilang arukin ang masasalimuot na bagay, ayaw nila iyong suriin at pag-aralan nang paulit-ulit. Sa halip, nahihilig silang gumawa ng mga simpleng kongklusyon na kung hindi ganap na pagpapatotoo ay ganap namang pagpapahindi. . . . Mula ngayon, dapat na nating baguhin ang ganitong lagay ng mga bagay-bagay.

"Ang Ating Pag-aaral at ang Kasalukuyang Kalagayan" (Abril 12, 1944), *Mga Piling Akda,* Tomo III.

Hindi tama ang paraan ng pagtingin ng mga kasamang ito sa mga suliranin. Hindi ang pinakamahahalaga at pangunahing aspekto ang tinitingnan nila kundi yaong mga di-esensiyal at sekundaryo. Kailangang ipabatid na hindi dapat ipagwalang-bahala ang mga sekundaryo't di-esensiyal na aspekto bagkus ay dapat pa ngang haraping isa-isa. Subalit hindi ang mga iyon ang dapat ituring na pinakamahahalaga at pangunahing aspekto, sapagkat kung ganoon ang gagawin ay maliligaw tayo.

*Hinggil sa Suliranin ng Pagsasakooperatiba ng Agrikultura* (Hulyo 31, 1955).

Masalimuot ang mga bagay-bagay sa daigdig, kung anu-ano ang doo'y nagtatakda. Dapat ay sa lahat ng anggulo natin tinitingnan ang mga suliranin, hindi sa iisa lamang.

"Hinggil sa mga Negosasyon sa Chungking" (Oktubre 17, 1945), *Mga Piling Akda,* Tomo IV.

Tanging yaong mga subhetibo, mababaw tumingin sa mga bagay-bagay, at sa iisang panig lamang ipinapako ang mata, ang buong pagmamagaling na magpapalabas at sukat ng mga kautusan o direktiba pagkarating na pagkarating pa lamang sa isang lugar, nang hindi man lang isinasaalang-alang ang mga pangyayari, hindi tinitingnan ang kabuuan ng mga bagay-bagay (ang kasaysayan at kasalukuyang kalagayan ng mga ito sa pangkalahatan) at hindi inaarok ang kailalim-ilaliman nito (ang katangian nito at mga panloob na kaugnayan sa iba pang bagay). Tiyak na matitisod at madarapa ang ganitong mga tao.

"Hinggil sa Praktika" (Hulyo 1937), *Mga Piling Akda,* Tomo I.

Sa pag-aaral ng suliranin, dapat nating iwasan ang pagkasubhetibo, ang pagkamakaisang-panig at ang pagkamababaw. Ang pagkasubhetibo ay nangangahulugan ng hindi pagtingin sa suliranin sa obhetibong paraan, ang ibig sabihi'y hindi paggamit ng

materyalistang pananaw kung may suliraning tinitingnan. Natalakay ko na ito sa aking akdang "Hinggil sa Praktika". Ang pagkamakaisang-panig naman ay nangangahulugan ng hindi pagtingin sa lahat ng panig ng suliranin. . . . Maaari rin itong sabihing nakikita ang mga baha-bahagi ngunit hindi ang kabuuan, nakikita ang mga punongkahoy ngunit hindi ang kagubatan. Kung ganito'y hindi matutuklasan ang paraan ng paglutas ng kontradiksiyon, hindi magagampanan ang mga tungkuling hinihingi ng rebolusyon, hindi magagawa nang mahusay ang mga takdang gawain, hindi mapauunlad sa wastong paraan ang tunggaliang pang-ideolohiya sa loob ng Partido. Nang sabihin ni Sun Wu Tzu sa kanyang pagtalakay ng siyensiya militar, "Kilanlin mo ang kalaban, ang sarili'y kilanlin din; sa sandaan mang labanan, hindi ka kayang gapiin", ang dalawang panig sa labanan ang tinutukoy niya. Sabi naman ni Wei Cheng ng Dinastiyang Tang, "Makinig sa magkabilang panig at ikaw ay maliliwanagan, makinig sa isang panig lamang at maiiwan ka sa karimlan." Alam din niyang mali

kung iisang panig lamang ang titingnan. Subalit kung makatingin nga sa suliranin ang ating mga kasama'y lagi nang sa iisang panig lamang, madalas tuloy silang natitisod. . . . Ani Lenin:

> . . . upang tunay na malaman ang isang bagay, dapat nating saklawin at pag-aralan ang lahat ng aspekto niyon, lahat ng ugnayan at "namamagitan". Hindi natin ito magagawa nang lubusan kailanman, subalit hinihingi pa ring tumingin sa lahat ng aspekto, pananggalang ito sa mga pagkakamali at pamamanhid-ng-isipan.

Dapat nating tandaan ang kanyang sinabi. Ang ibig sabihin naman ng pagkamababaw ay ang pagharap sa kontradiksiyon nang hindi isinasaalang-alang ang mga katangian niyon sa kabuuan ni ang mga katangian ng bawat aspekto niyon, ang pagtalikod sa katotohanang kailangang suriing mabuti ang kaloob-looban ng isang bagay at masusing pag-aralan ang mga katangian ng kontradiksiyon niyon, anupa't ang pagmasid-masid na lamang sa malayo at kahit sa panlabas na anyo pa lamang nadarapo ang paningi'y

gusto na agad lutasin ang kontradiksiyon (masagot ang katanungan, maayos ang hidwaan, mapangasiwaan ang gawain, o mapatnubayan ang operasyong militar). Gulo ang tiyak na kauuwian ng ganitong paraan. . . . Ang pagkamakaisang-panig at ang pagkamababaw ay pagiging subhetibo na rin. Sapagkat sa katotohanan ay magkakaugnay-ugnay ang lahat ng obhetibong bagay at ang bawat isa'y may angking batas na panloob. Subalit may mga tao na sa halip na ilarawan nang tapat ang mga bagay-bagay ay sa iisang panig lamang niyon tumitingin at ipinapako na ang mata sa ibabaw, hindi binabatid ang pagkakaugnay-ugnay ni ang panloob na mga batas ng mga iyon, kaya nga ba subhetibo ang kanilang paraan.

"Hinggil sa Kontradiksiyon" (Agosto 1937), *Mga Piling Akda,* Tomo I.

Ang pagiging makaisang-panig ay nangangahulugan ng pag-iisip na absoluto ang mga bagay-bagay, ang ibig sabihi'y metapisikal ang pagtingin sa mga suliranin.

Kapag tinitingnan natin ang ating mga gawain, magiging makaisang-panig tayo kung ituturing natin iyong pulos positibo o kaya nama'y pulos negatibo. . . . Kung ituturing na positibo ang lahat, mangangahulugan na ang mabubuti lamang ang tinitingnan at hindi ang masasama; na mga papuri lamang ang tinatanggap at hindi ang mga puna. Ang mangusap na para bang pulos mabuti ang ating ginagawa ay salungat sa katotohanan. Hindi totoong ang lahat-lahat ay mabuti; mayroon pa ring mga pagkukulang at pagkakamali. Subalit hindi rin totoong lahat-lahat na ay masama, salungat din ito sa katotohanan. Kailangang magsuri. Ang pagtatatwa sa lahat-lahat ay pagpapalagay, nang hindi man lamang nagsusuri, na wala nang nagawang mabuti; na ang dakilang gawain ng sosyalistang konstruksiyon, ang dakilang pakikibakang nilalahukan ng daan-daang milyon katao, ay malaking gulo lamang at hindi kakikitaan ng katiting mang dapat papurihan. Maling-mali, lubhang mapaminsala, at nakapagpapahina lamang ng loob ang ganitong palagay kahima't ang karamihan sa nagtataglay nito

ay iba roon sa mga talagang namumuhi sa sistemang sosyalista. Kung tinitingnan natin ang ating gawain, mali ang pagkakaroon ng pananaw na ang mga bagay-bagay ay pulos positibo o pulos negatibo.

*Talumpati sa Pambansang Komperensiya ng Partido Komunista ng Tsina Tungkol sa Gawaing Pampropaganda* (Marso 12, 1957).

Kapag may sinusuring suliranin, hindi lamang ang mga bahagi ang dapat tingnan ng mga Marxista kundi pati na ang kabuuan. Sabi ng palakang nasa loob ng balon, "Kasinlaki ng bunganga ng balon ang langit." Mali ito, dahil talaga namang hindi kasinlaki ng bunganga ng balon ang langit. Kung ang sinabi pa sana niya'y "Kasinlaki ng bunganga ng balon ang isang bahagi ng langit", tama siya, dahil iyon ang umaayon sa katotohanan.

"Hinggil sa mga Taktika Laban sa Imperyalismong Hapones" (Disyembre 27, 1935), *Mga Piling Akda*, Tomo I.

Kailangang matuto tayong tumingin sa lahat ng panig ng suliranin; kailangan nating tingnan hindi lamang ang ibabaw ng bagay kundi pati na ilalim. Sa takdang kondisyon, ang masama ay maaaring magbunga ng mabuti at ang mabuti ay maaaring magbunga ng masama.

*Hinggil sa Wastong Paghawak ng mga Kontradiksiyon sa Hanay ng Sambayanan* (Pebrero 27, 1957).

Bagamat kinikilala natin na sa pangkalahatang pagsulong ng kasaysayan, ang materyal ang nagtatakda ng pag-iisip at ang kairalang panlipunan ang nagtatakda ng kamalayang panlipunan, kinikilala rin natin — at marapat lamang kilalanin — ang ganting-aksiyon ng pag-iisip sa mga bagay na materyal, ng kamalayang panlipunan sa kairalang panlipunan at ng superestruktura sa batayang pang-ekonomiya. Hindi ito pagsalungat sa materyalismo, manapa'y pag-iwas sa mekanikal na materyalismo at buong

tatag na pagtataguyod sa diyalektikong materyalismo.

"Hinggil sa Kontradiksiyon" (Agosto 1937), *Mga Piling Akda*, Tomo I.

Kung ano ang ipinahihintulot ng obhetibong kalagayan ay hindi maaaring laktawan ng mga namamahala sa digmaan na nagnanais magtagumpay; magkagayon man, alang-alang na rin sa tagumpay ay maaari silang magpakaaktibo sa loob ng mga limitasyong iyon, at ito nama'y siyang marapat lamang. Ang tanghalang kikilusan ng mga namamahala sa digmaan ay dapat itayo alinsunod sa hinihingi ng mga obhetibong kalagayan, subalit sa tanghalang iyon ay maaari nilang pamahalaan ang pagtatanghal ng maraming dulang lipos ng kahanga-hangang aksiyon ng epikong maringal.

"Hinggil sa Pangmatagalang Digmaan" (Mayo 1938), *Mga Piling Akda*, Tomo II.

Dapat iangkop ng mga tao ang kanilang pag-iisip sa nabago nang kalagayan. Oo nga't walang dapat patangay sa mga guniguni, o kaya'y magbalak ng mga gagawin nang hindi man lang kaugnay ng obhetibong sitwasyon, o kaya'y magpumilit na gawin ang imposible. Subalit ang suliranin ngayon ay ang panggugulo pa rin ng maka-Kanang konserbatibong kaisipan sa maraming larangan, ang panghahadlang nito sa mga gawain sa iba't ibang larangan kung kaya hindi tuloy naaagapayanan ang pagsulong ng obhetibong sitwasyon. Ang suliranin sa kasalukuyan ay ang pag-aakala ng marami na imposibleng gawin ang mga bagay na magagawa naman kung pagsusumikapan.

Paunang Salita sa *Pagsukdol ng Sosyalismo sa Kanayunan ng Tsina* (Disyembre 27, 1955), Tomo 1.

Dapat nating gamiting lagi ang ating utak at dapat tayong mag-isip-isip nang mabuti. Ayon sa isang kasabihan, "Magkunot

ka ng noo, may maiisip kang plano." Sa ibang salita, may dunong na hatid ang laging paglilimi-limi. Upang masugpo ang pagkilus-kilos na parang bulag na gayon na lamang kalubha sa ating Partido, dapat nating palakasin ang loob ng ating mga kasama na mag-isip, na pag-aralan ang paraan ng pagsusuri at ugaliin na ang magsuri.

"Ang Ating Pag-aaral at ang Kasalukuyang Kalagayan" (Abril 12, 1944), *Mga Piling Akda,* Tomo III.

Sakali man at marami ang kontradiksiyon sa isang proseso, tiyak na ang isa sa mga iyon ang prinsipal na kontradiksiyon na siyang nangunguna at mapagpasiya, samantalang ang iba pa ay nasa pangalawa at nakabababang posisyon. Samakatwid, kung may pinag-aaralang masalimuot na prosesong may dalawa o higit pang kontradiksiyon, kailangan nating gawin ang lahat upang matuklasan kung alin ang prinsipal na kontradiksiyon. Sa sandaling matalos na

iyon, madali nang malulutas ang lahat ng suliranin.

"Hinggil sa Kontradiksiyon" (Agosto 1937), *Mga Piling Akda*, Tomo I.

Sa dalawang magkasalungat na aspekto, dapat maging prinsipal ang isa at sekundaryo naman ang isa pa. Ang prinsipal na aspekto ang siyang gumaganap ng pangunahing papel sa kontradiksiyon. Ang prinsipal na aspekto ng kontradiksiyon na siyang aspektong nangingibabaw ang pinakanagtatakda ng katangian ng isang bagay. Subalit hindi pirmihan ang ganitong sitwasyon; ang prinsipal at di-prinsipal na mga aspekto ng kontradiksiyon ay nagkakapalitan ng posisyon at kaalinsabay niyon ay nagbabago rin ang katangian ng bagay.

*Ibid.*

Hindi sapat ang basta magtakda ng tungkulin; dapat din nating lutasin ang

suliranin kung paano iyon maisasagawa. Kung ang ating tungkulin ay tumawid ng ilog ngunit wala namang tulay o bangka, hindi natin iyon matatawid. Kung hindi rin lang malulutas ang suliranin ng tulay o bangka, wala nang saysay pang pag-usapan ang pagtawid sa ilog. Kung hindi rin lang malulutas ang suliranin ng paraan ng pagsasagawa, wala na ring kabuluhang pag-usapan pa ang tungkulin.

"Pagmalasakitan ang Kagálingan ng Masa, Bigyang-Pansin ang mga Paraan-ng-Paggawa" (Enero 27, 1934), *Mga Piling Akda*, Tomo I.

Kung may tungkuling ipinagagagawa ngunit wala namang pangkalahatang panawagang ipinalalaganap, hindi nga mapakikilos ang malawak na masa. Gayunpaman, kung magkakasya na lamang sa pangkalahatang panawagan ang mga namumuno — kung hindi sila ang mismong aakò ng malalima't kongkretong pagsasagawa, kahit man lang sa ilang organisasyon, ng mga gawaing

ipinanánawagan; kung hindi sila ang magpapasimula; kung hindi sila mag-iipon ng karanasan na siya namang magagamit sa kanilang pamamatnubay sa iba pang mga yunit — hindi nila masusubok ang katumpakan ng kanilang pangkalahatang panawagan at ni hindi nila mapapayaman ang nilalaman niyon; may panganib pa ngang walang mahitâ ang panawagan.

"Ilang Bagay Hinggil sa mga Paraan ng Pamumuno" (Hunyo 1, 1943), *Mga Piling Akda,* Tomo III.

Walang namumuno na makapagbibigay ng pangkalahatang patnubay sa lahat ng yunit kung hindi siya hahango ng kongkretong karanasan mula sa mga partikular na tao at partikular na pangyayari sa mga partikular na nakabababang yunit. Ang paraang ito ay dapat palaganapin sa lahat ng dako upang matutunang gamitin ng mga kadreng namumuno sa iba't ibang antas.

*Ibid.*

Hindi maaaring magkasabay-sabay ang mga sentral na tungkulin sa iisang lugar. Sa isang takdang panahon, isa lamang ang maaaring maging sentral na tungkulin, na naaagapayanan ng iba pang mga tungkuling may pangalawa o pangatlong kahalagahan. Dahil dito, dapat isaalang-alang ng taong may pangkalahatang pananagutan sa isang pook ang kasaysayan ng pakikibaka roon pati na ang kalagayan niyon, at dapat niyang pagsunud-sunurin nang maayos ang iba't ibang tungkulin. Hindi siya dapat sumunod na lamang nang sumunod sa balang tagubiling manggaling sa nakatataas nang hindi man lang gumagawa ng sariling plano, sapagkat lilikha lamang iyon ng katakut-takot na "sentral na tungkulin" na mauuwi sa kalituhan at gulo. Ang nakatataas mang organisasyon ay hindi rin dapat magtakda ng maraming sabay-sabay na tungkulin sa nakabababang organisasyon nang hindi ipinaliliwanag kung gaano kahalaga ang alin, ni kung gaano kahigpit ang pangangailangang gawin ang nararapat gawin o nang hindi man lang tinitiyak kung alin ang sentral na tungkulin, sapagkat makagu-

gulo lamang iyon sa gawain ng nakababababang organisasyon at makahahadlang sa pagkakamit ng ninanasang resulta. Kinakailangang isaalang-alang ng namumuno ang buong sitwasyon, dapat siyang magplano ayon sa kalagayang pangkasaysayan at ayon sa mga umiiral na pangyayari sa bawat pook, dapat siyang gumawa ng wastong pasiya kung alin ang pinakamabigat sa mga gagawin at kung paano iyon pagsusunud-sunurin sa bawat panahon, dapat niyang tupdin nang buong tatag ang desisyon, at kailangan niyang seguraduhing may mga tiyak na bungang makakamit — bahagi ito ng sining ng pamumuno.

*Ibid.*

Kailangang subaybayang lagi ang takbo ng gawain, dapat makipagpalitan ng karanasan at kailangang ituwid ang mga pagkakamali; hindi na dapat maghintay

pa ng ilang buwan, kalahating taon o isang taon kaya, bago magdaos ng mga pulong ng paglalagom na siyang magsusuri at magtutuwid ng mga pagkakamali sa pangkalahatan. Malaking pinsala ang dulot ng paghihintay, samantalang nakapagbabawas ng pinsala ang kagyat na pagtutuwid ng mga kamalian.

"Hinggil sa Patakaran sa Industriya at Komersiyo" (Pebrero 27, 1948), *Mga Piling Akda,* Tomo IV.

Huwag nang hintaying magkatambaktambak ang mga suliranin at magkaroon ng malaking gulo bago kumilos upang lutasin iyon. Ang mga pinuno'y dapat manguna sa kilusan at hindi bumuntot na lamang.

Pambungad sa "Pana-panahunang Kontrata" (1955), *Pagsukdol ng Sosyalismo sa Kanayunan ng Tsina,* Tomo 3.

Ang kailangan natin ay nagpupuyos ngunit panatag na kalooban; mabilisan ngunit maayos na trabaho.

"Mga Suliranin ng Estratehiya sa Rebolusyonaryong Digmaan sa Tsina" (Disyembre 1936), *Mga Piling Akda,* Tomo I.

# 23. PAGSISIYASAT AT PAG-AARAL

Ang kalagayan ng nakabababang antas ay dapat siyasatin ng sinumang nakikibahagi sa gawaing pampraktika. Ang mga nakaaalam ng teorya ngunit hindi ng tunay na kalagayan ang lalong higit na nangangailangan ng ganitong pagsisiyasat sapagkat kung wala nito ay hindi nila maiuugnay ang teorya sa praktika. "Kung walang pagsisiyasat, walang karapatang magsalita." Kahit pa tinuya nang "makitid na empirisismo" ang sinabi kong ito, hindi ko pa rin pinagsisisihan at nasabi ko; sa halip pa nga, iginigiit ko pa rin na kung walang pagsisiyasat ay talagang hindi maaaring magkaroon ng karapatang magsalita. Kayraming mga tao na "pagkababang pagkababa sa karwahe" ay satsat na nang satsat, kesyo ganito, kesyo ganoon, puna rito, banat doon; subalit ang nangyayari, sa sampu kataong

ganito, sampu ang nabibigo, sapagkat ang ganitong mga palagay o puna na hindi batay sa puspusang pagsisiyasat ay walang iba kundi walang kawawaang pagnganganga-wa lamang. Hindi na mabilang na pinsala ang nadanas ng ating Partido sa kamay ng ganitong mga "sugo ng emperyo" na makakatagpo mo dito, doon, at kahit saan ka maparoon. Tama ang sinabi ni Stalin, "nawawalan ng kabuluhan ang teorya kung hindi iniuugnay sa rebolusyonaryong praktika". At tama pa rin ang sinabi niya, "kakapá-kapâ sa dilim ang praktika kung ang landas nito ay hindi tinatanglawan ng rebolusyonaryong teorya". Yaon lamang mga "praktikal na tao" na kakapà-kapâ sa dilim, walang hinihintay na bukas at ayaw tumingin sa malayo ang maaaring tawaging "makitid na empirisista".

"Pauna at Pangwakas na Salita sa *Pagsisiyasat sa Kanayunan*" (Marso at Abril 1941), *Mga Piling Akda*, Tomo III.

Ang aktitud na ito [ang Marxista-Leninistang aktitud] ay walang iba kundi

ang paghahanap ng katotohanan sa mga tunay na pangyayari. Ang lahat ng bagay na umiiral nang obhetibo ang tinutukoy natin sa "tunay na pangyayari"; ang "katotohanan" naman ay ang panloob na ugnayan ng mga obhetibong bagay, ang mga batas na nagpapakilos sa mga iyon; at ang "paghahanap" ay nangangahulugan ng pag-aaral. Dapat tayong magsimula sa aktuwal na kalagayan sa loob at labas ng bansa, ng lalawigan, ng munisipalidad o ng purok, at dito tayo dapat humango ng mga batas, batas na likas sa mga ito at hindi kathang-isip lamang, batas na siyang maipamamatnubay natin sa ating gawain; ang ibig sabihin, dapat nating tuklasin ang mga panloob na ugnayan ng mga pangyayari sa ating paligid. Upang magawa ito, sa mga tunay na pangyayaring umiiral nang obhetibo tayo dapat magtiwala, hindi sa subhetibong imahinasyon, ni sa panandaliang sigasig, ni sa patay na mga katagang kuha lamang sa aklat; dapat nating lagumin nang detalyado ang mga materyal, at sa pamamatnubay ng mga pangkalahatang simulain ng Marxismo-

Leninismo ay humango roon ng wastong kongklusyon.

"Isaayos ang Āting Pag-aaral" (Mayo 1941), *Mga Piling Akda*, Tomo III.

Ang kumilos na parang "nanghuhuli ng maya nang nakapiring ang mata", ang matulad sa "bulag na nandarakma ng isda", ang maging padaskul-daskol at pabaya, ang magbunganga nang magbunganga, ang magkasya na lamang sa pahapyaw na kaalaman — ito ang napakasamang estilo-ng-paggawa na makikita pa rin sa maraming kasama sa ating Partido, estilong lubhang salungat sa pundamental na diwa ng Marxismo-Leninismo. Itinuturo sa atin nina Marx, Engels, Lenin at Stalin na kailangang pag-aralan nang puspusan ang kalagayan, na magsimula sa obhetibong realidad sa halip na sa mga subhetibong kagustuhan. Subalit salungat na salungat sa katotohanang ito kung makakilos ang marami sa ating mga kasama.

*Ibid.*

May problema kang hindi malutas? E di siyasatin mo ang kalagayan niyon sa kasalukuyan pati na ang pinagdaanan! Kapag nasiyasat mo na't naintindihang husto ang suliranin, malalaman mo na kung paano iyon lulutasin. Siyempre'y siyasat muna bago kongklusyon, hindi puwedeng kongklusyon muna bago siyasat. Tanga lamang ang pipiga ng kanyang utak, nagsosolo man o kabilang sa isang pangkat, upang "makaisip ng paraan" o "makabuo ng idea" nang hindi man lang muna nagsisiyasat. Dapat nating malaman na wala itong mararating na mabisang paraan ni magandang idea.

*Bakahin ang Pagsamba sa Aklat*
(Mayo 1930).

Maaaring ihalintulad ang pagsisiyasat sa mahahabang buwan ng pagdadalantao, at ang paglutas ng suliranin, sa araw ng panganganak. Ang pagsisiyasat nga ng suliranin ay paglutas na rin nito.

*Ibid.*

Dapat nating gamitin ang teorya at paraan ng Marxismo-Leninismo sa sistematiko't masusing pagsisiyasat at pag-aaral ng kapaligiran. Hindi tayo dapat kumilos nang dahil lamang sa udyok ng kasigasigan, bagkus, gaya nga ng sinabi ni Stalin, dapat nating pagsamahin ang rebolusyonaryong sigla at ang diwa ng praktika.

"Isaayos ang Ating Pag-aaral" (Mayo 1941), *Mga Piling Akda*, Tomo III.

Ang tanging paraan para mabatid ang kalagayan ay ang siyasatin ang lipunan, siyasatin ang tunay na buhay ng bawat uri sa lipunan. Para sa mga naatasang mamatnubay sa gawain, ang pinakapundamental na paraan upang mabatid ang kalagayan ay ang pumili ng ilang lunsod at ilang nayon at ayon sa isang plano ay masusi iyong siyasatin nang kung may ilang ulit, gamit ang

saligang pananaw ng Marxismo, ang ibig sabihi'y ang paraan ng pagsusuri ng mga uri.

"Pauna at Pangwakas na Salita sa *Pagsisiyasat sa Kanayunan*" (Marso at Abril 1941), *Mga Piling Akda,* Tomo III.

Kung tatawag ng pulong-ng-pagsisiyasat, hindi na kailangang humakot ng maraming tao; sapat na ang mula tatlo hanggang lima o kaya'y pito o walo katao. Nangangailangan ng oras ang pagsisiyasat, dapat pang maghanda muna ng detalyadong listahan ng mga tanong at saka ikaw mismo ang dapat magtanong, magsulat at makipagtalakayan sa mga nasa pulong. Ang tinutumbok lamang dito'y tiyak na hindi makapagsisiyasat, o kung sakali ma'y hindi iyon magagawa nang maayos, kung hindi nalilipos ng sigasig, kung hindi determinadong tumingin sa ibaba, kung walang pagkauhaw sa karunungan, at kung ayaw iwaksi ang nakasusulasok na kayabangan at hindi handang maging masunuring mag-aaral.

*Ibid.*

Ang tumpak na pagpapakalat ng tropa ay nagmumula sa tumpak na pasiya ng kumander, ang kanyang tumpak na pasiya ay nagmumula sa kanyang mga tumpak na tantiya, at ang kanyang tumpak na tantiya ay nagmumula sa masusi at kinakailangang pagmamanman at sa paglilimi at pag-uugnay-ugnay ng samut-saring impormasyong nakalap. Ginagamit niya ang lahat ng maaari at kinakailangang paraan ng pagmamanman, at saka nililimi ang mga nakalap na impormasyon tungkol sa lagay ng kaaway, inaalis ang ipa at ang laman ang kinukuha, iwinawaksi ang mali at ang tama ang pinananatili, nagsisimula sa isang aspekto at lumilipat sa kabila, nanggagaling sa labas at pumapasok sa loob; pagkatapos, ang sariling kalagayan naman ang isinasaalang-alang niya, kanyang pinag-aaralan at pinaghahambing ang magkabilang kampo sampu ng mga ugna-ugnayan nito, at tinatantiya niya ang lagay ng mga bagay-bagay at saka siya nagpapasiya't nagpaplano. Ganito ang buong proseso ng pag-alam ng sitwasyon na dinaraanan ng dalubmilitar bago makapag-

balangkas ng planong pang-estratehiya at ng plano ng kampanya o labanan.

"Mga Suliranin ng Estratehiya sa Rebolusyonaryong Digmaan sa Tsina" (Disyembre 1936), *Mga Piling Akda,* Tomo I.

## 24. PAGWAWASTO NG MGA MALING KAISIPAN

Kahit pa magkamit na tayo ng pagkálalakíng tagumpay sa ating gawain, walang kadahi-dahilan upang maging mapagmataas tayo at palalo. Ang mapagpakumbaba ay sumusulong, ang mapagmataas ay napagiiwanan. Katotohanan itong dapat nating laging ikintal sa isipan.

"Pambungad na Talumpati sa Ikawalong Pambansang Kongreso ng Partido Komunista ng Tsina" (Setyembre 15, 1956).

Dahil sa pananagumpay, maaaring sumibol sa loob ng Partido ang kayabangan, ang asta ng nagbabaya-bayanihan, ang paghinto na't pagtangging sumulong, ang pagkahilig sa pagpapasarap at ang pag-ayaw nang magpatuloy sa mahirap na pamumuhay. Dahil

sa pananagumpay, pasasalamatan tayo ng sambayanan at pauulanan naman ng papuri ng burgesya. Napatunayan nang hindi tayo magapi-gapi ng kaaway sa lakas ng kanyang sandata. Subalit posibleng magapi ng mga papuri ng burgesya ang mga mahihina ang loob sa ating hanay. Maaaring may ilang Komunistang di nga nagapi ng kaaway sa pamamagitan ng baril at sa pakikipagharap doo'y di-alangang taguriang bayani, subalit hindi naman makatagal sa pulot-pukyutang punglo, punglong siyang gagapi sa kanila. Dapat nating iwasan ang ganitong kalagayan.

"Ulat sa Ikalawang Sesyong Plenaryo ng Ikapitong Komite Sentral ng Partido Komunista ng Tsina" (Marso 5, 1949), *Mga Piling Akda,* Tomo IV.

Maraming bagay ang baka maging pasanin, maging pabigat, kung pahahadlangan natin doon ang ating paningin at magpapatangay na lamang tayo roon nang magpapatangay. Halimbawa, kung nakagawa ka

ng kamalian, maaari mong isipin na anupaman ang mangyari'y hindi mo na iyon matatakasan at masisiraan ka na tuloy ng loob; kung wala ka pa namang nagagawang kamalian, maaari mong isipin na ligtas ka na sa pagkakamali at magmamalaki ka na tuloy. Kung walang resulta ang trabaho, baka ka mamanglaw na at manamlay; kapag may nakikita namang resulta, baka ka magmataas na at yumabang. Ang wala pang gaanong karanasan sa pakikibaka ay maaaring umiwas sa pananagutan bunga na rin ng kakulangan ngang ito sa karanasan, samantalang ang beterano na ay maaaring mag-akalang siya na lamang lagi ang tama sa tinagal-tagal niya sa pakikibaka. Dahil sa nagmula sa kapuri-puring uri, maaaring magmagaling na sa mga intelektuwal ang mga kasama nating manggagawa at magsasaka; o kaya naman, dahil sa mayroong kaunting nalalaman, ang mga intelektuwal ang baka humamak sa kanila. Ang anumang espesyal na kakayahan ay maaari ring puhunanin sa pagmamayabang at pagmata sa iba. Maaari ring ipagmagaling pati ang edad — ng kabataan, sa matatanda,

dahil mabilis pa ang kanilang utak at maliksi ang katawan; ng matatanda, sa kabataan, dahil mayaman sila sa karanasan. Ang lahat ngang ito ay nagiging pabigat at pasanin kung ang sarili'y hindi mo kikilanlin.

"Ang Ating Pag-aaral at ang Kasalukuyang Kalagayan" (Abril 12, 1944), *Mga Piling Akda*, Tomo III.

May mga kasama sa hukbo na nagiging palalo, napakamainitin, wala nang sinisino, kawal man, taumbayan, pamahalaan o Partido; ang mga kasamang gumagawa ng gawaing lokal ang lagi na lamang nilang sinisisi subalit hindi kailanman ang sarili, ang mga tagumpay lamang nila ang kanilang nakikita at hindi kailanman ang mga pagkukulang nila, mga papuri lamang ang pinapakinggan nila at hindi ang mga puna. . . . Dapat pagsikapan ng hukbo na iwaksi ang mga kahinaang ito.

"Maging Organisado!" (Nobyembre 29, 1943), *Mga Piling Akda*, Tomo III.

Ang mahirap na trabaho ay walang iniwan sa dala-dalahang nasa ating harapan at naghahamong buhatin natin. May dala-dalahang magaan, may dala-dalahang mabigat. May mga taong mahihilig sa magaan at takot sa mabigat; ang mabigat ang ipinapasa nila sa iba at ang magaan ang dinadala. Masamang ugali ito. May mga kasamang hindi ganito. Sa iba nila ipinauubaya ang ginhawa at ang mabibigat na dala-dalahan ang pinapasan nila; nasa harapan sila kapag may hirap at nasa hulihan kapag may ginhawa. Sila ang mabubuting kasama. Dapat tayong matuto sa kanilang diwang komunista.

"Hinggil sa mga Negosasyon sa Chungking" (Oktubre 17, 1945), *Mga Piling Akda,* Tomo IV.

Hindi iilan ang mga taong pabaya sa gawain, gusto ng magaan at ayaw ng mabigat, ipinapasa ang mabibigat na dalahin sa iba at ang magagaan ang kinukuha. Sa lahat ng pagkakataon, ang sarili muna ang

iniisip nila bago ang iba. Kapag may nagawa silang maliit na bagay, gala na agad sila nang gala, buhat-buhat ang sariling bangko, sa takot na hindi mapansin ng iba. Hindi taos sa puso ang kanilang pakikitungo sa mga kasama at sa taumbayan, at sa halip ay napakalamig, wala silang kamala-malasakit at talaga po namang manhid. Sa katunayan, hindi Komunista ang ganitong mga tao, o kung sakali man, hindi sila maituturing na tunay na Komunista.

"Paggunita kay Norman Bethune" (Disyembre 21, 1939), *Mga Piling Akda,* Tomo II.

Yaong naggigiit ng "kasarinlan" ay lagi nang nakapangunyapit sa doktrinang "ako muna" at kadalasa'y namamali sa kuwestiyon ng ugnayan ng isa katao at ng Partido. Bagamat sa labì nila ay namumutawi ang paggalang sa Partido, sa katunayan ay ang sarili ang inuuna nila, at tama na sa kanilang malagay sa pangalawang puwesto ang Partido. Ano ba ang hanap ng mga taong ito? E di ang maging sikat, ang malagay

sa posisyon, ang makapagpahangin. Kapag may pinamamamahalaan silang sambahagi ng gawain, iginigiit agad nila ang "kasarinlan". Para iyon maisakatuparan, nagyayakag sila ng ilan, nagpapakanang maitaboy naman ang ilan at sa harap ng mga kasama ay nagmamagaling, nanlalangis, at nagpapalapad ng papel; ipinasok na man din nila sa Partido Komunista ang bulgar na estilo ng mga burges na partidong pampulitika. Ang kanilang kawalang-katapatan ang magpapahamak sa kanila. Sa palagay ko'y dapat tayong maging matapat na matapat sa ating kilos sapagkat kung walang katapatan, imposibleng may magawa ka sa balat ng lupa.

"Iwasto ang Estilo-ng-Paggawa ng Partido" (Pebrero 1, 1942), *Mga Piling Akda,* Tomo III.

Kinakailangang maunawaang mabuti ng mga Komunista ang simulain na dapat mapailalim ang pangangailangan ng isang bahagi sa pangangailangan ng kabuuan. Kung may panukala na maaaring isagawa

kung titingnan ang sitwasyon ng isang bahagi ngunit hindi naman posible kung ang kabuuang sitwasyon na ang titingnan, dapat pailalim ang bahagi sa kabuuan. Samantala, kung may panukala na hindi posibleng isagawa sa isang bahagi ngunit maaari namang isagawa kung titingnan ang kabuuang sitwasyon, dapat pa ring pailalim ang bahagi sa kabuuan. Ito ang ibig sabihin ng pagsasaalang-alang ng kabuuang kalagayan.

"Ang Katayuan ng Partido Komunista ng Tsina sa Pambansang Digmaan" (Oktubre 1938), *Mga Piling Akda,* Tomo II.

Ang pagkahilig sa sarap. Sa Pulang Hukbo ay marami-rami rin ang nagpapamalas ng indibidwalismo sa pamamagitan ng pagpapasarap-sarap na lamang sa buhay. Lagi nilang iniisip na sa malalaking lunsod sana pumasok ang kanilang yunit. Hindi naman trabaho ang pinupuntahan nila roon, gusto lamang nilang magpasarap. Ang ayaw na ayaw nila'y ang magtrabaho sa mga

Pulang purok sapagkat doo'y mahirap ang buhay.

"Hinggil sa Pagwawasto ng mga Maling Kaisipan sa Loob ng Partido" (Disyembre 1929), *Mga Piling Akda,* Tomo I.

Dapat nating bakahin ang tendensiya ng makasariling seksiyonalismo, iyon bang ang sariling departamento lamang ang iniisip at hindi ang iba. Seksiyonalista ngang talaga yaong hindi nagmamalasakit sa kahirapan ng iba, yaong hindi mapakiusapang maglipat ng kadre sa ibang yunit o kung maglipat man ay iyong di gaanong mahusay na tila baga "páagusán lamang ng labis na tubig ang kalapit-bukid", at yaong hindi man lang makaalala ng ibang seksiyon, o ng ibang lugar o maging ng kapwa. Ganap na nga nilang iwinaglit ang diwa ng komunismo. Katangian ng seksiyonalista ang di-pagsasaalang-alang sa kabuuan at ang ganap na pagwawalang-bahala sa ibang seksiyon, lugar o tao. Pagsikapan nating maeduka ang ganitong mga tao at ipaunawa natin sa

kanila na tendensiyang sektaryanista ang seksiyonalismo na lubhang mapanganib kung payayabungin.

"Iwasto ang Estilo-ng-Paggawa ng Partido" (Pebrero 1, 1942), *Mga Piling Akda,* Tomo III.

Sa iba't ibang paraan naipapakita ang liberalismo.

Dahil sa matagal nang kakilala, o kanayon kayâ, o kamag-aral, dili naman kaya'y matalik na kaibigan, o mahal sa buhay, o kaya'y dati nang kasamahan o tauhan, pinalalampas na lamang ang kanyang pagkakamali kahit kitang-kita na, at hindi na nakikipagtalo sa kanya kahit batay sa simulain para huwag na lamang magkasamaan ng loob at nang manatiling payapa. O kung mabanggit man ang nangyari ay pahapyaw lamang upang mapanatiling panatag ang pagsasamahan sa halip na lutasing ganap ang kamalian. Bunga nito, napipinsala ang organisasyon at pati ang indibidwal. Ito ang unang tipo ng liberalismo.

Sa halip na aktibong iharap sa organisasyon ang mga mungkahi, nagpupupuna na lamang nang nagpupupuna sa likod nang walang patumangga. Nananahimik man din kapag nakaharap ngunit tsismis nang tsismis kapag natalikod, o kaya nama'y walang imik kapag nasa pulong ngunit daldal nang daldal pagkatapos. Walang pakialam sa simulain ng kolektibong pamumuhay at sa halip ay nagpapaanud-anod na lamang. Ikalawang tipo ito.

Kapag walang kinalaman sa sarili, hindi na pinapansin ano man ang mangyari; bahagyang-bahagya kung magsalita gayong alam na alam nang may nangyayaring hindi tama, nagpapakatuso at naniniguro at ang gusto lamang ay huwag mapasubo. Ito naman ang tipong ikatlo.

Ang mga kautusan ay sinusuway at pinangunguna ang sariling palagay. Gustong pagmalasakitan ng organisasyon ngunit ayaw namang sumunod sa disiplina nito. Ito'y ikaapat na tipo.

Hindi isinasaalang-alang ang pagkakaisa o ang pag-unlad o ang ikaaayos kayâ ng gawain, hindi nakikitunggali ni nakikipag-

talo sa mga maling palagay at sa halip ay atake nang atake sa mga tao, naghahanap ng away, nagbubulalas ng personal na galit o naghahangad maghiganti. Tipo itong ikalima.

Nakakarinig na ng mga maling palagay ay hindi pa pinapakli at, masahol pa nga, nakakarinig na ng mga kontra-rebolusyonaryong pahayag ay hindi pa iniuulat, at sa halip ay tinatanggap iyon nang parang walang nangyari. Ikaanim itong tipo.

Kapiling na ang masa ay hindi pa nagpopropaganda sa kanila at hindi sila pinupukaw, hindi nagsasalita kapag ang masa'y nagkakatipun-tipon, hindi nagsisiyasat at hindi nagtatanong; sa halip ay hindi sila pinapansin at ni hindi pinagmamalasakitan ang kanilang kapakanan, kinakalimutan nang ang sarili ay Komunista at umaasal na parang kung sinong di-Komunista. Ito'y ikapitong tipo.

Hindi napopoot kahit nakikita nang may pumipinsala sa interes ng masa, ni hindi man pagpayuhan o pigilin kayâ ang namiminsalang iyon, at hindi man lamang makipagpaliwanagan sa kanya, at sa halip ay

hinahayaan na lamang siyang magpatuloy. Ikawalong tipo ito.

Kung may ginagawa'y parang wala sa sarili, walang tiyak na balak ni patutunguhan; kung nagtatrabaho'y basta makapagtrabaho lamang, basta makaraos lamang — "Ang monghe sa araw-araw, patugtugtugtog ng batingaw." Tipo itong ikasiyam.

Kung makakilos ay astang beterano, at akala'y malaki na ang naipaglingkod sa rebolusyon, ayaw ng maliliit na gawain gayong hindi rin naman kaya ang malalaki, maski papaano lamang magtrabaho at pabaya rin sa pag-aaral. Ito ang ikasampung tipo.

Alam na ang sariling mga pagkakamali ay ayaw pang pagpunyagiang ituwid, at nagpapakaliberal sa sarili. Ikalabing-isang tipo ito.

"Bakahin ang Liberalismo" (Setyembre 7, 1937), *Mga Piling Akda*, Tomo II.

Ang liberalismo ay lubhang nakapipinsala sa rebolusyonaryong kolektibo. Kala-

wang itong kumakain sa pagkakaisa, sumisira sa pagsasamahan, nanghahawa ng katamlayan at lumilikha ng hidwaan. Inaalsan nito ang rebolusyonaryong hanay ng matibay na bigkis at mahigpit na disiplina, hinahadlangan nito ang ganap na pagsasakatuparan ng patakaran, ihinihiwalay nito ang mga organisasyon ng Partido sa masang pinamumunuan ng Partido. Napakasamang tendensiya nito.

*Ibid.*

Sa ganang mga nagugumon sa liberalismo, abstraktong dogma lamang ang mga simulain ng Marxismo. Payag sila sa Marxismo, subalit ayaw man lang magpakita ng kahandaang isagawa iyon, o kung sakali ma'y ayaw iyong isagawa nang lubusan; hindi sila handang palitan ng Marxismo ang kanilang liberalismo. Mayroong Marxismo ang mga taong ito at mayroon din namang

liberalismo — Marxismo sa salita, liberalismo sa gawa; para sa iba ay Marxismo, para sa sarili ay liberalismo. Parehong nakabulsang lagi iyon sa kanila at mapaghahanapan nga naman ng gamit ang bawat isa. Ganyan ang takbo ng isip ng ilang tao.

*Ibid.*

Ang taumbayan ang pinangangalagaan ng estado ng sambayanan. Sa pagkakaroon lamang ng ganitong estado maeeduka at mababago ng taumbayan ang kanilang sarili sa pamamagitan ng mga pamamaraang demokratiko na nilalahukan ng lahat sa buong bansa; sa pagkakaroon lamang ng ganitong estado nila maiwawaksi ang impluwensiya ng mga reaksiyonaryo sa loob at labas ng bansa (impluwensiyang napakalakas pa rin, matagal pang mamamalagi at di kagyat na mapapawi), gayundin, sa pagkakaroon lamang ng ganitong estado nila mababago ang masasama nilang ugali at kaisipang napulot sa lumang lipunan, maiiwasan ang pagkakaligaw gawa ng mga

reaksiyonaryo, at maipagpapatuloy ang pagsulong — pagsulong sa lipunang sosyalista, pagsulong sa lipunang komunista.

"Hinggil sa Diktadurang Makademokrasyang Bayan" (Hunyo 30, 1949), *Mga Piling Akda,* Tomo IV.

Hindi naman mahirap ang gumawa ng kaunting kabutihan. Ang mahirap ay ang gumawa ng kabutihan sa buong buhay; ang hindi man padungis sa masama; ang lagi at lagi nang kumilos alang-alang sa kapakanan ng malawak na masa ng sambayanan, sa kapakanan ng kabataan, sa kapakanan ng rebolusyon; ang hindi humiwalay maghapo't magdamag man sa simpleng pamumuhay at mahirap na pakikibaka. Ito na nga ang pinakamahirap sa lahat ng pinakamahirap!

"Pagbati sa Ika-60 Kaarawan ni Kasamang Wu Yu-chang" (Enero 15, 1940).

## 25. PAGKAKAISA

Ang pagkakabuklod ng ating bansa, ang pagkakaisa ng ating sambayanan, ang pagkakaisa ng lahat ng ating nasyonalidad — ito ang mga saligang garantiya na tiyak ngang magtatagumpay ang ating ipinakikipaglaban.

*Hinggil sa Wastong Paghawak ng mga Kontradiksiyon sa Hanay ng Sambayanan* (Pebrero 27, 1957).

Sa pagkakaisa lamang ng Partido Komunista mapagkakaisa ang buong uri at ang buong bayan, at sa pagkakaisa lamang ng buong uri at buong bayan magagapi ang kaaway at maisasakatuparan ang mga tung-

kuling hinihingi ng pambansa't demokratikong rebolusyon.

"Hikayatin ang Milyun-milyong Masa sa Pambansang Nagkakaisang Prente Laban sa Hapon" (Mayo 7, 1937), *Mga Piling Akda*, Tomo I.

Buong tibay nating bubuklurin ang lahat ng puwersa ng ating Partido batay sa mga simulain ng demokratikong sentralismo sa organisasyon at disiplina. Makikipagkaisa tayo sa sinumang kasama hangga't sang-ayon siyang sumunod sa Programa, Saligang Batas at mga kapasiyahan ng Partido.

"Hinggil sa Pamahalaang Koalisyon" (Abril 24, 1945), *Mga Piling Akda*, Tomo III.

Ang demokratikong paraan ng paglutas ng mga kontradiksiyon sa hanay ng sambayanan ay binuod natin noong 1942 sa pormulang "pagkakaisa, pamumuna, pag-

kakaisa". Sa lalo nating ikaliliwanag, nangangahulugan ito ng pagsisimula sa pagnanasang magkaisa, paglutas ng mga kontradiksiyon sa pamamagitan ng pamumuna o ng pakikitunggali, at pagkatapos ay pagkakamit ng panibagong pagkakaisa ng may panibago nang batayan. Sa ating karanasan, ito ang wastong paraan ng paglutas ng mga kontradiksiyon sa hanay ng sambayanan.

*Hinggil sa Wastong Paghawak ng mga Kontradiksiyon sa Hanay ng Sambayanan* (Pebrero 27, 1957).

Napakahusay ng pagkakaisa sa loob ng ating hukbo at napakahusay ng pakikipagkaisa nito sa labas. Sa loob, nagkakaisa ang mga pinuno at sundalo, nagkakaisa ang mga nakatataas at nakabababa, at may pagkakaisa ang mga gawaing militar, gawaing pampulitika at ang paglilingkod sa likuran. Sa labas naman, nagkakaisa ang hukbo at taumbayan, nagkakaisa ang hukbo at ang mga organo ng pamahalaan, at may pag-

kakaisa ang ating hukbo at ang mga hukbo nating kaibigan. Kinakailangang puksain ang lahat ng nakapipinsala sa pagkakaisang ito.

"Hinggil sa Pamahalaang Koalisyon" (Abril 24, 1945), *Mga Piling Akda*, Tomo III.

## 26. DISIPLINA

Sa hanay ng sambayanan, magkaugnay ang demokrasya at sentralismo at magkaugnay ang kalayaan at disiplina. Ang mga ito ang magkasalungat sa iisang kabuuan, nagsasalungatan nga at nagkakaisa rin; hindi ang iisang panig lamang ang dapat nating tingnan, hindi natin dapat bigyang-diin ang isa upang pabayaan naman ang isa pa. Sa hanay ng sambayanan, hindi maaaring walang kalayaan, at hindi rin naman maaaring walang disiplina; hindi maaaring walang demokrasya, at hindi rin naman maaaring walang sentralismo. Ang kaisahang ito ng demokrasya at sentralismo, ng kalayaan at disiplina, ay walang iba kundi ang ating demokratikong sentralismo. Sa ganitong sistema, malawak ang tinata-

masang demokrasya at kalayaan ng sambayanan, datapwat kasabay nito'y kailangan silang pailalim sa sosyalistang disiplina.

*Hinggil sa Wastong Paghawak ng mga Kontradiksiyon sa Hanay ng Sambayanan* (Pebrero 27, 1957).

Dapat nating ipahayag muli ang disiplina ng Partido:

(1) napaiilalim sa organisasyon ang indibidwal;

(2) napaiilalim sa nakararami ang kakaunti;

(3) napaiilalim sa nakatataas ang nakabababa; at

(4) napaiilalim sa Komite Sentral ang buong kasapian.

Ang buklod ng Partido ay sinisira ng sinumang lumabag sa mga alituntuning ito ng disiplina.

"Ang Katayuan ng Partido Komunista ng Tsina sa Pambansang Digmaan" (Oktubre 1938), *Mga Piling Akda*, Tomo II.

Isa sa mga disiplina ng Partido ang pagsunod ng kakaunti sa nakararami. Tanggihan man ang kuru-kuro ng kakaunti ay dapat pa rin nitong katigan ang kapasiyahang pinagtibay ng nakararami. Kung kinakailangan, maaari nitong iharap muli ang suliranin sa susunod na pulong upang mapag-usapan; subalit anuman ang mangyari'y hindi dapat kumilos nang labag sa narating nang kapasiyahan.

"Hinggil sa Pagwawasto ng mga Maling Kaisipan sa Loob ng Partido" (Disyembre 1929), *Mga Piling Akda*, Tomo I.

Ang mga sumusunod ang Tatlong Pangunahing Disiplina:

(1) Sumunod sa utos sa lahat ng kilos.

(2) Karayom man o sinulid ay huwag kumuha sa masa.

(3) Ibigay sa kinauukulan ang lahat ng nasamsam.

Ang Walong Dapat Tandaan ay ang mga sumusunod:

(1) Maging magalang sa pananalita.
(2) Maging tapat sa bilihan.
(3) Isauli ang lahat ng hiniram.
(4) Bayaran ang anumang nasira.
(5) Huwag manakit ni manlait.
(6) Huwag manira ng pananim.
(7) Huwag pagsamantalahan ang kababaihan.
(8) Huwag pagmalupitan ang mga bihag.

"Hinggil sa Muling Pagpapalabas ng Tatlong Pangunahing Disiplina at Walong Dapat Tandaan — Tagubilin ng Punong Himpilan ng Hukbong Mapagpalaya ng Bayan ng Tsina" (Oktubre 10, 1947), *Mga Piling Akda,* Tomo IV.

Kailangang pag-ibayuhin ang pagpapahalaga sa disiplina at buong tatag na isakatuparan ang mga kautusan, isagawa ang mga patakaran, sundin ang Tatlong

Pangunahing Disiplina at ang Walong Dapat Tandaan at palakasin ang pagkakaisa ng hukbo at sambayanan, ng hukbo at pamahalaan, ng mga pinuno at mga sundalo, at ng buong hukbo mismo; ang paglabag sa disiplina'y hinding-hindi mapahihintulutan.

"Manipesto ng Hukbong Mapagpalaya ng Bayan ng Tsina" (Oktubre 1947), *Mga Piling Akda*, Tomo IV.

## 27. PAMUMUNA AT PAGPUNA-SA-SARILI

Hindi takot sa puna ang Partido Komunista dahil mga Marxista tayo, nasa panig natin ang katotohanan, nasa panig natin ang saligang masa, ang mga manggagawa at magsasaka.

*Talumpati sa Pambansang Komperensiya ng Partido Komunista ng Tsina Tungkol sa Gawaing Pampropaganda* (Marso 12, 1957).

Walang kinatatakutan ang mga ganap na materyalista; umaasa tayo na buong giting na babalikatin ng lahat ng mga kaisa natin sa pakikibaka ang mga pananagutan nila, kanilang pananagumpayan ang mga kahirapan, hindi sila mangangamba sa mga balakid, hindi matatakot sa mga panunu-

yang ginagawa ng iba, hindi mag-aatubiling punahin tayong mga Komunista at hindi mag-aalangang magbigay ng mga mungkahi nila. "Ang hindi natatakot mahimay ang laman, mangangahas ihulog ang emperador sa kabayong sinasakyan" — ito ang diwa ng kawalang-takot na kinakailangang taglayin natin sa panahon ng pakikibaka alang-alang sa sosyalismo at komunismo.

*Ibid.*

Taglay natin ang Marxista-Leninistang sandata ng pamumuna at pagpuna-sa-sarili. Maiwawaksi natin ang masamang estilo at mapananatili ang mabuti.

"Ulat sa Ikalawang Sesyong Plenaryo ng Ikapitong Komite Sentral ng Partido Komunista ng Tsina" (Marso 5, 1949), *Mga Piling Akda*, Tomo IV.

Ang mataos na pagpuna-sa-sarili ay isa pang namumukod na palatandaang ikinaiiba ng ating Partido sa iba pang mga partidong

pampulitika. Nasabi na nga natin na kakapal ang alikabok sa sahig kung hindi tayo laging magwawalis at dudungis naman ang ating mukha kung hindi tayo maghihilamos palagi. Maaari ring kumapal ang dumi sa isipan ng ating mga kasama at sa gawain ng ating Partido, kaya nga ba kailangan din iyong walisan at hilamusan. "Ang dumadaloy na tubig ay hindi umaalingasaw, ang bisagra ng pinto ay hindi kinakalawang." Ayon sa kasabihang ito, hadlang sa pagdagsa ng mga kagaw at iba pang organismo ang walang hintong paggalaw. Upang mapigil nga ang pagkapit ng kung anu-anong klase ng pampulitikang alikabok at kagaw sa isipan ng ating mga kasama at sa katawan ng ating Partido, ang tanging mabisang paraan ay ang palagiang pagsusuri ng ating gawain, ang pagpapalaganap ng demokratikong estilo-ng-paggawa habang iyon nga'y sinusuri, ang kawalang-takot sa pamumuna at pagpuna-sa-sarili at ang pagsunod sa mga makabuluhang sawikain nating sambayanang Tsino, tulad ng "Sabihin ang nalalaman, huwag mag-aalangan", "Huwag bibintangan ang nagsabi, kuning

babala ang sinabi", at "Kapag nagkamali'y iwasto, kung hindi pa'y magsikap lalo".

"Hinggil sa Pamahalaang Koalisyon" (Abril 24, 1945), *Mga Piling Akda*, Tomo III.

Lagi nang may lumilitaw na salungatan at tunggalian ng iba't ibang kaisipan sa loob ng Partido; ito ang repleksiyon sa loob ng Partido ng kontradiksiyon ng mga uri at ng kontradiksiyon ng bago at luma na nagaganap sa lipunan. Kung walang kontradiksiyon sa Partido at walang tunggaliang pang-ideolohiya na lulutas doon, mapupugto na rin ang buhay ng Partido.

"Hinggil sa Kontradiksiyon" (Agosto 1937), *Mga Piling Akda*, Tomo I.

Pinaninindigan natin ang aktibong tunggaliang pang-ideolohiya sapagkat ito ang sandatang tumitiyak na mararating ng Partido at ng iba pang rebolusyonaryong organisasyon ang pagkakaisang panloob na na-

kabubuti sa pakikipaglaban. Dapat hawakan ng bawat Komunista at bawat rebolusyonaryo ang sandatang ito.

Subalit ang tunggaliang pang-ideolohiya ay tinatanggihan ng liberalismo na naninindigan sa di-makasimulaing kapayapaan; ang nagiging bunga tuloy ay ang bulok at bulgar na estilo na nagiging sanhi ng pamamahò sa pulitika ng ilang yunit at ilang tao sa loob ng Partido't ng iba pang rebolusyonaryong organisasyon.

"Bakahin ang Liberalismo" (Setyembre 7, 1937), *Mga Piling Akda*, Tomo II.

Sa pagbaka sa subhetibismo, sektaryanismo at de-kahong estilo ng pagsulat sa loob ng Partido, dalawang layunin ang dapat nating isaisip: una, "matuto sa nakaraang kamalian nang sa hinaharap, iyo'y maiwasan", at ikalawa, "ang sakit ay lunasan nang mailigtas ang may-karamdaman". Dapat ibunyag ang nangakaraang pagkakamali, masaktan na ang masasaktan; kinakailangang suriin at punahin sa paraang

siyentipiko ang mga nangyaring masama upang mas maging maingat at maayos ang mga gawain sa hinaharap. Ito ang ibig sabihin ng "matuto sa nakaraang kamalian nang sa hinaharap, iyo'y maiwasan". Subalit tulad ng doktor na gumagamot ng karamdaman, ang tanging layunin natin sa pagbubunyag ng mga pagkakamali at sa pamumuna ng mga pagkukulang ay iligtas ang maysakit, hindi humukay ng kanyang libingan. Maililigtas ang may apendisitis kung ooperahan ng doktor ang apendiks. Hangga't hindi inililihim ng nakagawa ng pagkakamali ang kanyang karamdaman at hindi naman natatakot magpagamot ni nagmamatigas sa kanyang pagkakamali hanggang mawalan na ng lunas, hangga't buong katapatan at tunay niyang ninanais na umigi at magpakabuti, dapat natin siyang tanggapin, dapat nating lunasan ang kanyang karamdaman upang maging mabuti siyang kasama. Hinding-hindi tayo magtatagumpay sa gawaing ito kung magpapakapusok tayo, kung paghàhahagkisín na lamang natin siya. Sa pagbibigay-lunas sa karamdamang pang-

ideolohiya o pampulitika, hindi dapat magpadalus-dalos; "ang sakit ay lunasan upang mailigtas ang may-karamdaman" — ito ang paraang dapat gamitin sapagkat siyang tanging wasto at mabisang paraan.

"Iwasto ang Estilo-ng-Paggawa ng Partido" (Pebrero 1, 1942), *Mga Piling Akda,* Tomo III.

May isa pang bagay na dapat banggitin kaugnay ng punahan sa loob ng Partido: kapag namumuna ang ilang kasama, binabale-wala nila ang mahahalagang isyu at ang maliliit na bagay na lamang ang pinagpapapansin. Hindi nila nauunawaan na ang pangunahing tungkulin ng pamumuna ay ang tukuyin ang mga kamaliang pampulitika at pang-organisasyon. Tungkol naman sa mga personal na kakulangan, hindi na kailangang maging labis na mapamuna kung wala rin lamang iyong kinalaman sa mga kamaliang pampulitika at pang-organisasyon upang huwag namang mataranta ang kasama. At saka, kapag nagpatuloy ang ganitong pamumuna, malamang na sa maliliit na kakulangan na lamang matuon ang pansin ng

mga kasapi at makimi na tuloy ang bawat isa, maging labis na maingat at makalimot na sa mga tungkuling pampulitika ng Partido. Napakalaking panganib nito.

"Hinggil sa Pagwawasto ng mga Maling Kaisipan sa Loob ng Partido" (Disyembre 1929), *Mga Piling Akda*, Tomo I.

Sa punahan sa loob ng Partido, iwasan ang subhetibismo, ang pagbatay lamang sa sariling akala, at ang kagaspangan ng puna; patunayan ang mga sinasabi at ang pulitika ang bigyang-diin.

*Ibid.*

Ang punahan sa loob ng Partido ay sandatang nakapagpapalakas ng organisasyon ng Partido at nakapagpapaibayo ng kakayahan nitong makibaka. Gayunman, sa organisasyon ng Partido sa loob ng Pulang Hukbo, hindi laging ganito ang nagiging katangian ng pamumuna at kung minsan pa nga'y nauuwi sa atakeng personal. Hindi lamang tuloy mga kasapi ang napipinsala

kundi pati na ang organisasyon ng Partido. Tanda ito ng indibidwalismong petiburges. Ang paraan ng pagtutuwid dito ay ang ipaunawa sa mga kasapi ng Partido na ang layunin ng pamumuna ay ang pag-ibayuhin ang kakayahan ng Partido sa pakikibaka upang magtagumpay sa tunggalian ng mga uri, na hindi dapat gamitin ang pamumuna sa pang-aatakeng personal.

*Ibid.*

Tayo ay mga lingkod-bayan kaya nga ba hindi tayo natatakot kung may tumukoy man at pumuna sa ating mga pagkukulang. Kapag nagkulang tayo, sinuman ay maaaring uminó. Kung tama ang sinabi, pupunan natin ang mga pagkukulang. Kung makabubuti sa sambayanan ang mungkahi, atin iyong ipatutupad.

"Paglingkuran ang Sambayanan" (Setyembre 8, 1944), *Mga Piling Akda*, Tomo III.

Yayamang sa pinakapangunahing kapakanan ng pinakamalawak na masa ng sam-

bayanang Tsino natin iniaayon ang lahat ng ikinikilos nating mga Komunistang Tsino, yayamang naniniwala tayong ganap na makatarungan ang ating ipinakikipaglaban at yayamang hindi tayo umuurong sa anumang pagpapakasakit bagkus ay laging nakahandang ihandog ang ating buhay sa ating adhika, mag-aatubili pa ba tayong iwaksi ang mga kaisipan, palagay, kuru-kuro o paraan na hindi tumutugon sa pangangailangan ng sambayanan? Mapapayagan pa ba nating dungisan ng pampulitikang alikabok ang ating malinis na mukha o pasukin kayâ ng pampulitikang kagaw ang malusog nating katawan? Di na mabilang na mga rebolusyonaryong martir ang nagbuwis ng buhay alang-alang sa sambayanan, at nagdurugo ang puso nating mga nabubuhay sa tuwing nasasagi sila sa ating isipan. Mayroon pa kayang pansariling kapakanan na hindi natin maipagpapakasakit o kamaliang hindi maiwawaksi?

"Hinggil sa Pamahalaang Koalisyon" (Abril 24, 1945), *Mga Piling Akda*, Tomo III.

Hindi tayo dapat magpaupu-upo na lamang kapag nagtagumpay. Dapat nating iwasan ang pagiging kampante, dapat nating punahing lagi ang ating mga pagkukulang, tulad din naman ng paghihilamos at pagwawalis araw-araw upang maalis ang dumi at mapanatili ang kalinisan.

"Maging Organisado!" (Nobyembre 29, 1943), *Mga Piling Akda*, Tomo III.

Dapat gawin ang pamumuna sa tamang panahon; huwag ugaliing kapag nangyari na lamang ang mangyayari saka namumuna.

*Hinggil sa Suliranin ng Pagsasakooperatiba ng Agrikultura* (Hulyo 31, 1955).

Sa aral na dulot sa atin ng mga pagkakamali at ng mga nakatagpong balakid, mas tumali-talino tayo at mas bumuti-buti ang kilos natin. Hindi maaaring hindi magkamali ang kahit ano pang partidong pampu-

litika ni kahit sino pang tao, subalit dapat nating bawasan hangga't maaari ang mga pagkakamali. Kapag may nagawa nang kamalian, ituwid natin; mas mabuti kung mas mabilis at mas lubusan.

"Hinggil sa Diktadurang Maka-demokrasyang Bayan" (Hunyo 30, 1949), *Mga Piling Akda*, Tomo IV.

# 28. MGA KOMUNISTA

Ang Komunista ay dapat maging bukas ang puso at walang itinatago, matapat at masigasig; dapat niyang ipauna ang kapakánan ng rebolusyon kaysa sariling buhay at dapat niyang ipailalim ang pansariling interes sa interes ng rebolusyon; sa lahat ng sandali at mapasaan man siyang lugar, dapat siyang manindigan sa tumpak na simulain at makibaka nang walang kapaguran sa lahat ng maling kaisipan at kilos nang sa gayon ay mapatatag ang kolektibong buhay ng Partido at ang pakikipagugnayan nito sa masa; dapat niyang pagmalasakitan ang Partido at ang masa nang higit kaninuman, at dapat niyang pagmalasakitan ang iba nang higit sa sarili. Sa

gayon lamang siya magiging karapat-dapat ituring na Komunista.

"Bakahin ang Liberalismo" (Setyembre 7, 1937), *Mga Piling Akda*, Tomo II.

Kailangang maipaunawa sa bawat kasama na ang kataas-taasang panuntunang susukat sa mga salita at kilos ng Komunista ay kung umaayon ang mga iyon sa pinakapangunahing interes ng pinakamalawak na masa ng sambayanan at kung ang mga iyon ay kanilang kinakatigan.

"Hinggil sa Pamahalaang Koalisyon" (Abril 24, 1945), *Mga Piling Akda*, Tomo III.

Anuman ang mangyari ay hindi dapat unahin ng Komunista ang pansariling kapakanan, bagkus ay dapat niya iyong ipailalim sa kapakanan ng bayan at sa kapakanan ng masa. Kaya nga ba lubhang kasuklam-suklam ang pagkamakasarili at kasakiman,

ang katamlayan at kakuparan, ang katiwalian at kabulukan, ang paghahangad na maging sikat at kung anu't ano pa, samantalang ang kawalang pag-iimbot, ang kasiglahan at kasigasigan, ang buong pusong paglilingkod sa madla at ang pagkabuhos ng loob sa gawain ay kagalang-galang.

"Ang Katayuan ng Partido Komunista ng Tsina sa Pambansang Digmaan" (Oktubre 1938), *Mga Piling Akda,* Tomo II.

Sa lahat ng sandali ay kailangang maging handa ang mga Komunista na manindigan sa katotohanan, sapagkat naaayon ang katotohanan sa kapakanan ng sambayanan; sa lahat ng sandali ay kailangang maging handa ang mga Komunista na ituwid ang kanilang kamalian, sapagkat salungat ang kamalian sa kapakanan ng sambayanan.

"Hinggil sa Pamahalaang Koalisyon" (Abril 24, 1945), *Mga Piling Akda,* Tomo III.

Anuman ang makaharap, dapat tanungin ng mga Komunista kung bakit iyon nagaganap; dapat nilang gamiting mabuti ang sariling isip at saka pakalimiin kung umaayon nga ba iyon sa katotohanan at kung iyon nga ay makatwiran; kailanma'y hindi sila dapat sumunod nang pikit-mata kung paanong hindi rin nila dapat kunsintihin ang asal-alipin.

"Iwasto ang Estilo-ng-Paggawa ng Partido" (Pebrero 1, 1942), *Mga Piling Akda*, Tomo III.

Ang pagsasaalang-alang sa kapakanan ng kabuuan ang dapat nating itaguyod. Ang kapakanan ng buong Partido ang dapat pagmulan ng bawat hakbang ng lahat ng kasapi ng Partido at ng lahat ng sangay ng trabaho, at siya ring dapat na maging kadluan ng lahat ng kanilang sinasabi at ng lahat ng kanilang ikinikilos; hinding-hindi mapahihintulutang labagin ang simulaing ito.

*Ibid.*

Dapat maging huwaran ang mga Komunista sa pagiging tapat sa tunay na pangyayari at sa pagkakaroon ng malayuan at matalas na paningin. Sapagkat sa pagiging tapat lamang sa tunay na pangyayari maisasakatuparan ang mga iniaatas na tungkulin at sa pagkakaroon lamang ng malayuan at matalas na paningin maiiwasan ang pagkaligaw sa landas ng pagsulong.

"Ang Katayuan ng Partido Komunista ng Tsina sa Pambansang Digmaan" (Oktubre 1938), *Mga Piling Akda*, Tomo II.

Ang mga Komunista ang dapat magkaroon ng pinakamalayuang pananaw; sila ang dapat maging pinakamapagpakasakit, pinakamatatag at pinakabukas ang isip sa pag-unawa sa sitwasyon; dapat silang umasa sa masang nakararami at dapat nilang makuha ang pagkatig niyon.

"Ang mga Tungkulin ng Partido Komunista ng Tsina sa Panahon ng Pagtatanggol Laban sa Hapon" (Mayo 3, 1937), *Mga Piling Akda*, Tomo I.

Dapat maging huwaran ang mga Komunista sa pag-aaral; sa lahat ng sandali ay dapat silang maging estudyante ng masa kaalinsabay ng pagiging guro nila.

"Ang Katayuan ng Partido Komunista ng Tsina sa Pambansang Digmaan" (Oktubre 1938), *Mga Piling Akda*, Tomo II.

Ang bawat Komunistang nasa kilusang pangmasa ay dapat maging kaibigan ng masa at hindi amo nila, isang gurong walang kapaguran at hindi burukratikong pulitiko.

*Ibid.*

Hinding-hindi dapat bumukod ang mga Komunista sa masang nakararami, ang hindi na pansinin ang kondisyon ng hulí at sa halip ay mamuno na lamang ng ilang pangkat ng mga progresibo sa nakahiwalay at mapusok na pag-abante; dapat nilang pag-ukulan ng pansin ang pagpapahigpit ng

ugnayan ng mga progresibong elemento at ng malawak na masa. Ito ang ibig sabihin ng pagsasaalang-alang sa nakararami.

*Ibid.*

Tayong mga Komunista ay tulad ng binhi at ang sambayanan ay tulad ng lupa. Saanman tayo maparoon, dapat tayong makipagkaisa sa sambayanan, at sa piling nila ay mag-ugat at mamulaklak.

"Hinggil sa mga Negosasyon sa Chungking" (Oktubre 17, 1945), *Mga Piling Akda*, Tomo IV.

Sa anumang pangyayari, dapat magawa nating mga Komunista na makiisa sa masa. Kung habambuhay na lang na nagkukukulong at paupu-upo ng bahay ang mga kasapi ng ating Partido, hindi lumalabas, unos ay ayaw suungin, ang daigdig ay ayaw harapin, anong buti pa ang magagawa nila sa sambayanang Tsino? Wala kahit bahagya; at hindi natin kailangan ang ganitong

tao sa Partido. Komunista tayo at ang unos ay dapat nating suungin, ang daigdig ay dapat nating harapin — ang malakas na unos at ang malawak na daigdig ng pakikibaka ng masa.

"Maging Organisado!" (Nobyembre 29, 1943), *Mga Piling Akda*, Tomo III.

Napakahalaga ng pagiging taliba at pagiging huwaran ng mga Komunista. Ang mga Komunista sa Hukbo ng Ikawalong Ruta at sa Bagong Ikaapat na Hukbo ay dapat maging huwaran sa buong giting na pakikihamok, huwaran sa pagsasakatuparan ng mga kautusan, sa pagsunod sa disiplina, sa pagganap ng mga gawaing pampulitika at sa pagpapalakas ng panloob na pagkakabuklod at pagkakaisa.

"Ang Katayuan ng Partido Komunista ng Tsina sa Pambansang Digmaan" (Oktubre 1938), *Mga Piling Akda*, Tomo II.

Hindi dapat akalain ng isang Komunista na palagi siyang tama, na puwede na siyang magmataas; hindi niya dapat isiping siya ang mahusay sa lahat ng bagay samantalang sa ibang tao'y wala nang magaling; hinding-hindi siya dapat magkulong na lamang sa maliit niyang silid, magyabang nang mag-yabang at maghari-harian.

"Talumpati sa Asamblea ng mga Kinatawan ng Hanggahang Re-hiyon ng Shensi-Kansu-Ningsia" (Nobyembre 21, 1941), *Mga Piling Akda*, Tomo III.

Kinakailangang pakinggang mabuti ng mga Komunista ang kuru-kuro ng mga di-kasapi ng Partido at dapat silang hayaang makapagsalita. Kung tama ang sinasabi nila, dapat nating tanggapin, at matuto tayo sa mabubuti nilang punto; kung mali naman ang sinasabi nila, dapat din natin silang hayaang makatapos ng sasabihin at saka buong tiyagang pagpaliwanagan pagkatapos.

*Ibid.*

Liban na lamang kung wala na talagang pag-asang magbago pa iyong mga nagkamali sa gawain, ang dapat gawin sa kanila ng mga Komunista ay ang kumbinsihin sila't tulungang magbago, ang sa halip na itatwa'y tulungan silang makapagbagong-buhay.

"Ang Katayuan ng Partido Komunista ng Tsina sa Pambansang Digmaan" (Oktubre 1938), *Mga Piling Akda*, Tomo II.

Hindi dapat maliitin at hindi dapat hamakin ng mga Komunista ang mga taong atrasado sa pulitika, bagkus ay kailangang kaibiganin sila, makipagkaisa sa kanila, hikayatin sila at palakasin ang kanilang loob na sumulong.

*Ibid.*

## 29. MGA KADRE

Upang matiyak na hindi magbabago ang kulay ng ating Partido at ng ating bansa, hindi lamang tayo dapat magkaroon ng tamang linya at ng mga tumpak na patakaran, kundi dapat din tayong magsanay at maghubog ng milyun-milyong tagapagpatuloy ng simulain ng rebolusyong proletaryo.

Kung uugatin, ang suliranin ng pagsasanay ng mga tagapagpatuloy ng rebolusyonaryong simulain ng proletaryado ay suliranin ng pagkakaroon o hindi ng mga magpapatuloy ng rebolusyonaryong simulain ng Marxismo-Leninismo na pinasimulan ng naunang henerasyon ng mga rebolusyonaryong proletaryo, kung mananatili sa kamay ng mga rebolusyonaryong proletaryo ang pamumuno ng Partido at ng estado, kung makasusulong pa rin ang ating mga anak at apo sa wastong landas ng Marxismo-Leninismo, o sa ibang salita, kung

matagumpay nating mapipigil ang pag-usbong ng rebisyonismong Khrushchov sa Tsina. Sa madaling sabi, napakahalagang suliranin nito na may kinalaman sa buhay-at-kamatayan ng ating Partido at ng ating estado. Napakamakabuluhan nito sa rebolusyonaryong simulain ng proletaryado sa susunod na sandaan, sanlibo o kahit pa sanlaksang taon. Batay sa mga pagbabagong naganap sa Unyong Sobyet, iniaasa ng mga manghuhulang imperyalista ang pagkakaroon ng "payapang ebolusyon" sa ikatlo o ikaapat na henerasyon ng Partidong Tsino. Dapat nating biguing ganap ang ganitong hula ng mga imperyalista. Sa lahat ng lugar, mula sa mga kataas-taasang organisasyon hanggang sa kababa-babaan, dapat nating pag-ukulang lagi ng pansin ang pagsasanay at paghuhubog ng mga tagapagpatuloy ng rebolusyonaryong simulain.

Anu-ano ang kailangan upang maging karapat-dapat na tagapagpatuloy ng rebolusyonaryong simulain ng proletaryado?

Dapat maging tunay na Marxista-Leninista at hindi rebisyonistang tulad ni

Khrushchov na nakabalatkayong Marxista-Leninista.

Dapat maging rebolusyonaryo na buong puso't buong kaluluwang naglilingkod sa lubos na nakararaming tao sa Tsina at sa buong daigdig, hindi katulad ni Khrushchov na naglilingkod sa interes ng sasandakot na pribilehiyadong saray na burges sa loob ng bansa, at sa interes ng mga imperyalista at reaksiyonaryo sa larangang pandaigdig.

Dapat maging proletaryong dalubhasa sa pulitika na marunong makipagkaisa sa lubos na nakararami at gumagawang kasama nila. Hindi lamang sa mga kapalagay dapat makipagkaisa, dapat ding maging mahusay sa pakikipagkaisa sa mga hindi kapalagay at maging sa mga dating nakabangga na at ang kamalia'y napatunayan na sa praktika. Sa anu't ano man, lalo nang dapat magpakaingat-ingat sa mga ambisyoso at mapagpakana na tulad ni Khrushchov, dapat mahadlangan ang pangangagaw ng ganitong klase ng masasamang tao sa pamumuno ng anumang antas ng Partido at ng estado.

Dapat na maging huwaran sa pagpapairal ng demokratikong sentralismo ng Partido,

bolusyon. Sa takbo ng mahabang pakikibakang pangmasa dapat subukin at kilanlin ang mga kadre at doon dapat pumili at mag-aruga ng mga tagapagpatuloy.

Binanggit sa *Hinggil sa Huwad na Komunismo ni Khrushchov at ang Pangkasaysayang Aral Nito sa Daigdig* (Hulyo 14, 1964).

Kailangang mapalaganap sa buong bansa ang mga organisasyon ng ating Partido at dapat nating gawing pakay ang makapaghubog ng laksa-laksang kadre at daan-daang pinakamahuhusay na lider ng masa, mga kadre at lider na maalam sa Marxismo-Leninismo, malayuan ang pananaw pampulitika, mahusay sa gawain, lipos ng diwa ng pagpapakasakit, mag-isang nakalulutas ng mga suliranin, nananatiling matatag sa gitna ng kahirapan, at walang hanggan ang katapatan sa paglilingkod sa bayan, sa uri at sa Partido. Sa mga kadre at pinunong ito nakasalalay ang pakikipag-ugnayan ng Partido sa mga kasapi nito at sa masa, at sa malakas na pamumuno nila

Sa patakarang pangkadre ng Partido Komunista, ang panuntunang dapat gamitin ay kung matatag ba o hindi sa pagpapairal ng linya ng Partido, kung sumusunod ba sa disiplina ng Partido, mahigpit na nakikipagugnayan sa masa, nakapagtatrabaho nang hindi umaasa sa iba, at kung masigasig ba, masikap at di-mapag-imbot. Ito ang ibig sabihin ng "paghirang batay sa kakayahan".

*Ibid.*

Kailangang panindigan ang sistema ng pagsama ng mga kadre sa kolektibong trabahong pamproduksiyon. Mga karaniwang anakpawis ang mga kadre ng ating Partido at estado, hindi mga panginoong pabigat lamang sa bayan. Kapag sumasama sa kolektibong trabahong pamproduksiyon ang mga kadre, napananatili nila ang pinakamalawakan, palagian at mahigpit na pakikipag-ugnayan sa masang anakpawis. Ito'y pangunahing hakbang na napakahalaga sa sistemang sosyalista, nakatutulong sa pag-

lupig sa burukrasya at sa pagsawata sa rebisyonismo at dogmatismo.

Binanggit sa *Hinggil sa Huwad na Komunismo ni Khrushchov at ang Pangkasaysayang Aral Nito sa Daigdig* (Hulyo 14, 1964).

Dapat matutong kumilala ng kadre. Hindi isang maikling panahon o kaya'y isang pangyayari lamang sa buhay ng kadre ang dapat tingnan kundi ang buo niyang nakaraan at ang lahat niyang nagawa. Ito ang pangunahing paraan ng pagkilala ng kadre.

"Ang Katayuan ng Partido Komunista ng Tsina sa Pambansang Digmaan" (Oktubre 1938), *Mga Piling Akda*, Tomo II.

Dapat matutong gumamit ng kadre. Kung tutuusin, may dalawang pangunahing pananagutan ang namumuno: ang bumuo ng idea at ang gumamit ng kadre. Ang paggawa ng plano at pasiya o ang pagbibigay

ng mga kautusan at direktiba ay maibibilang sa "pagbuo ng idea". Upang maisapraktika naman ang mga idea, dapat mapagbuklod at mapakilos ang mga kadre na siya namang maibibilang sa "paggamit ng kadre".

*Ibid.*

Dapat matutunang kalingain ang mga kadre. Ganito ang mga paraan:

Una, patnubayan sila. Ibig sabihin, hayaan silang makapagtrabahong mag-isa upang magkalakas-loob silang tumanggap ng pananagutan; kaalinsabay nito, tagubilinan sila sa tamang panahon upang sa pamamatnubay ng linyang pampulitika ng Partido ay mapatingkad nila ang pagiging mapanlikha.

Ikalawa, itaas ang kanilang pamantayan. Ibig sabihin, bigyan sila ng pagkakataong makapag-aral, at edukahin sila upang lumalim ang kanilang pagkakaunawa sa teorya at tumaas ang kanilang kakayahan sa trabaho.

Ikatlo, tingnan ang kanilang trabaho; agapayanan sila sa paglalagom ng kanilang karanasan, sa pagpapatingkad ng kanilang mga tagumpay, at sa pagtutuwid ng kanilang mga kamalian. Ang magtakda ng gawain at pagkatapos ay hindi na tingnan kung ano na ang nangyayari roon bagkus ay saka na lamang pagukulan ng pansin kapag may naganap nang malulubhang kamalian — hindi ito ang paraan ng pagkalinga sa kadre.

Ikaapat, ang paraan ng paghimok ang karaniwang dapat gamitin sa mga kadreng nagkamali, dapat silang tulungan sa pagwawasto ng kanilang mga kamalian. Ginagamit lamang ang paraan ng pakikibaka sa mga nakagawa ng malalaking pagkakamali subalit ayaw pa ring mapatnubayan. Tiyaga ang kailangan. Hindi tamang paratangan na lamang at sukat na "oportunista" si ganito o si ganoon at "kabakahin" siya.

Ikalima, intindihin sila sa kanilang kahirapan. Kapag may problema ang mga kadre, halimbawa'y nagkasakit o nagigipit o may suliranin sa tahanan, dapat

natin silang lingapin sa abot ng ating makakaya.

Ang mga kababanggit ang paraan ng pagkalinga sa kadre.

*Ibid.*

Sa gitna lamang ng pakikibaka ng masa unti-unting nahuhubog ang namumunong pangkat na tunay na nagkakaisa at tunay na nakaugnay sa masa, hindi iyon mahuhubog nang hiwalay roon. Kadalasan nang hindi dapat at talagang hindi maaaring hindi man lang mapalitan ang mga kabilang sa namumunong pangkat mula sa simula hanggang kalagitnaan at katapusang yugto ng isang pakikibakang dakila; hindi dapat magtugot sa pagtataas ng mga aktibistang lumilitaw sa takbo ng pakikibaka upang mapalitan naman ang mga datihan nang kasapi ng namumunong pangkat na hindi kasing-husay nila o kaya'y nagpakabulok na.

"Ilang Bagay Hinggil sa mga Paraan ng Pamumuno" (Hunyo 1, 1943), *Mga Piling Akda,* Tomo III.

Kung walang malawak na masa ng mga bagong kadre sa ating Partido na kaisa at katu-katulong ng mga datihan nang kadre, mapuputol ang pagtahak natin sa landas ng ating ipinakikipaglaban. Samakatwid, dapat tanggapin ng mga datihang kadre ang mga bagong kadre nang buong sigla't pananabik at saka pagmalasakitang lubos. Mangyari pa'y may kakulangan nga ang mga bagong kadre. Maikli pa lamang ang panahong ipinamamamalagi nila sa rebolusyon at kulang pa sila sa karanasan, at saka di-sasalang nakabuntot pa rin sa ilan sa kanila ang di-kanais-nais na ideolohiya ng lumang lipunan, sabihin pa'y ang mga labí ng ideolohiyang indibidwalista ng petiburges. Subalit maaari namang unti-unting maihunos ang gani-tong mga pagkukulang sa pamamagitan ng edukasyon at pagkapanday sa re-bolusyon. Ang mahusay namang ka-tangian ng mga bagong kadre, tulad nga ng nasabi ni Stalin, ay ang napakatalas nilang pandama sa mga bagay na bago, kung kaya't napakasigasig at napakaaktibo nila — mga katangiang mahirap nang ma-tagpuan sa ilang datihang kadre. Dapat

maggalangan at matuto sa isa't isa ang mga bago't datihan nang mga kadre, dapat nilang pangibabawan ang kani-kanyang pagkukulang sa pamamagitan ng pag-aaral sa mahuhusay na katangian ng isa't isa nang sa gayon ay magkabuklud-buklod sila sa iisang layunin at makaiwas sa mga tendensiyang sektaryanista.

"Iwasto ang Estilo-ng-Paggawa ng Partido" (Pebrero 1, 1942), *Mga Piling Akda*, Tomo III.

Hindi lamang ang mga kadre ng Partido ang dapat nating pagmalasakitan kundi pati na ang mga kadreng hindi kasapi nito. Maraming tao sa labas ng Partido ang may kakayahan at hindi naman maaaring hindi natin sila pansinin. Tungkulin ng bawat Komunistang iwaksi ang pagiging ilág at ang pagmamataas, tungkulin niya ang makisama nang mahusay sa mga hindi kadre ng Partido, ang tulungan sila nang buong katapatan, masiglang pakitunguhan nang tulad na rin ng kasama upang mailagay nila sa tamang lugar ang kanilang kasigasigan —

sa dakilang gawain ng pagtatanggol laban sa Hapon at sa dakilang adhika ng pagpapanibagong-tatag ng ating bansa.

"Ang Katayuan ng Partido Komunista ng Tsina sa Pambansang Digmaan" (Oktubre 1938), *Mga Piling Akda*, Tomo II.

# 30. KABATAAN

Sa inyo ang daigdig, at sa amin din naman, subalit kung tutuusin ay sa inyo. Kayong kabataan na lipos ng lakas at punung-puno ng sigla, kayo na nasa kasibulan ng buhay, kayo na tulad ng araw sa ikawalo o ikasiyam ng umaga, nasa inyo ang pag-asa.

. . . . . .

Sa inyo nauukol ang daigdig. Sa inyo nauukol ang hinaharap ng Tsina.

Pakikipag-usap sa mga estudyante at nagsasanay na Tsino sa Moskow (Nobyembre 17, 1957).

Kailangang maipaunawa sa lahat ng kabataan natin na lubha pa ring maralita ang ating bansa, at hindi natin mababagong ganap ang kalagayang ito sa loob lamang ng

maikling panahon; sa nagkakaisang pagpupunyagi lamang ng mga kabataan at ng buong sambayanang gumagamit ng sariling bisig mapalalakas at mapauunlad ang Tsina sa loob ng ilang dekada. Sa pagkakatatag ng sistemang sosyalista, nahawan sa atin ang landas na patungo sa lipunang ating pinakamimithi-mithi, ngunit kailangan pa nating magpatulo ng pawis at magpakasumikap upang iyon ay marating.

*Hinggil sa Wastong Paghawak ng mga Kontradiksiyon sa Hanay ng Sambayanan* (Pebrero 27, 1957).

Palibhasa'y kulang ng karanasan sa pulitika at sa lipunan, hindi maipaghambing ng marami-rami rin namang kabataan ang pagkakaiba ng luma at bagong Tsina, at hindi madali para sa kanila na maunawaang lubos ang laksa't libong hirap na dinanas ng ating sambayanan sa pakikibaka upang makaalpas sa pang-aapi ng mga imperyalista at ng mga reaksiyonaryong Kuomintang, ni ang mahabang panahon ng puspusang pagtatrabaho na kinakailangan bago makapagtatag ng sos-

yalistang lipunang kaaya-aya. Kaya nga ba dapat tayong magsagawang lagi ng malinaw at mabisang edukasyong pampulitika sa masa, dapat nating lagi nang sabihin nang tapatan sa kanila ang katotohanan tungkol sa mga kahirapang naglilitawan at makipag-aralan tayo sa kanila kung paano iyon mapangingibabawan.

*Ibid.*

Ang kabataan ang puwersa sa lipunan na pinakaaktibo at pinakapunô ng buhay. Lalung-lalo na sa panahon ng sosyalismo, sila ang pinakamasusugid matuto at pinakahindi nahahawahan ng konserbatibong kaisipan. Sana'y makipagtulungan sa mga organisasyon ng Liga ng Kabataan ang mga organisasyon ng Partido sa iba't ibang lugar at pag-aralan sana nilang mabuti kung papaano magagamit nang lubusan ang lakas ng kabataan. Hindi dapat ituring ang kabataan na gaya lamang ng iba, ang hindi na pansinin ang kanilang partikular na katangian. Mangyari pa, dapat matuto ang kabataan sa

mga nakatatanda at dapat nilang hingin hangga't maaari ang pagsang-ayon ng mga iyon na makalahok sila sa lahat ng klase ng gawaing kapaki-pakinabang.

Pambungad sa "Komando ng Kabataan sa Ika-9 na Kooperatiba sa Produksiyong Agrikultural ng Baryo Hsinping, Munisipalidad Chungshan" (1955), *Pagsukdol ng Sosyalismo sa Kanayunan ng Tsina*, Tomo 3.

Paano malalaman kung rebolusyonaryo nga ang isang kabataan? Ano ang pagkikilanlan? Isa lamang ang mapagbabatayan: kung handa siyang makisalamuha sa malawak na masa ng mga manggagawa at magsasaka at kung iyon nga ay gagawin niya. Kung handa nga siyang gawin iyon at kung iyon nga ay kanyang ginagawa, siya ay rebolusyonaryo; kung hindi nama'y hindi siya rebolusyonaryo o kaya'y kontra-rebolusyonaryo pa nga. Kung nakikisalamuha siya ngayon sa masa ng mga manggagawa at magsasaka, rebolusyonaryo siya ngayon;

kung bukas ay hihinto na siya sa paggawa nito, bukas ay hindi na siya rebolusyonaryo at kung bumaligtad pa nga siya't pagsamantalahan niya ang mga karaniwang tao, siya ay isa nang kontra-rebolusyonaryo.

"Ang Oryentasyon ng Kilusan ng Kabataan" (Mayo 4, 1939), *Mga Piling Akda*, Tomo II.

Hangga't hindi pa nakabuklod nang buong puso at kaluluwa ang mga intelektuwal sa rebolusyonaryong pakikibakang pangmasa, o hangga't hindi pa buo ang kanilang loob na maglingkod sa kapakanan ng masa at makisalamuha sa kanila, lagi na silang may tendensiyang maging subhetibo at indibidwalista, lagi nang punô ng guniguni ang pagiisip nila at lagi na silang mabuway sa pagkilos. Samakatwid, bagamat ang masa ng mga rebolusyonaryong intelektuwal sa Tsina ay maaaring magsilbing taliba o dili naman kaya'y tulay na tagapag-ugnay sa masa, hindi lahat sa kanila'y mananatiling rebolusyonaryo habang panahon. Sa mga sandali ng

kagipitan, titiwalag sa hanay ng rebolusyon ang ilan sa kanila at magpapakapasibo na lamang, samantalang may kaunti pa ngang baka maging kaaway pa ng rebolusyon. Sa gitna lamang ng mga pakikibaka ng masa sa loob ng mahabang panahon mapananaigan ng mga intelektuwal ang ganitong kahinaan.

"Ang Rebolusyong Tsino at ang Partido Komunista ng Tsina" (Disyembre 1939), *Mga Piling Akda*, Tomo II.

Bukod pa sa walang patid na pakikipagkoordinasyon sa Partido hinggil sa pinakapangunahing tungkulin nito, ang Liga ng Kabataan ay dapat magkaroon ng sariling gawain na naaangkop sa mga namumukod na katangian ng kabataan. Dapat pagmalasakitan at arugain ng Bagong Tsina ang kanyang kabataan. Kailangan ngang mag-aral at magtrabaho ang kabataan, subalit dahil sa lumalaki pa sila, dapat ding pakaukulan ng pansin na sila ay nakapaglilibang, nakapagpapalakas at nakapagpapa-

hinga kung paano rin namang pinag-uukulan ng pansin ang kanilang pagtatrabaho at pag-aaral.

Tagubilin nang tanggapin ang Presidyum ng Ikalawang Pambansang Kongreso ng Liga ng Kabataan (Hunyo 30, 1953).

# 31. KABABAIHAN

Tatlong sistema ng awtoridad ang karaniwan nang naghahari sa kalalakihan ng Tsina (iyon ay ang pulitika, angkan, at relihiyon) . . . . Ang kababaihan naman, pinaghaharian na nga ng tatlong awtoridad na kababanggit, ay napaghaharian pa ng kalalakihan (ang awtoridad ng asawa). Ang apat na awtoridad na ito — pulitika, angkan, relihiyon at kalalakihan — ang kumakatawan sa buong ideolohiya at sistemang piyudal-patriarkal, ang apat na makakapal na lubid na gumagapos sa sambayanang Tsino, lalung-lalo na sa mga magsasaka. Nailarawan na natin kung paano itinumba ng mga magsasaka ang awtoridad na pampulitika ng mga panginoong maylupa sa kanayunan na siyang haligi ng iba pang sistema ng awtoridad. Sa pagkakatumba niyon, gumiray na rin ang awtoridad ng angkan, ng relihiyon, at ng kalalakihan. . . . Hinggil sa awtoridad

ng lalaki, mula't sapul pa'y mahina-hina na itong talaga sa pag-asawahang maralitang magsasaka sapagkat, atas ng pangangailangang pangkabuhayan, kailangang higit na magbanat ng buto ang kababaihan dito kaysa roon sa mga nakaririwasang uri, kaya nga ba sa tahana'y higit ang karapatan nilang magsalita at ang kapangyarihang magpasiya. Bunga ng patuloy na pagkawasak ng ekonomiyang nayon nitong mga nakaraang taon, nauk-ok na rin ang pundasyon ng paghahari ng lalaki sa babae. At lalo na sa paglitaw ng kilusang magsasaka kamakailan, nakapagsimula nang magtatag ang kababaihan sa maraming lugar ng mga kapisanan ng mga babaeng nayon; dumating na ang panahong magtaas ng noo ang kababaihan, samantalang sa pagdaraan ng mga araw ay gumigiray na nang gumigiray ang awtoridad ng kalalakihan. Sa madaling sabi, gumigiray na nga nang gumigiray ang buong ideolohiya at sistemang piyudal-patriarkal habang

sa pagdaraan din ng mga araw ay lumalakas naman nang lumalakas ang kapangyarihan ng mga magsasaka.

"Ulat Hinggil sa Pagsisiyasat sa Kilusang Magsasaka sa Hunan" (Marso 1927), *Mga Piling Akda*, Tomo I.

Magkaisa, lumahok sa produksiyon at gawaing pampulitika, iangat ang katayuan ng kababaihan sa ekonomiya at pulitika.

Inskripsiyon para sa magasing *Ang Kababaihan ng Bagong Tsina*, Blg. 1, Hulyo 20, 1949.

Ang kapakanan ng kabataan, ng kababaihan at ng mga bata ay pangalagaan; ang mga kabataang hindi na makapagpatuloy ng pag-aaral ay tulungan; ang mga kabataan at kababaihan ay organisahin upang makapantay sila sa lahat ng gawaing makatutulong sa pakikidigma sa Hapon at sa ikauunlad ng lipunan; tiyakin ang kalayaan sa pagpili ng makakataling-puso at ang pagkakapantaypantay ng kalalakihan at kababaihan; at

bigyan ang mga kabataan at maliliit na bata ng makabuluhang edukasyon. . . .

"Hinggil sa Pamahalaang Koalisyon" (Abril 24, 1945), *Mga Piling Akda,* Tomo III.

Ang pinakapundamental nating tungkulin sa produksiyong agrikultural ay ang isaayos sa organisadong paraan ang paggamit ng lakas-paggawa at hikayatin ang kababaihan na lumahok sa produksiyon.

"Ang Ating Patakarang Pang-ekonomiya" (Enero 23, 1934), *Mga Piling Akda,* Tomo I.

Upang makapagtatag ng dakilang lipunang sosyalista, napakahalagang pukawin ang malawak na masa ng kababaihan na makibahagi sa mga gawaing pamproduksiyon. Dapat tumanggap ng pantay na suweldo sa pantay na trabaho ang kalalakihan at kababaihang kalahok sa produksiyon. Sa pamamagitan lamang ng sosyalistang transpormasyon ng buong lipunan tunay na

magkákápantáy-pantáy ang kalalakihan at kababaihan.

Pambungad sa "Pumalaot na ang Kababaihan sa Prente ng Paggawa" (1955), *Pagsukdol ng Sosyalismo sa Kanayunan ng Tsina*, Tomo 1.

Matapos maisakooperatiba ang agrikultura, natagpuan na lamang ng maraming kooperatiba na kapos sila sa lakas-bisig. Kinailangan tuloy na pukawin ang malawak na masa ng kababaihan na pumalaot sa prente ng paggawa, sila na dati-rati'y hindi nakakasama sa gawaing bukid. . . . Ang kababaihan nga ng Tsina ay napakalaking reserba ng lakas-paggawa, reserbang dapat gamitin sa pakikibaka para makapagtatag ng dakilang bansang sosyalista.

Pambungad sa "Nalutas ang Kakapusan ng Lakas-Bisig sa Pagkakapukaw sa Kababaihan na Lumahok sa Produksiyon" (1955), *Pagsukdol ng Sosyalismo sa Kanayunan ng Tsina*, Tomo 2.

Hayaan ang lahat ng babaing makapag-tatrabaho na kunin ang kanilang puwesto sa prente ng paggawa sa ilalim ng simulaing pantay na suweldo sa pantay na trabaho. Kailangang maisagawa ito sa lalong madaling panahon.

Pambungad sa "Ang Programa ng Samahan ng Demokratikong Kababaihan sa Munisipalidad ng Hsingtai Ukol sa mga Gagawin ng Kababaihan sa Takbo ng Kilusan ng Pagsasakooperatiba ng Agrikultura" (1955), *Pagsukdol ng Sosyalismo sa Kanayunan ng Tsina*, Tomo 1.

## 32. KULTURA AT SINING

Sa daigdig ngayon, angkin ng mga partikular na uri at napaiilalim sa mga partikular na linyang pampulitika ang lahat ng kultura, sampu ng lahat ng panitikan at sining. Sa katunayan, wala niyang tinatawag na sining alang-alang lamang sa sining, sining na nakapangibabaw sa mga uri, sining na hiwalay sa pulitika at may sariling landas na binabagtas. Bahagi ng buong rebolusyonaryong gawain ng proletaryado ang proletaryong panitikan at sining at wika nga ni Lenin ay "mga enggranahe at turnilyo" sa buong makina ng rebolusyon.

"Mga Talumpati sa Palitang-Kuro sa Yenan Hinggil sa Panitikan at Sining" (Mayo 1942), *Mga Piling Akda*, Tomo III.

Ang rebolusyonaryong kultura ay makapangyarihang sandatang rebolusyonaryo ng malawak na masa ng sambayanan. Bago maganap ang rebolusyon, ito ang tagapaghanda ng isipan; at sa panahon na niyon, ito ang isa sa mga kinakailangan at manapa'y mahalagang bahagi ng pangkalahatang larangan ng rebolusyon.

"Hinggil sa Bagong Demokrasya" (Enero 1940), *Mga Piling Akda,* Tomo II.

Sa masa ng sambayanan naglilingkod ang panitikan nati't sining, unang-una na'y sa mga manggagawa, magsasaka at sundalo; nililikha ito para sa kanila at upang magamit nila.

"Mga Talumpati sa Palitang-Kuro sa Yenan Hinggil sa Panitikan at Sining" (Mayo 1942), *Mga Piling Akda,* Tomo III.

Dapat tupdin ng mga alagad ng panitikan at sining natin ang tungkuling ito, dapat na

silang magbago ng paninindigan at sa pamamagitan ng pakikisalamuha sa mga manggagawa, magsasaka at sundalo, sa pagpapalaot sa praktika ng pakikibaka, at sa pagaaral ng Marxismo at ng lipunan ay unti-unting pumanig sa kanila, pumanig sa proletaryado. Sa ganito lamang natin tunay na mapaglilingkod ang panitikan at sining sa mga manggagawa, magsasaka at sundalo, sa ganito lamang tayo makalilikha ng panitikan at sining na tunay na proletaryo.

*Ibid.*

Nais nating tiyakin na maging akmang-akmang bahagi ng buong makina ng rebolusyon ang panitikan at sining, na maging makapangyarihang sandata iyon sa pagbubuklod ng sambayanan at sa pag-eeduka sa kanila habang ipinansasalakay at ipinandudurog sa kaaway, na maging katu-katulong iyon ng sambayanan sa nagkakaisang puso't damdaming pakikitalad nila sa kaaway.

*Ibid.*

Dalawa ang panukatan sa panunuri ng panitikan at sining, ang pampulitika at ang pansining. . . .

Mayroon ngang panukatang pampulitika at may panukatang pansining. Ano ang kaugnayan ng dalawa sa isa't isa? Hindi maitutumbas ang pulitika sa sining, at hindi rin naman maitutumbas ang pangkalahatang pananaw-sa-daigdig sa paraan ng makasining na paglikha at panunuri. Hindi natin matatanggap na mayroong abstrakto at hinding-hindi nagbabagong panukatang pampulitika ngunit hindi rin naman natin matatanggap na may ganoong panukatang pansining; ang bawat uri sa bawat lipunang may mga uri ay may kani-kanyang panukatang pampulitika at pansining. Subalit ang panukatang pampulitika ang walang salang pinangunguna ng lahat ng uri sa lahat ng lipunang may mga uri; pumapangalawa lamang ang panukatang pansining. . . . Ang hinihingi natin ay ang kaisahan ng pulitika at sining, ang kaisahan ng nilalaman at anyo, ang kaisahan ng rebolusyonaryong nilalamang pampulitika at ng pinakamagandang magagawa sa anyo ng sining. Walang

puwersa ang mga likhang sining na salat sa kasiningan, gaano man iyon kaprogresibo sa pulitika. Samakatwid, laban tayo sa mga likhang sining na mali ang pananaw sa pulitika at laban din naman tayo sa "estilong paskel at islogan" na bagamat tama ang pananaw sa pulitika ay kulang naman sa puwersang makasining. Hinggil sa mga suliranin ng panitikan at sining, dapat ay sa dalawang larangan tayo nakikibaka.

*Ibid.*

"Sandaang bulaklak ay pamukadkarin, sandaang kaisipa'y papagtagisin" — ito ang patakaran upang mapabilis ang pag-unlad ng sining at siyensiya at ang pagyabong ng sosyalistang kultura sa ating lupain. Malayang makasusulong ang iba't ibang anyo at estilo ng sining at malayang makapagtatagisan ang iba't ibang kaisipan sa siyensiya. Sa ganang ati'y makasasamâ sa pagsulong ng sining at siyensiya ang paggamit ng mga hakbanging administratibong magpapataw ng partikular na estilo ng sining at ng parti-

kular na kaisipan samantalang ipinagbabawal naman ang iba. Kailangang lutasin ang mga suliraning may kinalaman sa tama at mali sa larangan ng sining o siyensiya sa pamamagitan ng malayang talakayan ng mga pangkat pansining o ng mga sirkulong pansiyensiya at sa pamamagitan ng praktika sa mga larangang ito. Hindi ang simplistikong paraan ang dapat na ipanlutas rito.

*Hinggil sa Wastong Paghawak ng mga Kontradiksiyon sa Hanay ng Sambayanan* (Pebrero 27, 1957).

Ang hukbong walang kultura ay hukbong walang muwang at ang hukbong walang muwang ay hindi makapagtatagumpay sa kalaban.

"Ang Nagkakaisang Prente sa Gawaing Pangkultura" (Oktubre 30, 1944), *Mga Piling Akda*, Tomo III.

## 33. PAG-AARAL

Sa ikapagpapabago ng Tsinang atrasado at agrikultural upang maging Tsinang sulóng at industriyalisado, hinaharap natin ang napakahihirap na gawain; kulang na kulang pa nga tayo sa karanasan. Kaya nga ba dapat tayong maging mahusay sa pag-aaral.

"Pambungad na Talumpati sa Ikawalong Pambansang Kongreso ng Partido Komunista ng Tsina" (Setyembre 15, 1956).

Laging nagbabago ang kalagayan at upang maitugma ang pag-iisip sa bagong kalagayan ay dapat mag-aral. Kahit yaong madami-dami na ang nauunawaan sa Marxismo at may katatagan naman sa paninindigang proletaryo ay kailangan pa ring mag-aral nang mag-aral, dapat niyang matanggap

ang mga bagong bagay at dapat niyang suriin ang mga bagong suliranin.

*Talumpati sa Pambansang Komperensiya ng Partido Komunista ng Tsina Tungkol sa Gawaing Pampropaganda* (Marso 12, 1957).

Maaari nating matutunan ang hindi natin dating alam. Hindi lamang sa pagwasak ng lumang daigdig tayo mahusay kundi pati na rin sa pagtatayo ng bago.

"Ulat sa Ikalawang Sesyong Plenaryo ng Ikapitong Komite Sentral ng Partido Komunista ng Tsina" (Marso 5, 1949), *Mga Piling Akda,* Tomo IV.

Dalawa ang aktitud para matuto sa iba. Ang isa'y dogmatiko, ang gagarin ang lahat, angkop man o hindi sa kalagayan ng ating bansa. Hindi ito maganda. Ang isa naman ay ang gamitin ang isip at ang angkop lamang sa ating kalagayan ang pag-aralan,

ibig sabihi'y kunin ang karanasang kapakipakinabang sa atin. Ito ang dapat na maging aktitud natin.

*Hinggil sa Wastong Paghawak ng mga Kontradiksiyon sa Hanay ng Sambayanan* (Pebrero 27, 1957).

Ang teorya nina Marx, Engels, Lenin at Stalin ay magagamit sa lahat ng lugar at lahat ng bagay. Hindi natin ito dapat ituring na dogma bagkus ay patnubay sa pagkilos. Kapag pinag-aaralan ito'y hindi lamang ang matuto ng mga terminolohiyang Marxista-Leninista ang dapat na maging layon bagkus ay dapat itong matutunan bilang siyensiya ng rebolusyon. Hindi ito pinag-aaralan para lamang maunawaan ang mga pangkalahatang batas na nabuo nina Marx, Engels, Lenin at Stalin bilang resulta ng kanilang malawakang pag-aaral ng tunay na buhay at ng mga karanasan ng rebolusyon, kundi para matutunan ang kanilang paninindigan at paraang

ginagamit sa pagsusuri at paglutas ng mga suliranin.

"Ang Katayuan ng Partido Komunista ng Tsina sa Pambansang Digmaan" (Oktubre 1938), *Mga Piling Akda*, Tomo II.

Mayroon mang tumpak na teorya pero ipinagngangangawa lamang, o kaya'y itinatambak lamang sa isang sulok at hindi ginagamit, ang teoryang iyon, gaano man kahusay, ay wala ring kabuluhan.

"Hinggil sa Praktika" (Hulyo 1937), *Mga Piling Akda*, Tomo I.

Kailangang maging mahusay sa teoryang Marxista at dapat iyong gamitin; ang tanging layunin nga ng pagpapakahusay roon ay para gamitin iyon. Kung magagamit mo ang Marxista-Leninistang pananaw sa pagpapaliwanag ng isa o dalawang suliranin sa praktika, kapuri-puri ka na at maituturing nang may nakamit na tagumpay. Kung

mas maraming suliranin kang maipaliliwanag nang mas malawakan at mas malaliman, mas malaki ang iyong tagumpay.

"Iwasto ang Estilo-ng-Paggawa ng Partido" (Pebrero 1 1942), *Mga Piling Akda*, Tomo III.

Paano maiuugnay ang teoryang Marxista-Leninista sa pagsasagawa ng rebolusyong Tsino? Wika nga, "ang pana, dapat may tinutudla". Walang iniwan sa ugnayan ng pana at ng tinutudla ang ugnayan ng Marxismo-Leninismo at ng rebolusyong Tsino. Gayunman, ang "pana" ng ilang kasama, "walang tinutudla" at pasumala kung sila ma'y mamana; malamang na makapinsala sa rebolusyon ang ganitong mga tao.

*Ibid.*

Kailangang mag-aral ng teorya at magbasá nang dibdiban yaong may mga karanasan na sa paggawa. Sa gayon lamang nila maisasaayos, malalagom at maitataas sa

antas ng teorya ang kanilang karanasan; sa gayon lamang nila maiiwasang ipagkamaling unibersal nang katotohanan ang babahagyang karanasan; sa gayon lamang sila makaiilag sa mga empirisistang kamalian.

*Ibid.*

Ang pagbabasá ay pag-aaral, subalit ang pagsasapraktika ay pag-aaral din, at siya pa ngang mas mahalagang klase ng pag-aaral. Ang matuto ng pakikidigma sa pakikidigma — ito ang pangunahin nating paraan. Kahit hindi nakatuntong ng paaralan ay matututo rin ng pakikidigma — matututo ng pakikidigma sa pakikidigma. Ang rebolusyonaryong digmaan ay gawain ng masa; sa karaniwa'y hindi ito natututuhan muna bago isinasagawa bagkus ay isinasagawa muna bago natututuhan. Anupa't ang pagsasagawa ay pag-aaral na nga.

"Mga Suliranin ng Estratehiya sa Rebolusyonaryong Digmaan sa Tsina" (Disyembre 1936), *Mga Piling Akda*, Tomo I.

May nakapagitan sa mga karaniwang tao at sa mga sundalo, subalit hindi iyon ang Mahabang Muog at sa katunayaʼy madali iyong maaalis. Ang pagrerebolusyon at ang pakikidigma ang paraan para iyon maalis. Kapag sinasabing hindi madaling matuto at magsapraktika, ang ibig sabihin ay mahirap matuto nang lubusan at magsapraktika nang buong husay. Kapag sinasabing madali lang maging sundalo ang karaniwang tao, ang ibig nating sabihin ay hindi mahirap pasukin ang pintuan. Para mapagsama ang dalawang pangungusap, gamitin natin ang kasabihang Tsinong "Walang mahirap sa mundo sa taong determinado." Hindi na nga mahirap pasukin ang pintuan ay maaari pang tumaas ang kasanayan kung magpapakadeterminado lamang at kung magpapakahusay sa pag-aaral.

*Ibid.*

Dapat tayong matuto ng gawaing pang-ekonomiya kahit kanino bastaʼt maalam sa bagay na ito. Dapat natin silang igalang

bilang guro; dapat tayong mag-aral nang buong kapitaganan at buong katapatan. Basta't di alam ay di alam, huwag magdudunung-dunungan.

"Hinggil sa Diktadurang Makademokrasyang Bayan" (Hunyo 30, 1949), *Mga Piling Akda*, Tomo IV.

Ang karunungan ay siyensiya, hindi nito mapalalampas ang katiting mang pagkukunwari at katiting mang pagmamalaki. Ang kabaligtaran pa nga ang hinihingi nito — katapatan at kababaang-loob.

"Hinggil sa Praktika" (Hulyo 1937), *Mga Piling Akda*, Tomo I.

Kaaway ng pag-aaral ang pagiging kampante. At kung talagang nais matuto, ang dapat unahin ay ang pagwawaksi ng pagiging kampante. "Pag-aaral ay huwag na huwag panghihinawaan" at "pagtuturo'y huwag na huwag kababagutan" — ang una

ang dapat nating maging aktitud sa sarili, ang ikalawa ang dapat nating maging aktitud sa iba.

"Ang Katayuan ng Partido Komunista ng Tsina sa Pambansang Digmaan" (Oktubre 1938), *Mga Piling Akda,* Tomo II.

May ilang tao na nakapagbasá lamang ng ilang librong Marxista ay nag-aakalang napakarunong na, subalit ang kanila namang nabasa ay hindi tumitimo at hindi nakapag-uugat sa isip, hindi nila iyon magamit at ang kanilang damdamin sa uri ay gaya pa rin ng dati. May iba namang pagkayabang-yabang at natuto lamang ng ilang parirala sa aklat ay nag-aakalang pagkagaling-galing na at iwinawagwag na nga ang buntot hanggang langit subalit sa sandaling dumating ang bagyo, ang nagiging paninindigan nila'y kaibang-kaiba sa paninindigan ng mga manggagawa at ng nakararami sa mga magsasaka. Nag-aalinlangan sila samantalang itong huli ay kay-tatag; nagpapatumpik-

tumpik sila samantalang kung magturing ang huli'y tapatan at tuwiran.

*Talumpati sa Pambansang Komperensiya ng Partido Komunista ng Tsina Tungkol sa Gawaing Pampropaganda* (Marso 12, 1957).

Upang tunay na maunawaan ang Marxismo, hindi lamang dapat mag-aral sa mga aklat, kundi pangunahin na'y kailangan ding pumalaot sa tunggalian ng mga uri, sa praktika ng gawain at sa piling ng masa ng mga manggagawa't magsasaka. Kung liban pa sa pagbabasá ng mga librong Marxista ay maunawaan pa rin ng mga intelektuwal natin ang Marxismo sa pamamagitan ng pakikisalamuha sa masa ng mga manggagawa't magsasaka at sa pamamagitan ng praktika sa sarili nilang gawain, iisa na lamang ang magiging wika natin, hindi lamang ang panlahat na wika ng pagkamakabansa ni ang panlahat na wika ng sistemang sosyalista, kundi malamang na pati na ang panlahat na wika ng komunistang pananaw-

sa-daigdig. Kung mangyayari ito, walang salang magagawa nating lahat nang lalong mahusay ang ating trabaho.

*Ibid.*

毛主席语录

*

外文出版社出版（北京）
1977年（64开）第一版
编号：（菲律賓）1050—2007
00077
1—Pn—734Pc